OKTUBRE 2020

ULAT NG PUWERSA NG PAGKILOS PARA SA PAGBANGON NG EKONOMIYA

LUNGSOD AT COUNTY NG SAN FRANCISCO

ONESF
Building Our Future

Talaan ng mga Nilalaman

Liham mula kay Punong-bayan Breed at Presidente Yee **4**

Liham mula sa mga Kapwa-Tagapangulo **6**

Mga Pagkilala **8**

Panimula **15**

Konteksto sa Ekonomiya 16

Proseso ng Puwersa ng Pagkilos 23

Mga Inirerekomendang Patakaran **26**

1. Lokal na Tulong na Pangkabuhayan 27

2. Mga Koneksyon sa Trabaho 35

3. Pagtatag ng Ligtas na Muling Pagbubukas 40

4. Panatilihin ang mga Operasyon at Bawasan ang mga Pasaning Panregulatoryo 45

5. Ipagpursigi ang Katarungan sa Ekonomiya 50

6. Mamuhunan sa Pabahay 55

7. Tugunan ang mga Pangunahing Pangangailangan ng mga Bulnerable 59

8. Isipin at Magtayo ng mga mas Matatag na Kapitbahayan 64

Talahanayan ng Mga Inirerekomendang Patakaran 67

Mga Karagdagan sa Ideya sa Patakaran **70**

Pagtingin sa Hinaharap **71**

Glosaryo **72**

Mga Apendise (Matatagpuan ang mga apenside sa https://onesanfrancisco.org/covid-19-recovery)

Apendise A: Plano ng Muling Pagbubukas

Apendise B: Shared Spaces Program (Programa sa mga Parehong Ginagamit na Espasyo)

Apendise C: Proseso ng Pagbuo ng Patakaran

Apendise D: Pakikibahagi at Pakikinig sa Komunidad

Apendise E: Mga Detalyadong Inirerekomendang Patakaran

Apendise F: Mga Pagsusumikap sa Pagbangon ng Lungsod

Liham mula kay Punong-bayan Breed at Presidente Yee

Noong Marso 2020, sa malapit na pakikipagsangguni sa Direktor ng Department of Public Health at sa mga nakapaligid na county ng Bay Area, gumawa kami ng mahirap na pagpapasyang ipatupad ang utos na shelter-in-place (pananatili sa sinisilungan) para sa Lungsod at County ng San Francisco. Simula noong panahong iyon, kinailangan nating gumawa ng malaking pagbabago sa paraan ng ating pamumuhay. Ngunit, gaya ng lagi nating ginagawa – nagsama-sama ang mga San Franciscan sa mga paraang namamangha tayo sa katatagan at pagkakaroon ng pag-asa ng ating mga kapwa residente.

Bumuo kami ng Puwersa ng Pagkilos para sa Pagbangon ng Ekonomiya (Economic Recovery Task Force) dahil nais naming pagbuklurin ang grupo ng mga lider ng komunidad upang ipaalam ang mga pagsusumikap na tumugon ng Lungsod at tiyakin ang bukas na komunikasyon at pamamahagi ng impormasyon para at mula sa Lungsod. Nais naming mapakinabangan ang iba't ibang karanasan sa buhay at pagiging malikhain ng ating mga residente at lokal na lider upang ipaalam sa publiko ang patakaran at mga programang inilalabas namin upang tugunan ang krisis na ito. Nais naming marinig ang mga bago at matapang na rekomendasyon nang direkta mula sa komunidad. Ang mga taong tinawag upang maglingkod sa Puwersa ng Pagkilos para sa Pagbangon ng Ekonomiya ay kumakatawan sa iba't ibang kapitbahayan at industriya mula sa buong lungsod, sa ating mga katuwang na nonprofit, sa komunidad ng negosyo, sa mga katuwang na pilantropo, pati na rin sa mga kinatawan ng puwersa ng paggawa. Hiniling din namin sa Puwersa ng Pagkilos na makibahagi sa komunidad nang higit pa sa nasa Puwersa ng Pagkilos sa mga nasasakupang kanilang kinakatawan at higit pa. Sa pamamagitan ng pampublikong survey at iba pang pakikibahagi sa komunidad at mga pagsusumikap na makinig, nagawa naming mapakinggan ang libu-libong San Franciscan sa kabuuan ng prosesong ito.

Ang aming narinig ay isang istorya ng paghihirap. Marami sa ating mga residente, lalo na ang mga may-ari ng maliit na negosyo at mga magulang, ay nahihirapang makita ang hinaharap kung saan sila ay makakabangon – paano nila mapapanatili ang kanilang mga trabaho o mapagkakalooban ng suportang pang-edukasyon ang kanilang mga anak? Paano nila muling mabubuksan ang kanilang negosyo sa kabila ng mga pangamba sa kalusugan? Upang matugunan ang mga panahon ng kahirapang ito, nagbigay ng matatapang na malalaki at maliliit na rekomendasyon ang Puwersa ng Pagkilos. Lubos kaming nagpapasalamat sa maraming oras na iniambag ng Puwersa ng Pagkilos, mga miyembro ng publiko, at mga tauhan ng Lungsod sa pagsusumikap na ito. Lalo naming pinasasalamatan ang mga Kapwa-Tagapangulo ng Puwersa ng Pagkilos sa kanilang pamumuno sa paggabay sa prosesong ito at pagharap sa amin ng napakahusay na produkto ng gawaing ito. Tunay na, isinulong namin ang karamihan sa mga ideyang lumabas sa Puwersa ng Pagkilos gaya ng programang Shared Spaces upang mapahintulutan ang lubos na pagdami ng pagkain sa labasan, mga pagpapaliban sa buwis sa negosyo, lumaking kakayahan sa pagsusuri sa buong Lungsod, at mga pinalawak na programa para sa pagliban sa trabaho kapag may sakit. Sa mga pagkalugi sa kita ng Lungsod kamakailan at ang inaasahan dahil sa COVID-19, lalong mahalaga ang aksyong may istratehiya, may malaking epekto ngayon at sa pagbangon. Umaasa kami sa patuloy na pagpapatupad ng mga iminumungkahing patakaran sa mga susunod na linggo at buwan habang nagkakaroon ng mga bagong pangangailangan at habang pinahihintulutan ng mga mapagkukunan. Pinahahalagahan namin ang maraming mungkahing ipinagkaloob ng ating komunidad upang tulungan kaming muling buksan ang ekonomiya hangga't maaari habang pinananatili ang kaligtasan ng mga tao sa ating Lungsod.

Dagdag dito, kinikilala at pinahahalagahan namin na ang Puwersa ng Pagkilos ay nakatuon sa mga mas pangmatagalang mungkahi sa patakaran na nakatuon sa kawalan ng pagkakapantay-pantay na umiiral sa ating lungsod kahit bago ang simula ng COVID-19. Ang badyet ng Lungsod para sa darating na taon ay kinabibilangan ng malalaking pagtataas sa pagpopondo upang tugunan ang mga estruktural na kawalan ng pagkakapantay-pantay na nakakaapekto sa komunidad na Itim ng Lungsod na nagresulta

mula sa hene-henerasyong kawalan ng pamumuhunan. Idinidirekta ng pinagtibay na badyet kamakailan ang mga pondong $120 milyon sa loob ng dalawang taon, mula sa mga kagawaran ng pagpapatupad ng batas sa Lungsod na mapunta sa mga pagsusumikap upang ayusin ang idinulot ng mga patakarang nauwi sa hindi pagkakapantay-pantay ng lahi pagdating sa kalusugan, pabahay, at mga kinalabasan sa aspetong pangkabuhayan para sa mga residenteng Itim. Nakatuon ang atensyon ng Puwersa ng Pagkilos sa mga solusyon para sa ating pinakamahihinang miyembro ng komunidad pagdating sa mga trabaho, matatag na pabahay, at pangangalaga sa anak. Tiningnan din nila ang kung paano palalawakin ang mga oportunidad para sa ating mga negosyong pag-aari ng mga imigrante at mga mangangalakal na hindi nakakapagsasalita ng Ingles na magkaroon ng pantay na access sa mga mapagkukunan upang maiwasan ang pagkakatiwalag sa ating mga distritong may iba't ibang kultura.

Ipinagmamalaki naming pamunuan ang katangi-tanging lungsod na ito at ang mga mapag-imbento, may kakayahan, at mapagmalasakit na residente sa panahong ito ng kahirapang. Hindi maikakaila na wala pa ring katiyakan sa hinaharap, ngunit may tiwala kaming malalampasan natin ang anumang hamon na dumarating sa atin at samantalahin ang mga ideya at pagiging malikhain ng ating mga komunidad na may dibersidad.

Salamat sa lahat ng nakibahagi sa pagsusumikap na ito at umaasa kami sa patuloy na pagtutulungan sa mga buwan at taong darating habang hinahangad naming muling maitayo ang San Francisco na higit kailanman ay mas malakas, mas may pagkakapantay-pantay, mas matatag, at mas nagkakaisa.

Sumasainyo,

Punong-bayan London N. Breed

Presidente ng Board of Supervisors, Norman Yee

Liham mula sa mga Kapwa-Tagapangulo

Ikinararangal naming mapaglingkuran ang Lungsod at County ng San Francisco sa mga mapaghamon at wala pang katulad na panahong ito. Una, nagpapasalamat kami kay Punong-bayan London Reed at sa Presidente ng Lupon ng mga Superbisor na si Norman Yee sa kanilang pananaw na panghinaharap sa pagtitipon sa grupong ito at sa kanilang tiwalang mapapamunuan natin ang prosesong ito para sa Lungsod.

Ipinagmamalaki namin ang mahigit 100 San Franciscan na kasama naming naglingkod sa Puwersa ng Pagkilos para sa Pagbangon ng Ekonomiya. Inatasang isulong ang mga rekomendasyon upang magpatuloy ang San Francisco sa pagbangon mula sa krisis na pang-ekonomiya ng COVID-19, ang mahusay at dedikadong grupo ng mga indibidwal na ito ay kumakatawan sa iba't ibang koalisyon ng mga lider mula sa komunidad ng maliit na negosyo, malalaking employer, sektor ng nonprofit, akademya, mga unyon ng mga manggagawa, ang ating mga komunidad ng pananampalataya at pilantropo, at mga lider ng pamahalaan.

Sa nagdaang ilang buwan, malinaw na nahaharap tayo sa isang pagkabigla sa ekonomiya na hindi katulad ng anumang naranasan natin sa nakaraan. Hindi lamang natin dapat tingnan ang pagpapanumbalik ng magagandang trabaho, pagpreserba ng mga negosyo, at pagbibigay ng insentibo sa lokal na pamumuhunan, ngunit dapat din tayong kasamang mamahala sa aktibong pandaigdigang pandemya na nag-aatas sa ating maging maliksi at handang mabagayan ang mga nagbabagong pangangailangan. Malinaw ring binigyang-diin ng pandemya ang kawalan ng pagkakapantay-pantay sa loob ng ating ekonomiya, malaking epekto sa mga kababaihan, imigrante, at mga taong hindi puti ang lahi at mga komunidad na mababa ang kita. Sa kontekstong ito, sinubukan nating umasa sa agham at datos upang gabayan ang ating daan tungo sa ligtas na muling pagbubukas at sinubukan nating magtakda ng plano para sa kasaganaan ng ekonomiyang ingklusibo at may ekidad.

Ang mga aksyon at iminumungkahing patakaran na nakapaloob sa ulat na ito ay kumakatawan sa kolektibong ideya ng mga miyembro ng Puwersa ng Paggawa. Sumasalamin din ito sa mga aspirasyon ng mahigit 1,000 San Franciscan na nagsumite ng mga survey at email sa Puwersa ng Pagkilos at sa mahigit 900 karagdagang residente at katuwang sa komunidad na kami ay nakipag-ugnayan sa pamamagitan

ng mga pagtitipon, focus group, pinagtutuunan ng mga survey at mga pagpupulong. Ang resulta ay 41 espesipikong inirerekomendang patakaran na malawak na inayos sa paglikha ng pleksibilidad sa mga negosyo, pagprotekta sa kalusugan at kaligtasan ng ating mga manggagawa at residente, pagbibigay ng insentibo sa mga pamumuhunan sa ating ekonomiya nang pangmatagalan, pagtugon sa mga pangangailangan ng ating mga pinakabulnerable, at pagkilala sa mga katangi-tanging singing, kultura at mga yaman ng kapitbahayan kung saan namumukod-tangi ang San Francisco. Hinahangad ng mga rekomendasyong ito na bumagay at magsilbi bilang pundasyon para sa mga pagsusumikap na bumangon na paparating sa loob ng Lungsod at sa ating pampubliko, pribado at pilantropong non-profit na katuwang.

Bilang panghuli, inihahandog namin ang aming taos-puso at malalim na pagpapahalaga para sa mga dedikadong tauhan ng Lungsod na tiniyak ang tagumpay ng prosesong ito. Marami ang nagtrabaho sa mga araw ng Sabado at Linggo at gabi, bukod sa kanilang mga regular na tungkulin dahil naniniwala sila sa kahalagahan ng gawaing ito.

Alam natin na ang daang tatahakin ay puno ng hamon at kawalan ng katiyakan. Nananatili tayong puno ng pag-asa at inspirasyon sa ano mang dala ng hinaharap kapag nagkakaisa ang San Francisco.

Sumasainyo,

Mga Kapwa-Tagapangulo ng Komite para sa Puwersa ng Pagkilos sa Pagbangon ng Ekonomiya ng San Francisco

Carmen Chu

Carmen Chu, Assessor-Recorder, Lungsod at County ng San Francisco

José Cisneros, Treasurer, Lungsod at County ng San Francisco

Rodney Fong, Presidente at CEO, Kamara ng Komersiyo ng San Francisco

Rudy Gonzalez, Ehekutibong Direktor, San Francisco Labor Council, AFL-CIO

Mga Pagkilala

Mga Tagapulong

London N. Breed, Punong-bayan

Norman Yee, Presidente, Board of Supervisors

Mga Kapwa-Tagapangulo

Carmen Chu, Assessor-Recorder, Lungsod at County ng San Francisco

José Cisneros, Treasurer, Lungsod at County ng San Francisco

Rodney Fong, Presidente at CEO, San Francisco Chamber of Commerce

Rudy Gonzalez, Ehekutibong Direktor, San Francisco Labor Council, AFL-CIO

Board of Supervisors

Aaron Peskin, Peskin, Superbisor, Lungsod at County ng San Francisco

Dean Preston, Superbisor, Lungsod at County ng San Francisco

Rafael Mandelman, Superbisor, Lungsod at County ng San Francisco

Panlabas

Sherilyn Adams, Ehekutibong Direktor, Larkin Street Youth Services

Matthew Ajiake, Presidente, SF African American Chamber of Commerce

Brett Andrews, Ehekutibong Direktor, PRC

Tiffany Apczynski, Direktor mga Ugnayang Pampahalaan, Zendesk

Jack Bair, Ehekutibong Bise Presidente, SF Giants

Danielle Banks, Kapwa-Tagapagtatag, Project Level

Amber Baur, United Food and Commercial Workers

Reese Benton, May-ari, Posh Green Delivery

Jennifer Bielstein, Direktor, ACT

Cammy Blackstone, Direktor ng mga Ugnayang Pampamahalaan, AT&T

Fred Blackwell, Ehekutibong Direktor, SF Foundation

Ben Bleiman, Entertainment Commission, May-ari ng Bar

Jarie Bolander, JSY Giving and JSY PR & Marketing

Ruby Bolaria, Chan Zuckerberg Initiative

Jane Bosio, Representante, OPEIU 29

DJ Brookter, Ehekutibong Direktor, Young Community Developers, Police Commission

Bivette Brackett, Komisyoner ng OCII

Joseph Bryant, Presidente, SEIU 1012

Kathryn Cahill, CEO, Cahill General Contractor
Kevin Carroll, Ehekutibong Direktor, Hotel Council
Anne Cervantes, Arkitekto
Kitman Chan, VP, Chinese Chamber of Commerce
Albert Chow, Taraval Merchants Association
Juliana Choy, Asian American Contractors Association
Sandra Chu, May-ari, The Woods
Michon Coleman, Panrehiyong Bise Presidente, Hospital Council
Mariann Costello, Scoma's
Deborah Cullinan, Direktor, Yerba Buena Center for the Arts
Naomi Cytron, Panrehiyong Tagapamahala, Federal Reserve Bank of San Francisco
Joe D'Allesandro, Ehekutibong Direktor, SF Travel
John Doherty, IBEW Local 6
John Duggan, Jr., Original Joe's
Marisela Esparza, Direktor, SF Immigrant Legal/Education Network
Tyra Fennell, Film Commissioner, Direktor, Imprint City
Peter Finn, Kalihim-Ingat-yaman at Pangunahing Opisyal, IBT 856
Father Paul Fitzgerald, Presidente, University of San Francisco
Dianna Gonzales, Pansamantalang Chancellor, City College of San Francisco
Jim Green, Nakatataas na Bise Presidente, Salesforce
Mike Grisso, Nakatataas na Bise Presidente ng Kilroy
Roma Guy, Dating Health Commissioner
Lee Hsu, May-ari, West Portal Merchant
Cynthia Huie, Clement Merchants Association
Marc Intermaggio, Ehekutibong Bise Presidente, BOMA San Francisco
Yuka loroi, May-ari, Cassava
Michael Janis, Pangkalahatang Tagapamahala, SF Wholesale Produce Market
Alicia John-Baptiste, CEO, SPUR
Joel Kaminsky, May-ari, Good Vibrations
Armand Kilijian, Presidente, O'Brien Mechanical
Ashley E. Klein, Kasama, Kaufman, Dolowich & Voluck LLP
John Konstin, May-ari, John's Grill
Sharky Laguana, Small Business Commission
Robert Link, Bise Presidente, San Francisco Apartment Association
Regan Long, Kapwa-Tagapagtatag, Local Brewing Co.
Betty Louie, Chinatown Merchants Association
Lynn Mahoney, Presidente, San Francisco State University
Shorty Maniace, May-ari, JP Kempt

Michael Matthews, Direktor ng Pampublikong Patakaran, Facebook
Larry Mazzola, Jr., Plumbers, Building and Construction Trades
Angus McCarthy, Residential Builders Association
Kevin McCracken, Kapwa-Tagapagtatag, SocialImprint
Ingrid Merriwether, Presidente/CEO, Merriweather & Williams Insurance
Olga Miranda, Janitors Local 87
Maryo Mogannam, Presidente, SF Council of District Merchants
Tomiquia Moss, Ehekutibong Direktor, All Home California
Monique Moyer, Nakatataas na Namamahalang Direktor, CBRE
Kathy Nelson, May-ari, Kabuki Springs and Spa
Michael Pappas, Ehekutibong Direktor, Interfaith Council Ellouise Patton, Bayview CAC
Paul Pendergast, CEO, Pendergast Consulting Group
William Ortiz-Cartagena, Small Business Commission
Rebecca Prozan, Direktor ng mga Kalakarang Pampamahalaan, Google
Michelle Pusateri, May-ari, Nanna-Joe's
Maribel Ramirez, Excelsior Action Group
Geeta Rao, Deputadong Direktor, Enterprise Community Fund
Susana Rojas, Ehekutibong Direktor, Calle 24 LCD
William Rogers, Ehekutibong Direktor, Goodwill
Taylor Safford, CEO, Pier 39
Cheree Scarbrough, May-ari, Phenix Hair Designs
Allen Scott, Bise Presidente, Another Planet Entertainment
Randall Scott, Presidente, Fisherman's Wharf CBD
Earl Shaddix, Direktor, Economic Development on Third
Zaki Shaheen, Key Food Market, Arab American Democratic Club
Sylvia Sherman, Community Music Center
Doug Shoemaker, Presidente, Mercy Housing
Lateefah Simon, Presidente, Akonadi Foundation
Anand Singh, Local 2 Unite HERE!
Kate Sofis, Ehekutibong Direktor, SFMADE
Carlos Solorzano-Cuadra, Hispanic Chamber of Commerce
Laurie Thomas, Ehekutibong Direktor, Golden Gate Restaurant Association
Kenny Tse, Presidente, Chinese Chamber of Commerce
Francesca Vega, Biseng Chancellor para sa mga Ugnayang Pangkomunidad at Pampamahalaan, UCSF
Debra Walker, Komisyoner ng Sining
Monica Walters, Direktor, Wu Yee
Sarah Wan, Ehekutibong Direktor, Community Youth Center

Rick Welts, Presidente/CEO, Warriors
Keith White, Ehekutibong VP, Gap Inc.
Jane Willson, May-ari, JANE Consignment
Bill Witte, Tagapagtatag, Related Development
Chris Wright, Committee on Jobs
Carolyn Wysinger, Wysinger, Presidente, PRIDE Board
Malcolm Yeung, Chinatown Community Development Center

Lungsod at County ng San Francisco

Dr. Grant Colfax, Direktor, Department of Public Health
Sheryl Davis, Direktor, San Francisco Human Rights Commission
Pegah Faed, Direktor, Our Children, Our Families Council
Rich Hillis, Direktor, Planning Department
Naomi Kelly, City Administrator
Patrick Mulligan, Direktor, Office of Labor Standards Enforcement
John Noguchi, Direktor, Convention Facilities Department
Deborah Raphael, Direktor, Department of Environment
Trent Rohrer, Direktor, Human Service Agency
Ben Rosenfield, Controller
Ivar Satero, Direktor, San Francisco International Airport
Joaquin Torres, Direktor, Office of Economic and Workforce Development
Judson True, Direktor, Housing Delivery
Maggie Weiland, Direktor, Entertainment Commission

Sumusuportang Tauhan

Melissa Whitehouse, Lead, Office of the City Administrator
Heather Green, Lead, Office of the City Administrator (Resilience and Capital Planning)
Tara Anderson, District Attorney's Office
Joshua Arce, Office of Economic and Workforce Development
Laurel Arvanitidis, Office of Economic and Workforce Development
Alex Banh, Mayor's Office of Housing and Community Development
Rebecca Benassini, Port of San Francisco
Dori Caminong, Department of Children, Youth and Their Families
Emily Cohen, Department of Homelessness and Supportive Housing
Theodore Conrad, Office of Economic and Workforce Development
Katherine Daniel, Office of Economic and Workforce Development
Ted Egan, Controller's Office

David Exume, Assessor-Recorder's Office
Kate Faust, Office of the City Administrator (Resilience and Capital Planning)
Michelle Gallarza, Department of Children, Youth, and Their Families
Christine Gasparac, Department of Building Inspection
Mai-Ling Garcia, Office of the City Administrator (Digital Services)
Aumijo Gomes, Department of Children, Youth, and Families
Isobel Hayne, San Francisco Public Utilities Commission
Melissa Higbee, Office of the City Administrator (Resilience and Capital Planning)
Chad Houston, Office of Economic and Workforce Development
Sami Iwata, San Francisco Human Rights Commission (Office of Racial Equity)
Matthias Jaime, Office of the City Administrator (Commission on Information Technology)
Jillian Johnson, Office of the City Administrator
Deborah Kaplan, Mayor's Office of Disability
Greg Kato, Treasurer and Tax Collector
Michelle Lau, Treasurer and Tax Collector
Fanny Lapitan, Human Services Agency
Joanne Lee, San Francisco Arts Commission
Douglas Legg, Assessor-Recorder's Office
Holly Lung, Assessor-Recorder's Office
Annie Ma, Assessor-Recorder's Office
Nate Mahoney, Office of the City Administrator (Digital Services)
Maria McKee, Juvenile Probation Department
Danielle Mieler, Office of the City Administrator (Resilience and Capital Planning)
Geoffrea Morris, Adult Probation Department
Alex Morrison, Office of the City Administrator (Resilience and Capital Planning)
Josef Mueller, San Francisco International Airport
John Murray, Department of Building Inspection
Sheila Nickolopoulos, Planning Department
Mike Ortiz, Office of the City Administrator (Repromail)
Maya Oubre, Treasurer and Tax Collector
Josian Pak, Human Rights Commission
James Pappas, Planning Department
Sneha Patil, Department of Public Health
Benjamin Peterson, San Francisco Public Works
Molly Peterson, Assessor-Recorder's Office
Claire Phillips, Assessor-Recorder's Office
Vivian Po, Assessor-Recorder's Office
Hugo Ramirez, Mayor's Office of Housing and Community Development

Markanday Ravi, Department of Homelessness and Supportive Housing
Dylan Rice, Office of the City Administrator (Entertainment Commission)
Beth Rubenstein, San Francisco Public Works
Julia Salinas, Office of the Controller
Dylan Schneider, Department of Homelessness and Supporting Housing
Tajel Shah, Treasurer and Tax Collector
Dylan Smith, Office of Economic and Workforce Development
Tiffany Soares, Recreation and Parks Department
Brian Strong, Office of the City Administrator (Resilience and Capital Planning)
Pierre Stroud, Mayor's Office of Housing and Community Development
Anne Stuhldreher, Treasurer and Tax Collector
Candace Thomsen, Human Services Agency
Andre Torrey, Planning Department
Marisa Pereira Tully, Controller's Office
Ben Van Houten, Office of Economic and Workforce Development
Jadie Wasilco, Municipal Transportation Agency
Elizabeth Watty, Planning Department
Richard Whipple, Office of the City Administrator (Civic Engagement and Immigrant Affairs)
Aaron Yen, Planning Department

We're
in this
together

Panimula

Sina Punong-bayan London N. Breed at ang Presidente ng Lupon ng mga Superbisor na si Norman Yee ay lumikha ng Puwersa ng Pagkilos para sa Pagbangon ng Ekonomiya sa Panahon ng COVID-19 (Puwersa ng Pagkilos) upang tumugon sa mga agarang pangangailangan ng mga manggagawa, negosyo, organisasyon, at bulnerableng populasyon ng San Francisco na nagmumula sa pandemyang COVID-19. Ang Puwersa ng Pagkilos ay binuo ng mga miyembro ng publiko na nakikibahagi sa tungkuling gabayan ang mga pagsusumikap ng Lungsod na makabangon sa COVID-19 upang suportahan at muling buhayin ang mga lokal na negosyo at trabaho, pahupain ang mga paghihirap sa kabuhayan na nakakaapekto sa pinakabulnerableng San Franciscan, at tumulong sa pagbuo ng matatag at may pagkakapantay-pantay na kinabukasan.

Kasamang tagapangulo ng Puwersa ng Pagkilos ang Tagatasa ng San Francisco na si Carmen Chu, Ingat-yaman na si José Cisneros; Rodney Fong, Presidente at CEO ng Kamara ng Komersiyo ng San Francisco; at Rudy Gonzalez, Ehekutibong Direktor ng Labor Council, AFL-CIO. Ang mga miyembro ng Puwersa ng Pagkilos ay kumatawan sa iba't ibang pananaw at sektor, kabilang ang akademya at pananaliksik, sining, libangan at aktibidad sa gabi, pinansya, pamahalaan, pangangalagang pangkalusugan, ospitalidad, pabahay, mga unyon ng manggagawa, pagmamanupaktura, nonprofit, mga personal na serbisyo, pagkakakawang-gawa, real estate, retail, maliliit at malalaking negosyo, at teknolohiya. Pinamahalaan ng mga tauhan mula sa City Administrator's Office ang pagsusumikap na suportado ng mga tauhan mula sa Controller's Office, Human Right's Commission, ng Planning Department, ng Office of Economic and Workforce Development, ng Assessor-Recorder's Office, at marami pang iba.

Ibinubuod ng ulat na ito ang gawain ng Puwersa ng Pagkilos at ang 41 detalyadong inirerekomendang patakaran nito. Ang mga rekomendasyong ito at ang mga pananaw ng mga miyembro ng Puwersa ng Pagkilos ay nagkakaloob ng kritikal na perspektibo ng publiko pagdating sa kung ano ang mahalaga sa mga negosyo, paggawa, at mga katuwang na nonprofit upang mapatatag ang lokal na ekonomiya, magplano para sa pagbangon ng ekonomiya, at isulong ang may pagkakapantay-pantay na pagbangon ng ekonomiya. Binibigyang-diin din nito ang gawain ng Lungsod na lubos na naiimpluwensyahan ng Puwersa ng Pagkilos sa panahon ng pakikibahagi: ang Shared Spaces Program at Safe Reopening Roadmap (Daan Tungo sa Muling Pagbubukas).

> **"Kung kami ay makakapagbukas, iyon ang magiging unang hakbang. Kung makakabawi kami sa mga gastusin, iyon ang magiging susunod na hakbang. Kung makakagawa kami ng mabuti gaya ng dati, iyon ay magiging magaling. Kung makakagawa kami ng mga pagbabago sa mga modelo ng negosyo nang sa gayon ay hindi ito manganganib sa tatlong buwang pagsasara, na magiging pinakamagandang bagay na magmumula rito."** ***Tumugon sa pampublikong survey***

> **"Marami sa amin ang naninirahan sa likod ng mga saradong pinto upang maging ligtas, nang sa gayon ay hindi kami makikita at hindi maiisip."** ***Kahalok sa focus group ng komunidad na may kapansanan***

Araw-araw, higit pang natututunan ng mga lider ang tungkol sa pagkalat ng COVID-19 at ang mabibisang istratehiya upang mapahupa ang pagkalat at epekto nito. Habang nagbabago ang kaalamang iyon, kakailanganin din ng mga lider ng Lungsod na umakma sa mga istratehiyang pang-ekonomiya na tumutulong sa pagsuporta at pagpapanatili ng trabaho at mga negosyo.

Kinikilala ng Puwersa ng Pagkilos na ang gawain nito ang isang bahagi ng pagsusumikap ng Lungsod na tiyakin ang pangmatagalang tagumpay sa ekonomiya ng San Francisco. Upang matugunan ang mga agarang pangangailangan ng San Francisco, paparating at nagpapatuloy na rin ang mga kahanay na pagsusumikap upang tugunan ang muling pagbubukas, kawalan ng tirahan, transportasyon at mobilidad, edukasyon at pangangalaga sa bata, pagpapanatili, at pangmatagalang pagpapaunlad ng ekonomiya at puwersa ng paggawa. Sama-sama, ipapaalam ng pagsusumikap na ito ang bisyon, pagpaplano, at pagpapatupad ng kailangan para sa pagbangon at paglago na higit pa sa krisis na ito upang bumuo ng panghinaharap na San Francisco na matatag, may ekidad, at umuunlad.

Konteksto sa Ekonomiya

Epekto sa Ekonomiya

Sa simula ng 2020, mabilis na binago ng pandemyang COVID-19 ang pananaw ng San Francisco at mundo. Gumawa ng maaga at tiyak na pagkilos ang San Francisco na naglabas ng utos para sa mga residente na mag-shelter-in-place noong Marso 16, 2020. Ang pagkilos na ito ay malamang na nakapagligtas ng libu-libong buhay na pinrotektahan ang lokal na sistema ng pangangalagang pangkalusugan, at nagpahintuloy sa Lungsod na bumuo ng pang-emerhensyang pagresponde, pagsusuri, at imprastruktura sa pagbabakas ng mga nahawaan sa antas ng populasyon.

Sa parehong pagkakataon, ang mga patuloy na limitasyon sa pagpapatakbo ng mga negosyo, at ang patuloy na resesyong nilikha nito, at patuloy na nagkakaroon ng malaking epekto sa ating lokal na ekonomiya. Ang datos sa lokal na trabaho mula Abril 2020 ay nag-ulat ng pagkawala ng tinatayang 175,000 trabaho sa dibisyon sa kalunsuran ng San Francisco kung ikukumpara noong Marso 2020. Bagaman bumalik ang 62,000 trabaho bago nag-Agosto bilang resulta ng yugtu-yugtong pagbubukas ng negosyo, halos dalawang-katlo ng mga trabahong nawala simula Abril ay hindi pa rin bumabalik.

> **"Naging mas mahirap dahil sa COVID-19 ang makipag-ugnay sa komunidad. Marami ang hindi nakakakuha ng impormasyon."** ***Kahalok sa focus group ng CBO***

Iniulat sa isang survey mula sa SF Chamber of Commerce na 46% lamang ng mga tindahang negosyo sa San Francisco na bukas sa simula ng pandemya ang nagpapatakbo pa rin noong Agosto. Habang ang ilan sa mga negosyong ito ang maaari lamang pansamantalang magsara, natagpuan sa datos ng Yelp mula sa kalunsuran ng San Francisco-Oakland-Hayward na 2,065 sa 5,046, (41%) na negosyong nagsara sa pagitan ng Marso at Hulyo ay nagpahiwatig na ang mga ito ay permanente nang sarado. Ito ang mga negosyong hindi inaasahang muling magbukas at ang mga trabaho ay permanente nang nawala. Ang mga negosyong umaasa sa mga bumibiyahe at turista ang mga partikular na lubos na naapektuhan. Ang mga lokal unemployment claim (benepisyo sa nawalan ng trabaho) ay umabot na ngayon sa 193,000 simula sa umpisa ng pandemya.

Ipinapakita rin sa datos sa trabaho at kalusugan na ang COVID-19 ay may malaking epekto sa mga komunidad na mababa ang kita at mga komunidad na hindi puti ang lahi. Ang mga pagkawala ng trabaho ay partikular na nakatuon sa mga industriyang mababa ang sahod, kabilang ang pagsisilbi ng pagkain at ospitalidad. Para sa maraming nagtatrabaho sa mga sektor na ito, mayroong ilang oportunidad para magtrabaho nang remote, at ang mga manggagawa ay nahaharap sa mahirap na desisyon na ipakipagsapalaran ang pagkahantad o manatiling nagtatrabaho. Ang ibang mga sektor gaya ng sining, libangan, at rekreasyon ay nakaranas din ng malaking pagkalugi sa trabaho, lalo na kung ikukumpara sa mga industriyang may mas mataas na sahod gaya ng sektor ng pinansya at negosyo at mga propesyonal na serbisyo (tingnan ang talahanayan sa ibaba).

> **"Ang isang bagay na nawala sa mga tao ay ang pag-access sa internet. Inuuna nila ang pagkain sa hapag… hindi ang internet at mga cell phone."**
> ***Kahalok sa focus group***



Pinagkuhanan: Kawanihan ng Estadistika ng Paggawa, Setyembre 2020

Ang ekonomiya ng San Francisco ay nakasentro sa maunlad na downtown na pinagtitipon ang mahuhusay para sa mga employer, pati na rin ang mga atraksyong panturista sa buong lungsod na naghahatid ng mga bumibisita mula sa buong mundo. Ngunit sa krisis sa kalusugan na nag-aatas sa mga indibidwal na mag-shelter-in-place at makibahagi sa remote na trabaho kung saan posible, ang mga aspetong ito ng ekonomiya ng Lungsod ay lubos na humina. Ang Downtown San Francisco ay nakikitaan ng pagbawas sa bumibiyahe, na sumasalamin sa malaking kabawasan sa mga pasahero sa transit simula noong Marso. Sa huling bahagi ng Setyembre, ang mga sumasakay sa BART ay bumaba ng mahigit 88% kung ikukumpara sa parehong panahon noong nakaraang taon. Sa kabilang dako naman, ang karaniwang bilis sa malalaking lansangan sa abalang oras ng gabi ay mas mataas lamang ng 3% kaysa noong simula ng Marso. Ang mga manggagawang iyon na babalik sa trabaho ay malamang na malamang na magmaneho, ngunit ang downtown San Francisco ay hindi itinayo para sa lahat ng bumibiyahe sa pamamagitan ng sasakyan. Ang ganap na pagbangon ng ekonomiya ay mangangailangan ng pagbalik ng tiwala sa pampublikong transit.



Mayroong karagdagang palatandaang babala para sa downtown na hindi nauugnay sa tiwala sa pagsakay sa transit. Iniulat ng mga pangkomersyong broker ang malaking pagtaas sa subleasing at pagkabakante ng opisina. Ang antas ng pagkabakante sa opisina sa lungsod ay umabot ng 14.1% sa pangatlong quarter ng 2020, ayon sa Cushman at Wakefield, na tumaas mula sa 5.4% noong nakaraang taon. Habang ang mga empleyadong pang-opisina ay kinakailangang magtrabaho sa tahanan sa panahon ng pandemya, ang antas ng pagkabakanteng ito ay kumakatawan sa hindi pag-renew ng mga negosyo ng kanilang mga lease sa opisina, na nagpapahiwatig na nilalayon nilang bawasan ang kanilang antas ng paggawa sa San Francisco nang pangmatagalan.

Malaki ang kaibahan sa pagbangon ng ekonomiya ng lungsod kung pananatilihin ng mga remote na empleyado ang kanilang mga tirahan, o lilipat sa ibang lugar. Pinahintulutan ng ilang malalaking lokal na kumpanya, o sa ilang kaso, binigyan ng insentibo ang mga manggagawang lumipat sa isang lokasyong mas mababa ang gastos, na kung saan manganganib ang pagiging kompetitibo ng ekonomiya ng lungsod nang pangmatagalan. Sa kasalukuyan, ang pinakamalinaw na ebidensya ng panganib na ito ay matatagpuan sa merkado ng pabahay, na isang tunay na tagapagpahiwatid ng interes ng mga taong lumipat sa at palabas ng San Francisco. Ang ilang kumpanyang sumusubaybay sa mga paupahang tirahan sa buong bansa ay inuulat na ang pagbaba sa mga tirahang nagpapaupa sa San Francisco, kasama ang Lungsod ng New York, ay ang pinakamalaki sa bansa. Halimbawa, iniulat ng ApartmentList ang 18% pagbaba sa pagpapaupa sa San Francisco sa pagitan ng Marso at Setyembre na pinakamalaking pagbaba sa anumang lungsod na sinusubaybayan nito. Ang pagbabang ito sa pagpapaupa para sa mga bakanteng apartment, na mabilis na nangyayari sa kabila ng pagbabalik ng mga trabaho, ay palatandaan na mas maraming nangungupahan ang nagnanais na umalis ng San Francisco kaysa lumipat dito.

Para sa industriya ng ospitalidad, ang isa pang pangunahing tagapagsulong ng ekonomiya ng San Francisco, nakapagdudulot din ng pangamba ang balitang ito. Ayon sa San Francisco Travel, halos kalahati ng mga silid sa hotel sa lungsod ang pansamantala na ngayong sarado, at ang pag-okupa noong Setyembre ay bumaba ng 86% mula Setyembre 2019. Hanggang Agosto, ang mga paglapag ng eroplano sa San Francisco International Airport ay bumaba pa rin ng 85% kumpara sa nakaraang taon.

Buwanang Paglapag ng Eroplano sa Bansa at Internasyonal na Eroplano sa Internasyonal na Paliparan ng San Francisco: Pagbabago sa Porsyente mula noong Nakaraang Taon



Dagdag na palatandaan ng malawakang pagbaba ng ekonomiya ng San Francisco, at mas malala sa ibang mga lungsod sa California, ay ang mga resibo sa buwis sa pagbebenta. Ang buwis sa pagbebenta ng Pangkalahatang Pondo na kumakatawan sa 1% ng halaga ng lahat ng mabubuwisang pagbebenta, ay bumaba ng 43% noong Abril-Hunyo 2020, kung ihahambing sa parehong panahon noong 2019. Habang ang mga pangunahing paghina ay nakita sa buong estado ng California, ang pagbaba sa San Francisco ay mas malaki kung ihahambing sa ibang mga lungsod, gaya ng Los Angeles at San Diego, na umaasa rin sa turismo. Ang mga pagbebenta sa mga restawran at bar ay bumaba ng 65%, pati na rin ang mga pagbebenta sa mga Karaniwang Pamilihan. Maging ang mga nabubuwisang pagbebenta sa mga tindahan ng Pagkain at Gamot ay bumaba ng 8% taun-taon, na nagpapahiwatig na ang populasyon ng lungsod, at hindi lamang ang bilang ng mga bumibisita, ang maaaring bumababa. Halos bawat lungsod sa California ay nakasaksi sa malalaking pagbawi sa buwis ng mga pagbebenta online sa pangalawang quarter ng 2020, dahil ang mga tao ay lumipat mula sa personal patungong online na pagbebenta. Ngunit, ang mga online na pagbebenta sa San Francisco ay halos patag, na may 1% lamang na paglago sa pagitan ng pangalawang quarter ng 2019 at 2020.

Ang mga komunidad na may mababang kita, matatanda, komunidad na may kapansanan, at mga komunidad na walang tirahan at bulnerable ang tirahan ay patuloy na nakakaranas ng malaking kahirapan. Ang mga puwang sa pag-access sa teknolohiya ay banta sa lumalawak na pagkakahati lalo na sa pagdami ng serbisyo, kabilang ang mahahalagang pampublikong serbisyo, na pansamantalang lumilipat sa mga remote o online na serbisyo. Ang krisis sa ekonomiya at krisis sa kalusugan ay nangyayari kasabay ng sa ibang nakakaimpluwensyang pangkultura at natural na kaganapan: lumalaking pangangailangan para sa katarungang panlahi at mapangwasak na malalaking sunog sa kagubatan sa lahat ng direksyon. Kasama ng mga kalakarang ito, ang San Francisco ay nahaharap sa agarang panawagan na maghatid ng may pagkakapantay-pantay at matatag na pagbangon ng ekonomiya para sa lahat.

Agarang Tulong

Bukod sa pangangasiwa sa mga hamon ng pampublikong kalusugan at kaligtasan na dulot ng COVID-19, kinilala ng Lungsod ang agarang pangangailangan sa pagtugon sa mga malalang suliraning pang-ekonomiya na hatid ng pandemya sa pamamagitan ng agarang aksyon. Simula Marso, inilabas ng Lungsod ang mga nakatuong pamumuhunan upang buhayin ang lokal na ekonomiya at suportahan ang mga kasalukuyang negosyo, manggagawa, at ang aming pinakamahihina, at ang kasalukuyang badyet ay naglilikom ng karagdagang mapagkukunan. Bukod sa pampublikong pagpopondo, ang Give2SF para sa COVID-19 na mga priyoridad ay itinatag upang idirekta ang mga mapagkukunan sa mga nahihirapan bilang resulta ng pandemya, na may pokus sa seguridad sa pagkain, access sa pabahay, at suporta para sa mga manggagawa at maliliit na negosyo. Marami sa mga inisyatibang ito ang nakahanay sa mga priyoridad ng Puwersa ng Pagkilos, gaya ng ipinapakita sa mga tampok sa mga pagsusumikap kamakailan, sa kasalukuyan, at nakabadyet sa ibaba.

- **Pagprotekta sa mga manggagawa at negosyo**
  - $10 milyon para sa Workers and Families First Paid Sick Leave Program (programa ng may bayad ng pagliban kapag may sakit para sa mga manggagawa at pamilya)
  - $2 milyon para sa Right to Recover Program (programa sa pagbangon)
  - Inihatid ang isang milyong surgical mask, 600,000 face shield, at 150,000 botelya ng hand sanitizer para sa pamamahagi sa mga negosyo at manggagawa sa mahihinang komunidad.
  - Pagpapaliban ng buwis, pagpaparehistro, at singil sa lisensya ng negosyo hanggang Marso 2021
  - $9 milyon sa pamamagitan ng San Francisco Hardship Emergency Loan Program (programa ng pagpapautang sa San Francisco sa panahon ng emerhensya)
  - $2.5 milyon sa mga gawad para makabangon para sa tinatayang 300 maliliit na negosyo
  - African-American Small Business Revolving Loan Fund (pondong paulit-ulit na ipinagkakaloob sa maliliit na negosyo ng Aprikano-Amerikano)
  - $5 milyon upang suportahan ang maliliit na negosyo na idinagdag sa mga Teknikal na Pagsasaayos sa kasalukuyang badyet
  - $200,000 na may OEWD para sa pagbuo ng kapasidad ng negosyo, teknikal na suporta, at suporta sa pagsusulat ng gawad
  - $1.7 milyon para sa mga suporta at inisyatiba ng pagpapaunlad para sa pinagtutuunang puwersa ng paggawa
  - $12.8 sa mga Grants for the Arts, na sumusuporta sa 227 gagawaran na may pagsasaalang-alang sa ekidad
  - $2.5 milyon para sa Arts & Artists Relief initiative (inisyatibang tulong sa sining at mga alagad ng sining), at karagdagang $315,000 sa mga gawad sa sining para sa muling pagpapasigla ng mga kapitbahayan
  - Moratoryo sa mga pagpapaalis sa mga pangkomersyong paupahan para sa mga negosyong maliliit at katamtaman ang laki na ngayon ay pinalawig na sa antas ng Estado hanggang Marso 2021
  - Patuloy na pagpopondo para sa mga pagsusumikap na mapaunlad ang puwersa ng paggawa, kabilang ang Workforce Link, CityBuild, TechSF, at Healthcare Academy
  - One-stop City website para sa mga negosyo at manggagawa
  - Community Investment Fund - Contractor Accelerated Payment Program (pondo ng pamumuhunan ng komunidad - programa ng mabilisang pagbabayad ng kontratista)
  - Mga pang-emerhensyang child care youth center (tanggapang nag-aalaga ng bata) na bukas para sa mahahalagang manggagawa at mga pamilyang may mababang kita

- **Pagprotekta sa ating mahihina**
  - $247 milyon para sa pagresponde sa COVID-19, kabilang ang PPE, pinalawak na medikal na kakayahan, pakikipag-ugnayan sa komunidad, pagsubaybay sa nilapitan ng may COVID-19, at $56 milyon para sa pagsusuri sa kasalukuyang taon.
  - $16 milyon sa pagresponde sa COVID-19 lalo na para sa mga Himpilan at mga istasyon para maglinis ng katawan sa buong lungsod
  - Karagdagang $1.6 milyon para sa mga suporta sa COVID-19 sa mga SRO, Western Addition, Tenderloin, at iba pang mga community hub
  - $46.7 milyon sa mga bagong gastusin para sa mga programa sa pagkain, at ang karagdagang $1.1 milyon para sa mga komunidad na hindi gaanong napaglilingkuran, sa Tenderloin, at mga matatanda
  - $66.5 milyon para sa unang yugto ng Mental Health SF (kung maipapasa ang reporma ng buwis sa negosyo)
  - $4 milyon para sa pagpapatupad ng pangkat na tagaresponde sa krisis
  - $120 milyong pondong ididirekta sa pamumuhunan sa bayad-pinsala sa mga komunidad na Itim/Aprikanong Amerikano
  - $5.5 milyon para sa Opportunities for All na may subsidyong programa ng trabaho para sa kabataan at nakababatang adulto
  - Pagtatatag ng mga DCYF Community Learning Hub
  - $15 milyon para sa SFUSD
  - $15.1 milyon para sa mga gawad na proteksyon sa pagpapaalis ng tirahan
  - $51.8 milyon para sa pagkuha ng lugar para sa abot-kayang pabahay
  - $37.6 milyon para sa mga subsidyo sa upa at pang-emerhensyang tulong sa upa
  - $4.5 milyon sa mga karagdagang subsidyo sa pabahay, masisilungan, at mga voucher para sa mga taong may HIV, mga napaalis na nangungupahan, kabataang nasa transisyonal na edad, masisilungan ng LGBTQ, at mga pamilya kabilang ang mga nasa mga SRO
  - $750,000 pagpapalawak ng Karapatan sa Abogado
  - Moratoryo sa mga pagpapaalis sa nangungupahan
- **Tulong na pangkabuhayan**
  - Inilabas na pamumuhunan sa pampublikong imprastruktura, kabilang ang awtorisasyon ng Komite ng Pagpaplano ng Kapital ng $157 milyon sa mga Sertipiko ng Pakikibahagi, $127 milyon sa mga bono para sa Pampublikong Kalusugan at Kaligtasan ng 2016, $103 milyon ng programa ng bono para sa Preserbasyon at Kaligtasan sa Lindol ng 2016, at $260 milyon sa mga bono para sa Abot-kayang Pabahay ng 2016.
  - $1.5 milyon upang maghatid ng fiber sa mga yunit ng abot-kayang pabahay, at karagdagang $275,000 para sa ekidad na pag-access sa digital at konektibidad sa Chinatown
  - Iminumungkahing pagpapahupa ng mga lokal na kontrol sa pagsosona sa mga pangkomersyong koridor sa kapitbahayan upang hikayatin ang pagpapasigla sa mga bakanteng tindahan
  - Inilunsad ang Shared Spaces Program upang lumikha ng plexibilidad at palawakin ang kakayahan ng negosyong magpatakbo - sa ngayon ay halos 1,600 panlabas na espasyo ang inaprubahan (tingnan ang Apendise B)
  - Pagpapaliban ng mga singil sa permit ng negosyo sa labasan hanggang 2022
  - Pagpapaliban ng mga singil sa pagpaparehistro ng negosyo at mga pinag-isang singil sa lisensya hanggang Marso 2021
  - Permit na Just Add Music (JAM) na nilikha upang mapahintulutan ang live na musika at libangan sa labasan sa mga kasalukuyang lokasyon ng Shared Spaces

Pokus sa Ligtas na Muling Pagbubukas

Ang pagbangon ng ekonomiya ay nangangailangan ng ligtas na muling pagbubukas ng aktibidad ng negosyo. Ang mga restriksyon ng Estado ay gumagabay, ngunit ang mga lokal na utos na pagkalusugan ay nagbibigay ng direktiba sa partikular na negosyo at ibang mga aktibidad na maaaring bumalik sa San Francisco kasunod ng mahihigpit na paunang utos na shelter-in-place. Dagdag dito, ang mga lokal na direktiba ay nagdedetalye ng mga iniaatas o kondisyon sa pagbubukas na ayon sa batas. Ang mga desisyong ito sa pampublikong kaligtasan ay hatid ng kagawaran ng kalusugan ng County.

Sa pag-unawa sa pabagu-bagong katangian ng wala pang katulad na pandaigdigang pandemya, ang mga miyembro ng Puwersa ng Pagkilos at publiko ay binigyang-diin ang pangangailangan para sa malinaw na impormasyon at gabay. Ang malinaw na direksyon ay mahalaga para sa pagbangon ng ekonomiya dahil nagkakaloob ito sa mga negosyo ng kakayahang magplano, maghanda, at gumawa ng mga pinansyal na desisyon batay sa makukuhang pinakamahusay na impormasyon.

Upang mapangasiwaan ang mithiing ito, nakipagtulungan ang Puwersa ng Pagkilos sa kagawaran ng kalusugan ng County sa dalawang kritikal na paraan. Una, ang Puwersa ng Pagkilos ay bumuo ng proseso ng pagbibigay ng saloobin sa kagawaran ng kalusugan upang matiyak na isinasaalang-alang ang mga realidad sa pagpapatakbo ng mga negosyo bago ilabas ang mga lokal na direktiba o mandato. Simula sa huling bahagi ng Mayo, sa pagtatrabaho sa pamamagitan ng San Francisco Office of Economic and Workforce Development, ang mga miyembro ng Puwersa ng Pagkilos at iba pang naapektuhang may interes ay nagkaroon ng oportunidad na timbangin ang mga direktibang pangkalusugan na hindi ginagawang posible ang pagpapatakbo o nabigyang-diin ang mga elementong hindi malinaw o nangangailangan ng higit pang gabay. Ang prosesong ito ay nagpahintulot sa kagawaran ng kalusugan na isaalang-alang ang mga alternatibong nagsusulong din sa mga mithiin ng pampublikong kalusugan habang itinataguyod ang higit pang pagsunod sa pamamagitan ng tagubiling malinaw at ginagawang posible ang pagpapatakbo.

Pangalawa, ang mga miyembro ng Puwersa ng Pagkilos at mga may interes ay patuloy na itinataguyod ang higit pang direksyon sa daan tungo sa muling pagbubukas. Ang Puwersa ng Pagkilos ay naghandog ng mga alternatibong mitigasyon na nagpahintulot sa mga karagdagang aktibidad ng negosyo na maisaalang-alang, kabilang ang paglulunsad ng Shared Spaces Program na pinalawak ang kakayahan ng mga negosyong gamitin ang bangketa, paradahan ng sasakyan, kalsada o mga loteng espasyo sa labasan. Sa katapusan ng Mayo, ang kagawaran ng kalusugan ng County ay naglabas ng unang daan para sa muling pagbubukas at patuloy na sinusuri ang itinakdang panahon at daan habang nagbabago ang mga lokal na kondisyong pangkalusugan (tingnan ang Apendise A).

Proseso ng Puwersa ng Pagkilos

Ang Puwersa ng Pagkilos ay nagpulong sa pagitan ng Abril at Oktubre 2020. Ang mga miyembro ng Puwersa ng Pagkilos ay naghatid ng malalim na pang-unawa sa mga isyu sa komunidad ng San Francisco, mataas na enerhiya, at pagtuon sa pagkakapantay-pantay sa proseso. Tingnan ang Apendise C para sa karagdagang detalye tungkol sa proseso ng pagbuo ng patakaran.

Ibinubuod sa mga itinakdang panahon sa ibaba ang pokus at gawain ng Puwersa ng Pagkilos.

Abril-Mayo	Pagsisimula ng Puwersa ng Pagkilos (4/24/20) at ang unang survey
	Ang mga kapwa-tagapangulo at tauhan ay nagpulong sa maliliit na grupo ng mga miyembro ng Puwersa ng Pagkilos (tinatayang 10 kada sesyon) upang pakinggan ang mga pag-alinlangan at aspirasyon
	Ang mga focus group para sa survey at pakikibahagi ng publiko ay nagsimulang iharap ang mga pananaw ng mga hindi lubusang napaglilingkuran
Hunyo-Hulyo	Pokus sa Ligtas na Muling Pagbubukas upang tumugon sa paraang nasa oras upang ipahayag ang mga pangangailangan sa unang survey at maliliit na grupo
	Ang mga grupo para sa gawain para sa patakaran (mga Trabaho at Negosyo, Mahihinang Populasyon, Pag-unlad ng Ekonomiya, at Sining/Kultura/Ospitalidad/Libangan) ng tinatayang 20 miyembro ng Puwersa ng Pagkilos na may iba't ibang pananaw ay nagpahayag ng problema at ng mga pinakaagarang priyoridad para sa Puwersa ng Pagkilos
Agosto-Oktubre	Sinimulan ng mga tauhan ang pagsusulat ng mga memo sa patakaran para sa mga priyoridad na rekomendasyon
	Ipinagpatuloy ang pakikibahagi ng komunidad at pagbabahagi sa Puwersa ng Pagkilos
	Pinag-isa ng mga tauhan ang mga rekomendasyon ng Puwersa ng Pagkilos sa mga priyoridad na lugar, ibinahagi ang mga natutunan sa pakikibahagi sa komunidad na kinabilangan ng pananaw na mula sa eksperto sa mga paksang pangkomunidad, at isinulat ang Ulat ng Puwersa ng Pagkilos.
	Ang mga miyembro ng Puwersa ng Pagkilos at mga may interes sa Lungsod ay nagbahagi ng saloobin hinggil sa Report Draft
	Isinulat na Ulat Ang Pinal na Ulat ay inilathala para sa pinal na pagpupulong (10/8/20)

Upang bagayan ang iba't ibang opinyon ng mga miyembro, hiningi ng Puwersa ng Pagkilos ang mga pananaw ng mga populasyon ng bulnerable at hindi lubusang napaglilingkuran sa pamamagitan ng pangkat ng Pakikibahagi at Pakikinig sa Komunidad (CEL). Ang mga pagsusumikap ng pangkat ng CEL ay pinahusay ng mga boses ng mga miyembro ng komunidad na lubhang naapektuhan ng COVID-19, na maghahatid ng karagdagang pananaliksik at boses sa gawain ng Puwersa ng Pagkilos.

Sa nagdaang apat na buwan, mahigit 1,000 pampublikong survey at email mula sa mga taga-San Francisco at iba pang may interes ay natanggap at ginamit upang magbigay ng kaalaman sa proseso ng pagbubuo ng mga rekomendasyon. Sinimulan din ng pangkat ng CEL at mga kasamang kagawaran ng Lungsod ang pakikipag-ugnayang nakatuon sa mga populasyong hindi lubusang napaglilingkuran sa pampublikong survey, kabilang ang mga nangungupahan sa mga gusaling pang-isahang pag-okupa, restawran sa Chinatown (isang lugar na partikular na naaapektuhan noong unang lumabas ang COVID-19), komunidad ng sining at libangan, mga komunidad ng imigrante, komunidad ng may kapansanan, at mga komunidad ng Itim/ Aprikanong Amerikano, Latino/a/x at Filipino/a/x. Sa 40 oras na mga panayam at pakikipag-usap, halos 100 miyembro ng komunidad, sa pamamagitan ng mga pormal na focus group at presentasyon sa mga pagpupulong na nakabase sa kapitbahayan. Bukod dito, nagkaroon ng mga pampublikong pagdinig at presentasyon sa Business Commission, Immigrant Rights Commission, Commission on the Environment, at Commision on the Status of Women.

May lumabas na ilang karaniwang pinag-aalala mula sa mga pakikipag-ugnayang ito:

- Ang mga organisasyong nakabase sa komunidad na napakahalaga para sa maliliit na negosyo, mga residente, at pamahalaan ay nanganganib ang kabuhayan at nangangailangan ng suporta para sa pagbangon upang maging matagumpay.
- Ang tumutugon sa kultura, nasa oras, maa-access, at payak na impormasyon at gabay ay kailangan para sa mga may-ari ng maliit na negosyo at residente, partikular na sa mga nakakaranas ng mga hadlang sa wika at teknolohiya
- Sa limitadong kaalaman sa digital at lumang tools, lumalawak ang digital na pagkakahati para sa maraming bulnerableng populasyon, kabilang ang matatanda, mga taong may mga kapansanan, mga magulang at estudyante, mga taong hindi nakapagsasalita ng Ingles, at mga may-ari ng maliliit na negosyo.
- Mas lalong nakapagpapabigat ang burukrasya sa panahon ng malaking pangangailangan. Mahirap galugarin ang mga iniaatas ng programa. Ang pagputol ng red tape ay magpapahintulot sa mga San Franciscan na makuha ang agarang suportang kailangan nila.
- Ang pabahay, partikular na ang pag-iwas na mapaalis sa tirahan at ang pagbibigay ng pabahay sa mga walang tirahan, ay patuloy na nagiging unang priyoridad para sa mga San Franciscan, kabilang ang mga may-ari ng maliliit na negosyo.

Ang pokus ng pakikibahagi ng komunidad ay tingnan ang mga espesipikong populasyon na lubos na naaapektuhan ng pandemya. Bukod sa mga temang binanggit sa itaas, ang mga sesyon ng pakikibahagi ng komunidad ay nagkaloob ng sumusunod na binibigyang-diing gabay pagdating sa pagpapatupad ng mga rekomendasyon ng Puwersa ng Pagkilos.

- Makibahagi nang maaga, patuloy, at madalas sa mga benepisyaryo at bulnerableng komunidad upang magdisenyo ng mga patakaran at programang tumutugon sa mga hamon sa kasalukuyan.
- Ang mga programang may mabuting layunin at mabilis na ipinapatupad ay maaaring lumikha ng mga hadlang na hindi umiiral bago ang COVID-19, partikular na para sa komunidad ng may kapansanan. Isaalang-alang ang mga hindi sinasadyang kahihinatnan.
- Mahalaga ang mga komunikasyon at solusyong tumutugon sa kultura at wika.

Maraming karagdagang ideya at damdamin sa may pagkakapantay-pantay na pagbangon ng ekonomiya ng San Francisco ay ipinapahatid sa pangkat ng CEL. Tingnan ang Apendise D para sa mga karagdagang detalye ng proseso ng CEL at nalikom na saloobin.

WE WILL
BE BACK
SOON
BE SAFE,
BE KIND

Mga Inirerekomendang Patakaran

Naglunsad ang Puwersa ng Pagkilos upang tukuyin ang praktikal at nasa oras na mga interbensyon upang suportahan ang mga negosyo at protektahan ang bulnerableng populasyon. Kasabay nito, sinubukan ng Puwersa ng Pagkilos na tukuyin ang mga matapang at malikhaing solusyon upang tugunan ang matagal nang mga hamon sa lipunan at sa huli ay matamasa ang mas malawak na ekidad pagkakapantay-pantay sa lahi at lipunan.

Nabigyan ng kaalaman ng kanilang mga sariling karanasan at pananaw mula sa mga pagsusumikap sa pakikibahagi, inuna ng Puwersa ng Pagkilos ang mga istratehiyang tumutugon sa pangangailangang protektahan ang mga negosyong maliit at may katamtamang laki mula sa pagbagsak at suportahan ang mga ito sa pamamagitan ng tumpak, nasa oras na impormasyon; ang pangangailangang magpokus sa kalusugan, kaligtasan, pagbuo ng yaman, at paglikha ng oportunidad para sa mahihinang populasyon; ang pangangailangang itaguyod ang pabahay at gawing mas madali ang pag-akma ng ating mga espasyo sa mga pabagu-bagong kalagayan; at ang pangangailangang mamuhunan sa mga sektor na ginagawang magandang lugar para manirahan at bisitahin ang San Francisco.

Ang mga ideya mula sa apat na desisyon ng grupo para sa patakaran ng Puwersa ng Pagkilos ay isinaayos sa sumusunod na walong pinagsama-samang kategorya:

1. **Lokal na Tulong na Pangkabuhayan:** siyasatin ang mga patakaran at pamumuhunan na naghihikayat ng pagpapaunlad at aktibidad sa ekonomiya sa San Francisco, gaya ng pagpopondo ng mga proyekto sa pampublikong gawain, pagsasaayos ng mga proseso sa pagbibigay ng permit, pagtataguyod sa mga mapagkukunan ng estado at pederal na pamahalaan, at marami pa
2. **Mga Koneksyon sa Trabaho:** pangasiwaan at pagbutihin ang mga koneksyon sa trabaho at siyasatin ang mga programang tumatanggap ng mga lokal na manggagawa
3. **Itaguyod ang Ligtas na Muling Pagbubukas**: magkaloob ng malinaw at maa-access na impormasyon sa mga negosyo at manggagawa sa mga iniaatas sa muling pagbubukas at magkaloob ng mga kasangkapan at istratehiya upang mapanatiling ligtas ang mga manggagawa, customer, at residente
4. **Preserbahin ang mga Operasyon at Bawasan ang mga Nagpapabigat sa Regulasyon:** lumikha ng pleksibilidad para sa mga negosyo upang patakbuhin at isaalang-alang ang pagbawas at pagtanggal sa mga nagpapabigat na regulasyon
5. **Ipursigi ang Katarungan sa Ekonomiya:** paliitin ang puwang sa yaman at pagdugtungin ang pagkakahati sa digital para sa mga residenteng mababa ang kita at mga komunidad na iba ang kulay ng balat
6. **Mamuhunan sa Pabahay:** bigyan ng insentibo ang konstruksyon ng abot-kayang pabahay, isang agaran at pangmatagalang pangangailangan
7. **Tugunan ang mga Pangunahing Pangangailangan ng mga Bulnerable:** tiyakin na ang mga San Franciscan ay mayroong access sa pagkain, masisilungan, kalusugan ng pag-iisip, at iba pang mga serbisyo
8. **Isipin at Magtayo ng mga mas Matatag na Kapitbahayan:** bigyang-buhay at kumuha mula sa katangi-tanging kapitbahayan at mga pangkulturang yaman ng San Francisco

Ang mga rekomendasyon ng Puwersa ng Pagkilos upang itaguyod ang may pagkakapantay-pantay na pagbangon ng ekonomiya mula sa pangmaikling panahon at kongkreto patungo sa pangmatagalan at may aspirasyon. Kabilang sa mga rekomendasyon ang isa o higit pang mga kagawaran ng Lungsod na mamumuno sa pagpapatupad kung matutukoy ang mga sapat sa mapagkukunan. Ibinubuod ng teksto sa seksyong ito ang bawat isa sa mga rekomendasyon na may pahayag sa isyu at maikling paglalarawan ng rekomendasyon. Ang buong teksto ng mga rekomendasyon at pagsasaalang-alang sa pagkakapantay-pantay para sa bawat isa ay matatagpuan sa Apendise E.

1. Lokal na Tulong na Pangkabuhayan



1.1 Suportahan ang sektor ng konstruksyon sa pamamagitan ng mga pamumuhunan sa pampublikong imprastruktura at patuloy na pagpokus sa mga pangunahing proyekto

Isyu: Ang mga kapital na proyekto ay inaabot ng mga taon para magplano at magdisenyo, at ang paggambala sa prosesong iyon ay maaaring magdulot ng mga pangmatagalang negatibong epekto. Ang San Francisco ay bumuo ng matatag na pag-uugali pagdating sa pagpaplano ng kapital para sa pampublikong imprastruktura ng Lungsod, kung saan nakikita ang lahat ng mapagkukunan, mga responsableng piskal na restriksyon, at masaganang programa sa pangkalahatang obligasyong bono na nakakita ng $5 bilyong inaprubahan ng mga botante ng San Francisco simula pa noong 2008. Karaniwan, ang resesyon ay maaaring mauwi sa pagbagal ng konstruksyon na nagpapakita ng oportunidad para sa kontra-siklong pamumuhunan. Gayunpaman, sa kawalan ng katiyakang dulot ng pandemyang COVID-19 ay maaaring maging mas mahirap ang patuloy na paggasta. Partikular na malaki ang nakataya para sa pagkawala sa trabaho sa industriya, dahil ang bawat $1 milyong gastos sa konstruksyon ay nangangahulugang tinatayang 5.93 na trabaho sa San Francisco.

Rekomendasyon: Ang 10-Taong Plano ng Kapital ng San Francisco noong nakaraan ay naiplano para sa $39 bilyon sa pamumuhunan mula 2020 hanggang 2029. Dapat patuloy na unahin ng Lungsod ang mabuting pagtataguyod ng mga pampublikong yaman gaya ng nakadokumento at inirerekomenda sa Plano ng Kapital ng Lungsod, na kinabibilangan ng mga yamang naghahatid ng mga serbisyo para sa pampublikong kaligtasan, mga serbisyong pangkalusugan at pantao, rekreasyon at kultura, transportasyon, at pangkalahatang pamahalaan, kabilang ang imprastruktura ng IT. Sa darating na update sa Plano ng Kapital, dapat itaguyod ng Lungsod ang mabuting kalagayan ng pagpapaayos para sa mga gusali, karapatan-sa-daan, mga pampublikong espasyo, at iba pang mga yamang imprastruktura na may iba't ibang pinagmumulan ng kita, kabilang ang, ngunit hindi limitado sa: pangkalahatang obligasyong bono, utang sa Pangkalahatang Pondo, bono ng kita, at mga gawad ng estado at pederal. Dapat ding isaalang-alang sa darating na Plano ng Kapital ang mga ekstraordinaryong epekto sa kabuhayan ng COVID-19 at pagtuunan ang paggawa ng pagkakaiba para sa mga negosyo, manggagawa, at residente ng San Francisco na nahihirapan sa panahon ng krisis, gaya ng pamumuhunan sa pagtutulay ng pagkakahiwalay na digital. Dagdag dito, dapat patuloy na magpokus ang Lungsod sa mga pangunahing pagpapaunlad nito, gaya ng Shipyard, Mission Rock, Pier 70, Treasure Island, at Central SoMa, dahil ang mga proyektong ito ay naghahatid ng libu-libong trabaho at suporta para sa lokal na negosyo.

1.2 Muling idisenyo ang mga proseso ng permit at tanggalin ang mga hindi kinakailangang permit na hindi direktang nauugnay sa kalusugan at kaligtasan

Isyu: Ang proseso ng pagbibigay ng permit sa lungsod para sa konstruksyon ay alam na alam na kumplikado. Hanggang sampung iba't ibang kagawaran ang maaaring kabahagi sa pagbibigay ng permit, ngunit wala ni isang kagawaran ang mayroong buong karanasan sa customer. Ang kakulangan ng kalinawang nakapalibot sa proseso ng pagbibigay ng permit ay laging hamon, at ang paggalugad sa proseso ay nangangailangan ng mga mapagkukunan, panahon, at pera. Para sa mga baguhan, nakakalito at nakakapuspos ang proseso, habang ang mga may karanasan ay nakakaunawa sa pagkakasunud-sunod nito at kung paano makakakuha ng teknikal na kadalubhasaan. Partikular na sa maliliit na negosyo, maaaring makahadlang ito sa pagbangon ng ekonomiya. Ang mga miyembro ng Puwersa ng Pagkilos ay partikular na nangangamba na ang kasalukuyang proseso ng pagbibigay ng permit, na naapektuhan ng COVID-19 at ang pangangailangang isara ang mga personal na serbisyo, ay magkakaroon ng sunud-sunod na epekto sa maliit na negosyo at larangan ng konstruksyon, na magdadagdag sa kawalan ng trabaho sa mga sektor na nagpapatrabaho sa maraming may magagandang sahod.

> **"Paano natin mapapabilis ang mga oportunidad para sa online na pagsasanay, makakapaghandog ba ang lungsod ng higit pang teknikal na tulong para makabalik nang mas maaga ang higit pang mga residente?"** ***Miyembro ng Puwersa ng Pagkilos***

Rekomendasyon: Upang mahikayat ang maraming negosyong magbukas o magpalawak hangga't maaari, pigilan ang mga negosyong umalis ng San Francisco, at hikayatin ang paglago at paglawak ng negosyo, ang mga ahensyang nagbibigay ng permit (gaya ng Department of Building Inspection (DBI), ang Fire Department, ang San Francisco Public Utilities Commission (SFPUC), at Planning) at dapat magpatupad ng mga pagbabago sa programa at regulasyon upang muling idisenyo ang proseso ng pagbibigay ng permit para sa huling gumagamit, paigtingin ang kalinawan, gawing madali at abot-kaya ang proseso ng pagbibigay ng permit hangga't maaari, at alisin ang mga iniaatas sa pagbibigay ng permit at proseso na hindi direktang nauugnay sa kalusugan at kaligtasan. Maaaring maging kabilang sa mga pagbabagong ito ang:

- Ilathala ang mga singil para sa lahat ng uri ng permit at magkaloob ng higit pang malinaw na impormasyon tungkol sa proseso ng pagbibigay ng permit at mga makukuhang sumusuportang serbisyo upang mapabilis ang paggalaw tungo sa mga pagpapalawak at pagsisimula ng konstruksyon.
- Magpatupad ng bayad sa holiday, pansamantalang pagbawas o pag-alis ng mga singil sa permit na idinisenyo upang bigyan ng insentibo ang mga may-ari ng negosyo, may-ari ng propyedad, at developer upang kunin ang mga permit at isagawa ang mga proyekto ng konstruksyon, na lilikha ng mga trabaho at bubuhay sa paglago ng ekonomiya.
- Palawakin ang Open in SF Program ng OEWD upang maghandog ng mga serbisyong "concierge" upang tulungan ang higit pang mga negosyo sa pamamagitan ng mga kompleks na proseso. Ang Programang Open in SF ay kasalukuyang sumusuporta sa maliliit na negosyo ng pagkain sa pamamagitan ng proseso ng pagbibigay ng permit. Maaaring magkaloob ang Lungsod ng mga karagdagang serbisyo sa iba't ibang wika na maaaring sa pamamagitan ng pakikipagtulungan sa mga organisasyong nakabase sa komunidad. Dapat tandaan na ang mga serbisyo ng concierge na ipinagkakaloob ng lungsod ay mangangailangan ng maraming karagdagang tauhang mas marami sa kasalukuyan.

> **"Pagtrabahuhin natin ang ating mahusay na komunidad."** ***Miyembro ng Puwersa ng Pagkilos***

1.3 Pahintulutan ang mga developer na ipagpaliban ang pagbabayad ng mga impact fee upang mabigyang-buhay ang pagpapaunlad

Isyu: Ang pagbaba ng mga upa at halaga ng pagbebenta, labis na mataas na mga gastos sa konstruksyon, at malawakang kawalan ng katiyakan sa ekonomiya ay nagresulta sa pagkawala ng kakayahan ng mga developer na makakuha ng pagpipinansya para sa kanilang mga proyekto at pagbagal sa pagsasakatuparan ng mga proyekto ng pagpapaunlad. Ang paghahanap ng paraan upang mabalanseng muli ang ekonomiya ng pagpapaunlad ay kritikal sa paglikha ng konstruksyon at mga trabaho sa huling gumagamit, sa pagpapasigla ng ekonomiya, pagpapalago ng pangunahing pinagkukunan ng buwis, at sa paglikha ng residensyal, pangkomersyo, industriyal, at retail na espasyo upang mapahintulutan ang isang lungsod na malamang na makakakita ng pangmatagalang paglaki ng populasyon.

Rekomendasyon: Ang mga bumubuo sa gastos sa pagpapaunlad na may pinakamalaking kontrol ang Lungsod ay mga singil sa epekto, at ipinakita ng Lungsod sa nakaraan na makakagawa ito ng mga hakbang upang gawing mas madali ang magtayo sa pamamagitan ng paggawa ng mga pagbabago sa mga singil sa epekto, gaya ng 2010-2013 programa ng pagpapaliban sa singil sa epekto o ang pagpapaliban sa singil noong nakaraang taon para sa 100% proyekto abot-kayang pabahay at mga Aksesoryong Yunit ng Tirahan (mga ADU). Ang Planning Department ay dapat bumuo ng mga programang may limit sa panahon, batay sa matagumpay na programa na pinatakbo mula 2010 hanggang 2013, na nagpapahintulot sa mga developer na ipagpaliban ang pagbabayan sa mga singil sa epekto hanggang sa ang bawat proyekto ay makatanggap ng unang sertipiko ng pag-okupa, sa katapusan ng konstruksyon. Ito ay makakatulong sa mga developer na makakuha ng pagpipinansya sa mga proyektong malamang na hindi maisakatuparan at sa halip na bayaran ang mga singil sa epekto.

1.4 Gawing mas epektibo, may pagkakapantay-pantay, at naaangkop ang Local Business Enterprise Program (LBE) upang suportahan ang pagbangon ng Lungsod

Isyu: Sinisertipikahan ng programa ng Lokal na Negosyo (LBE) ang maliliit na lokal na negosyo upang makibahagi sa mga kontrata ng Lungsod. Marami sa mga lokal na kumpanyang ito ang pag-aari ng mga kababaihan, na kumakatawan sa mga sektor na labis na naapektuhan gaya ng mga personal na serbisyo at pangangalaga sa bata, at mga taong hindi puti ang lahi, na kung saan marami sa kanila ang nag-ulat ng mga hamon sa pagkuha ng mga PPP loan. Ang programang LBE ay nagpapahintulot sa kanilang makipagkumpitensya sa pantay na antas kasama ang malalaking kumpanya at/'o mga kumpanyang nakikinabang sa mas murang gastos sa labas ng San Francisco. Ang mga pangangailangan sa pagbabalanse ng badyet ay lumilikha ng panganib para sa mga negosyong ito, na kadalasang nakabase sa at kumukuha ng mga manggagawa mula sa mga komunidad na nakakaranas ng negatibong epekto ng COVID-19. Ang mga kasalukuyang patakaran at gawain ng programa ay hindi pa ganap na napapahusay upang matugunan ang hamon na hatid ng COVID-19 at ang nagresultang pagbagsak ng ekonomiya.

Rekomendasyon: Upang matiyak na nagkakaloob ang programang LBE ng pinakamalaking kapakinabangan sa maliliit na negosyo ng San Francisco, ang Office of the City Administrator ay dapat magsumikap upang:

- Palawakin ang Programa sa Mabilisang Pagbabayad ng Kontratista ng Pondo sa Pamumuhunan ng Komunidad ng San Francisco upang makatulong sa pamamahala ng daloy ng pera
- Hilingin sa Komite ng Pagpapayo ng LBE na ayusin ang mga limit sa pinansyal na kontrata para sa mga LBE upang pahintulutan ang mga Kagawaran ng Lungsod na maglaan ng mas malaking bilang ng mga kontrata sa loob ng limit na halaga sa mga Micro LBE.
- Paramihin ang mga oportunidad sa pagkokontrata para sa mga Micro at Maliliit na LBE.
- Pondohan ang Pag-aaral sa Kawalan ng Pagkakapantay-pantay upang matiyak kung anu-anong uri ng mga hindi pagkakapantay-pantay sa lahi ang umiiral sa mga proseso ng pagkokontrata.

1.5 Itaguyod ang muling paggana at isaalang-alang ang maiaakmang paggamit ng mga gusali para sa masiglang San Francisco

Isyu: Ang kinabukasan ng mga pagtatrabaho ay hindi tiyak, at ang malapit na atensyon ay kailangan upang maunawaan kung aling mga pagbabago ang pansamantala at kung alin ang maaaring pangmatagalan. Ang COVID-19 ay nagdulot ng biglaan at malaking pagbawas sa pangangailangan para sa opisina, hotel, at retail na espasyo. Sa pagdirekta ng mga kumpanya sa kanilang mga empleyadong magtrabaho mula sa tahanan at sa pagliit ng ekonomiya, masasaksihan ng Lungsod ang malalaking pagbabago sa pangangailangan para sa malalaking gusaling pang-opisina sa maikling panahon. Sa malaking pagbawas sa turismo at mga manlalakbay para sa kumbensyon sa San Francisco, nabawasan ang pangangailangan para sa mga silid ng hotel. Nangyari ang mga kahalintulad na epekto sa sektor ng retail. Sa parehong pagkakataon, nahaharap ang San Francisco sa malubhang kakulangan sa pabahay, na nauwi sa krisis sa pagiging abot-kaya, partikular na sa mga nangungupahang mababa ang kita.

Rekomendasyon: Dapat subukan ng San Francisco na preserbahin ang mga lokal na negosyo para sa parehong mga trabaho at kita na kanilang inihahatid. Kung ang bakuna para sa COVID-19 o paggagamot ay binuo na nagpapahintulot ng pagbangon ng ekonomiya at ng pagbabalik mga pangangailangan sa espasyo bago ang COVID, maaaring may limitadong kahalagahan ang mungkahing ito. Ngunit, kung mayroong permanenteng pagbaba sa pangangailangan sa opisina, retail, o hotel dahil sa pandemyang COVID-19, dapat isaalang-alang ng Lungsod at, kung maipapayo para sa pangkalahatang kalagayan ng lokal na ekonomiya, bigyan ng insentibo ang muling pagpapaayos sa mga kasalukuyang gusali sa mga pangangailangang kailangan para sa pagbangon ng ekonomiya na may pagkakapantay-pantay. Ang muling pagpapaayos ay magbibigay ng daan para sa pabahay, produksyon, distribusyon, at espasyo sa pagpapaayos, mga programa sa pagpapaunlad ng kultura at komunidad, o iba pang mga paggamit. Ang anumang mga espasyong iniakma para sa pabahay ay may potensyal na magsilbi sa mga espesipikong populasyon na maaaring magkaroon ng ibang mga pangangailangan sa pabahay, gaya ng mga alagad ng sining.

Dapat ding isaalang-alang ng mga gumagawa ng patakaran ang mga epekto mula sa anumang pagpapalit sa hinaharap. Halimbawa, ang mga pagpapalit mula sa mga paggamit ng hotel patungo sa anumang iba pang paggamit ay maaaring magresulta sa pagbaba ng antas ng trabaho, partikular na ang mga trabahong may unyon na makukuha ng mga imigrante at mga taong nagsasalita ng Ingles bilang pangalawang wika.

1.6 Itaguyod ang pederal at pang-estadong pagpopondo

Isyu: Hindi kayang ihatid ng San Francisco ang lahat ng rekomendasyon ng Puwersa ng Pagkilos nang mag-isa. Kailangan ng Lungsod ang suporta mula sa pang-estado at pederal na pamahalaan, partikular na para sa malalaking pamumuhunan at mga inisyatiba.

Rekomendasyon: Dapat magtaguyod ng San Francisco sa antas na pang-estado at pederal upang suportahan ang mga rekomendasyon ng Puwersa ng Pagkilos sa mga sumusunod na aspeto:

- **Suporta/pagpapatawad sa pangkomersyong pagpapaupa:** pagpopondo para sa mga negosyo upang bawasan ang mga pagpapaalis ng inuupahan
- **Mga gawad para sa mga negosyo:** Ang mga pang-estado at pederal na gawad para sa mga negosyong pinakanaapektuhan ng shelter-in-place kagaya ng sining/aktibidad sa gabi/libangan
- **Mga programa ng pagsasanay sa trabaho:** Pang-estado at pederal na pagpopondo upang magkaloob ng pagsasanay sa mga manggagawa sa mga industriyang lubhang naapektuhan ng shelter-in-place
- **Tulong sa upa:** pagpopondo para sa mga nangungupahan o nagpapaupa upang maiwasan ang krisis sa pagpapaalis ng tirahan
- **Suporta para sa walang dokumento:** tiyakin na ang mga imigranteng walang dokumento ay nakikinabang sa mga programa ng estado at pederal na pamahalaan
- **Pangangalagang pangkalusugan para sa lahat:** ang pangangalagang pangkalusugan ay dapat nakatali sa trabaho kung isasaalang-alang ang malaking pagkawala sa trabaho sa panahon ng pandemyang ito at dapat samahan ng paggagamot sa pang-aabuso sa droga o alkohol
- **Suporta para sa mga populasyon ng nakakulong at bumabalik sa lipunan:** lubos na pinag-isipang pagpaplano sa transisyon para sa pagbibigay ng tirahan sa mga bumabalik sa lipunan
- **Unibersal na pangunahing kita:** ipagkaloob ang dignidad para sa lahat partikular na dahil sinira ng pandemya ang lahat ng industriyang nagkakaloob ng serbisyo at mga trabahong may mababang sahod
- **Internet para sa lahat:** pagpopondo upang magtayo ng matatagpuan sa lahat ng lugar na network ng fiber-to-the-premises upang itaguyod ang karagdagang kumpetisyon sa serbisyo upang makatulong sa pagsisiguro ng unibersal na access sa Internet at makatulong na maabot ang mga grupong may malaking pangangailangan
- **Access sa pagkain:** ipagpatuloy at palawakin ang mga benepisyo at pagpapaliban na nauugnay sa pandemya, at magkaloob ng sapat na pagpopondo sa pangangasiwa
- **Piskal na suporta para sa lokal na pamahalaan**: upang mapanatili ang suportang panlipunan sa kabila ng malaking pagbaba ng kita sa buwis dahil sa COVID-19
- **Ayuda sa utang:** ayuda para sa utang ng estudyante at tagakonsumo

1.7 Makipagtulungan sa mga komunidad ng negosyo at mga pilantropo upang maghatid ng matatag at may ekidad na pagbangon

Isyu: Nauunawaan ng lungsod na napakaraming negosyo, partikular na ang mga negosyong maliit, pag-aari ng minorya, at pag-aari ng kababaihan, ang nahihirapang malampasan ang suliranin at suportahan ang kanilang mga manggagawa. Maraming lokal na interbensyon gaya ng mga ipinagpalibang singil, gawad, may bayad na pagliban sa trabaho, at teknikal na tulong ang naging priyoridad at patuloy na magiging priyoridad para sa pampublikong suporta. Gayunman, ang mga rekurso na siyang magpapatatag sa bawat negosyo at manggagawa ay magkakahalaga ng higit pa sa maibibigay ng Lungsod. Kinilala na ng pamunuan ng Lungsod ang pangangailangan para sa samahan ng pampubliko-pribadong sektor upang tugunan ang pandemya at magtatag ng mga nararapat na paggamit na nauugnay sa mga priyoridad

ng COVID-19 sa pondo para sa kawanggawang Give2SF. Sa $28.8 milyong natanggap hanggang Setyembre 30, 2020, mas mababa sa $500,000 ang hindi pa inilalaan. Ang kahirapang makakuha ng kapital at hindi pagkakapantay-pantay pagdating sa yaman ay nananatiling mga hadlang sa pagbangon partikular na sa mga komunidad hindi puti ang lahi. Patuloy na uunahin ng Lungsod ang pagresponde sa pampublikong kalusugan upang mabawasan ang pagliit ng ekonomiya sa hinaharap, ngunit ang samahan at pamumuhunan ay kailangan upang matulungan ang San Francisco na matamasa ang pangmatagalang mithiin para sa katatagan at pagpapanatili.

Rekomendasyon: Tukuyin ang mga oportunidad para sa mga samahang pampubliko-pribado na makakatulong sa mga lokal na negosyo, manggagawa, at residenteng makabangon sa maikling panahon at maghatid ng lakas at katatagang pang-ekonomiya sa pangmatagalan.

Upang magamit ang mga kontribusyong pilantropiko sa mga pinakamataas na lokal na priyoridad, dapat makipagtulungan ang Mayor's Office sa San Francisco Foundation, iba pang mga pangunahing foundation, at mga pondong may pagpapayo ng tagapagkaloob upang bumuo ng kampanyang maghahatid ng patuloy na pagsuporta sa mga negosyong pinakananganganib na magsara
at sa mga manggagawa at residenteng pinakanangangailangan bilang resulta ng pandemya.

Upang makatulong sa paghikayat ng access sa kapital para sa mga lokal na negosyo at negosyante, dapat pulungin ng Mayor's Office ang mga lokal na pinansyal na lider at may hawak ng pampublikong tungkulin upang siyasatin ang mga pinansyal na produkto at istratehiyang maaaring makatulong sa pagpapatatag sa mga nahihirapang negosyo at bigyan ng insentibo ang mga bagong negosyong magsimula. Dapat isaalang-alang ang heograpiya ng pag-access sa kapital. Ang pampublikong pagpipinansya at mga sentrong nagbibigay ng pinansyal na kapangyarihan sa kapitbahayan ay dapat isaalang-alang kasama ang mga opsyong inihaharap mula sa pribadong sektor.

Upang muling bumangon mula sa krisis na ito at maghatid ng mas may pagkakapantay-pantay at matatag na lungsod, ang Office of the City Administrator (Office of Resilience and Capital Planning) at Controller's Office (Office of Public Finance) ay dapat siyasatin ang mga oportunidad upang pinansyahan ang mga pagpapabuti para sa katatagan sa pamamagitan ng samahan ng pampubliko-pribadong sektor, na binibigyang-kaalaman ng mga priyoridad na inilathala sa Plano sa Katatagan sa mga Panganib at Klima, 10-Taong Plano ng Kapital, at Plano ng Aksyon sa Klima. Ang mga larangang may oportunidad ay kinabibilangan ng broadband sa buong lungsod, luntiang imprastruktura, retrofit para sa panahon ng lindol, at mga mitigasyon at adaptasyon para sa pagtaas ng dagat. Ang Business Council on Climate Change (BC3) at ang San Francisco Department of the Environment ay mga nakakatulong na kasama rin sa pagtukoy ng mga oportunidad na may pag-asa.

1.8 Lumikha ng isang sistema sa pangangalaga sa bata na tumutugon sa mga pangangailangan ng mga pamilya, edukador, at komunidad

Isyu: Sa pagbalik ng San Francisco sa trabaho, ang mga negosyo at kanilang mga manggagawa ay higit kailanman nangangailangan ng pangangalaga sa bata. Habang ang mga paaralan sa San Francisco ay nananatiling sarado, ang mga tanggapan para sa pangangalaga sa bata at mga programa ng pangangalaga sa bata ng pamilya ay hinihikayat na manatiling bukas. Ang mga iniaatas sa pakikipagdistansya sa iba ay nagbigay ng restriksyon sa karamihan sa mga programa sa bahagi lamang ng bilang ng mga batang kanilang pinaglilingkuran bago ang pandemya na nagpalala sa kakulangan ng pangangalaga sa bata na umiiral bago ang COVID-19. Kung wala ang anumang mga karagdagang kita, kinailangan ng mga tagapagkaloob ng pangangalaga sa bata na bawasan ang kanilang mga oras at/o araw upang magpahintulot ng karagdagang oras sa paglilinis, pagbili ng mga karagdagang supply, at baguhin ang mga kasalukuyang espasyo upang sumunod sa mga bagong regulasyon. Ang mga tagapagkaloob ng pangangalaga sa bata na may maliit na kita bago ang COVID-19 at ngayon ay nahaharap sa hindi mapapanatiling tumataas na gastusin at bumababang kita.

Ang kasalukuyang lokal, pang-estado, at pederal na tulong ay hindi sapat pagdating sa paglilingkod sa lahat ng pamilyang karapat-dapat para sa mga subsidyo sa pangangalaga sa bata. Maraming pamilyang hindi karapat-dapat para sa mga subsidyo ang higit na pinapasan ang gastos sa pangangalaga sa bata. Maging sa mataas na gastos sa matrikula, sagutin ng mga edukador ang totoong gastos sa mga serbisyo sa kanilang mababababang sahod. Kapag nagamit na ang mga singil sa matrikula sa lahat ng gastusing kailangan upang magpatakbo ng programa, kaunting-kaunti ang natitira para mismo sa mga edukador. Sa lokal na Proposisyon F, ang Batas para sa Maliit na Negosyo at Pagbangon ng Ekonomiya, magkakaroon ng mga pondo para sa pangangalaga sa bata, bukod sa iba pang mga priyoridad, ngunit hindi nito ganap na malulutas ang pangangailangan sa pagpopondo sa aspetong ito.

Rekomendasyon: Sa panahon ng yugtu-yugtong proseso ng muling pagbubukas ng ekonomiya ng San Francisco, ang mga tagapagkaloob ng pangangalaga sa bata ay mangangailangan ng pinansyal a suporta dahil ang mga pansamantalang pagbawas sa mga pagpapatala at mga pinaigting na pamamaraan ay babawasan ang kakayahan sa pagpapatakbo. Upang mapondohan nang sapat ang edukasyon sa maagang pagkabata at lumikha ng sistema ng ligtas ng pag-aalaga ng bata, ang Office of Early Care and Education (OECE) ay dapat makipag-ugnay sa First 5 San Francisco, sa Department of Children, Youth, and Families (DCYF), at OEWD upang gamitin ang mga pondo ng tulong na pangkabuhayan ng pederal na pamahalaan, mga dolyar sa panukala sa lokal na kita, at/o Community Development Block Grant (CDBG) upang:

- Magkaloob ng mga maiaakmang karagdagang gawad na pondo sa mga tagapagkaloob ng pangangalaga sa bata, buuin ang mga kasalukuyang Gawad na Pang-emerhensya sa Pagpapatakbo at Pagsasara sa COVID-19.
- Magkaloob ng mababang interes o mapapatawad na utang sa mga tagapagkaloob ng pangangalaga sa bata upang palawakin ang kanilang mga espasyo o magbukas ng mga bagong mas malalaking espasyo na nagpapahintulot ng pakikipagdistansya sa iba at palalakihin ang kapasidad sa pag-aalaga ng bata nang pangmatagalan.
- Dagdagan ang halaga ng kreditong pangmatrikula sa programang Preschool for All at gawing maiaangkop para sa mga batang 3-taong-gulang.
- Dagdagan ang elihibilidad ng kita para sa Early Learning Scholarship at palawakin ang saklaw at halaga ng Compensation and Retention Early Educator Stipend (Pantustos para sa Kompensasyon at Pagpapanatili ng Edukador ng Maagang Pagkabata) (CARES 2.0).
- Bumuo ng programa ng pagsasanay para sa puwersa ng paggawa at mga pamantayan para sa kalidad ng trabaho upang tugunan ang kakulangan ng mga kuwalipikadong tagapagkaloob ng pangangalaga sa bata at mga edukador ng maagang pagkabata.
- Magkaloob ng mga makatotohanan, malinaw, at hindi pabagu-bagong patnubay sa kalusugan at kaligtasan para sa pagpapatakbo ng mga pasilidad sa pangangalaga ng bata at edukasyon sa maagang pagkabata (hal. pagsasara, pakikipagdistansya sa iba, mga ratio) na may pagsasanay at tulong sa mga tagapagkaloob ng pangangalaga sa bata upang maipatupad ang gabay.
- Hikayatin ang mga negosyong magkaloob ng mga solusyon sa pagpapaalaga ng anak para sa mga empleyado, kabilang ang mga pantustos, pagpapaalaga sa anak sa mismong lugar na pinagtatrabahuhan, mga serbisyong referral, at pagbabago sa mga ordinansa sa pagsosona.

2. Mga Koneksyon sa Trabaho

2.1 Gawing sentralisado ang mga programa sa pagpapaunlad ng puwersa ng paggawa ng Lungsod

Isyu: Ang Lungsod ng San Francisco ay kasalukuyang nagpapatupad ng 292 katangi-tanging programa ng pagpapaunlad ng puwersa ng paggawa na pinangangasiwaan ng 17 departamento. Ang mga programang ito ay nakatuon sa iba't ibang kalahok at nakikita sa iba't ibang paraan mula sa magagaang na serbisyo na nakatuon sa kahandaan sa trabaho hanggang sa mga intensibong pagsasanay patungo sa pansamantalang pagtatalaga sa mga pagiging aprentis at mga karanasan sa may bayad na trabaho. Ang Kabanata 30 ng Administrative Code ay nagtatag ng isang Komite sa Paghahanay ng Puwersa ng Paggawa sa Buong Lungsod noong 2014, na nagtatalaga sa OEWD bilang responsable sa pagsubaybay ng impormasyon tungkol sa mga programang ito at pamumuno sa Komite, nawakasan man ang Komite noong 2019. Ang desentralisadong katangian ng mga programang ito ay lumilikha ng malalaking hamon para sa paghahatid ng mga epektibong serbisyo sa pagpapaunlad ng puwersa ng paggawa at pagpapadali ng pagtanggap ng mga naaangkop na serbisyo. Ang mahihinang komunidad, partikular na ang mga komunidad hindi puti ang lahi, na may pinakakaunting kaalaman sa mga daan tungo sa matatatag na karera, ay nahaharap sa pinakasistemikong hadlang sa mga oportunidad ng pagkuha ng may kalidad na trabaho. Sila ay may pinakamaliit na access sa oras, teknolohiya, mga network, at mga mapagkukunang kailangan upang magalugad ang desentralisadong sistema. Ang sistemikong kahirapan mula sa COVID-19 ay malamang na magpapalala sa mga umiiral na limitasyon.

Rekomendasyon: Dapat muling buuin ng Lungsod ang Komite sa Paghahanay ng Puwersa ng Paggawa sa Buong Lungsod upang magtatag ng komprehensibong istratehiya sa pagpapaunlad ng Puwersa ng Paggawa, gawing sentralisado ang pag-uugnay-ugnay ng mga programa ng puwersa ng paggawa, at magtatag ng isang mapagkukunan ng impormasyon at mapapasukan para sa lahat ng programa ng pagpapaunlad ng puwersa ng paggawa ng Lungsod. Kung magbabago ang batas ng estado upang mapahintulutan ito, maaaring maging kabilang sa istratehiya ang mga pagsasaalang-alang sa lahi at kasarian sa pampublikong trabaho upang itaguyod ang pagtanggap sa mga Itim, katutubo, at mga taong hindi puti ang lahi (BIPOC) at iba pang bulnerableng miyembro ng komunidad.

2.2 Magkaloob ng karampatang tumutugon sa kultura maa-access na pagsasanay sa trabaho na may mga koneksyon sa karera para sa mga manggagawang nasa laylayan ng lipunan at natanggalan ng trabaho, partikular na ang mga manggagawa sa sektor na ACHE

Isyu: Ang mga epekto sa kawalan ng trabaho ng COVID-19 ay nagkaroon ng partikular na malaking epekto sa mga manggagawang maliit ang kita sa San Francisco at sa mga nagsisimula pa lamang magtrabaho, mga nasa edad na 16 hanggang 24 na taong gulang. Ang mga sektor ng ACHE ay inaasahang magkaroon ng mas mabagal na pagbangon sa ekonomiya kaysa sa ibang mga sektor, na nauuwi sa kawalan ng oportunidad ng maraming manggagawa na bumalik sa kanilang trabaho at/o industriya sa malapit na hinaharap. Ang mga sektor na ito ay higit na nagbibigay ng trabaho sa mga kababaihan, mga taong hindi puti ang lahi, at mga imigrante, at ang mga naghahanap ng trabaho na ito ay mangangailangang kumonekta sa mga oportunidad sa iba't ibang industriyang maaaring mangailangan ng mga bagong kasanayan. Ang umiiral na pagsasanay sa sektor at pokus sa pagtatalaga sa trabaho ay maaaring hindi ganap na matugunan ang mga darating na pangangailangan sa pagpapaunlad ng puwersa ng paggawa dahil lubhang nagbago ang ekonomiya at ito ay magpapatuloy.

Rekomendasyon: Upang matugunan ang mga mabilis na nagbabagong pangangailangan ng puwersa ng paggawa ng San Francisco, partikular na ang mga lumilipat mula sa mga sektor ng ACHE, ang OEWD, sa pakikipagtulungan ng ibang mga kagawaran ng Lungsod na nangangasiwa sa mga programa ng puwersa ng paggawa, ay dapat magkaloob sa mga naghahanap ng trabaho ng mga kailangang-kailangang pagsasanay sa trabaho na direktang kumukonekta sa mga daan tungo sa mapapanatiling karerang may magandang suweldo at mga benepisyo:

- Lumikha ng pangkalahatang plano sa puwersa ng paggawa sa panahon ng pandemya sa pakikipagtulungan sa komunidad, mga empleyado, at mga unyon, na kahalintulad ng California High Roads Training Partnership, upang matugunan ang mga partikular na pangkomunidad na pangangailangan ng puwersa ng paggawa at mga pangangailangan sa kalakaran sa trabaho.
- Palawakin ang mga programa ng pagsasanay bago ang pagiging aprentis sa mga sektor na pangkonstruksyon at hindi pangkonstruksyon.
- Lumikha ng trabahong nakatuon sa sining at mga programa ng muling pagsasanay na maaaring kabilangan ng "Arts Hub" online upang konektahin ang mga gawain ng sektor ng ACHE at mga organisasyong may mga oportunidad sa trabaho at pagsasanay.
- Baguhin ang mga programa ng pagsasanay upang tugunan ang mga kasanayang kailangan para sa mga pangkasalukuyan, kailangang-kailangang oportunidad sa trabaho, na may atensyon sa kalidad ng trabaho (makakapamuhay na sahod, mga benepisyo, at mga proteksyon ng mga manggagawa).
- Makipagtulungan sa pribadong industriya upang maghandog ng higit pang mga may bayad na oportunidad ng pagsasanay.
- May istratehiyang paghahatid ng maa-access na pagsasanay na magpapahintulot ng parehong pag-aaral sa klase na ligtas para sa mga estudyante at guro, at online na pag-aaral.
- Bumuo ng higit pang samahan kasama ang unyon para sa mga programa ng pagsasanay upang magkaloob ng mga daan tungo sa karera para sa mga trabahong may mabuting suweldo.
- Pag-ugnayin ang lahat ng bagong programa ng pagsasanay upang idirekta ang mga oportunidad sa karera sa pagtatapos sa programa na inuuna ang pinakadesabantahe.
- Pagtuunan ang pakikipag-ugnayan at mga sumusuportang serbisyo para sa mga komunidad na disabentaha upang mapabuti ang pakikibahagi at pagkumpleto ng mga programa.
- Tasahin ang patuloy na batayan kung ang mga programa ng trabaho sa Lungsod ay tumutugon sa mga kasalukuyang pangangailangan ng mga employer at naghahanap ng trabaho sa San Francisco, partikular na ang mga walang trabahong manggagawa ng ACHE at bulnerableng populasyon, at baguhin ang mga ito kung kailangan upang maghatid ng mga programa ng trabahong tumutugon sa kultura.

2.3 Patatagin ang pagpapatupad ng patakarang First Source Hiring

Isyu: Ang COVID-19 ay lumilikha ng trabahong nagdudulot ng higit pang pagkadisbentaha sa mga naghahanap ng trabaho na may kaunting karanasan sa trabaho at higit pang hadlang sa trabaho, dahil nakikipagkumpitensya sa trabaho ang mga indibidwal na may labis na kuwalipikasyon at pinupunan ang mga trabahong sana ay makukuha. Ang mga kabataang nasa edad na 16 hanggang 24 na taong gulang na may kaunting panahon upang makakuha ng karanasan sa trabaho ay mahaharap sa pangmatagalang pagkadisbentaha dahil sa kasalukuyang kalakaran sa trabaho.

Kahit bago ang COVID-19, upang maremedyuhan ang pagkadisbentahang kinakaharap ng mga manggagawang imigrante, minorya, babae, may kapansanan, bata, at matatanda, pinagtibay ng Lungsod ang lehislasyong "First Source Hiring" at "Local Hire." Pareho sa mga ordinansang ito ay nag-aatas na mabigyan ng preperensya ang mga disbentahang San Franciscan ng mga negosyong nakikibahagi sa Lungsod sa iba't ibang konteksto. Ang lehislasyong Local Hire ay espesipiko sa mga proyekto ng konstruksyon, at ang First Source ay karaniwang nakatuon sa mga lease, kontrata para sa bagay na ibinibenta o serbisyo, at mga kaginhawaan sa pagsosona ng kondisyonal na paggamit. Ang dalawang ordinansa ay may malalaking pagkakaiba sa kanilang mga iniaatas at pagpapatupad, na mauuwi sa higit na naiibang kinalabasan. Para sa mga employer na may obligasyon sa First Source, kumpara sa mga employer ng Local Hire, mayroong mas mababang antas ng pagkuha ng mga kalahok sa sistema ng puwersa ng paggawa at mas kakaunting kakayahang makuha at masubaybayan ang mga pagtanggap sa trabaho at pagpapanatili sa trabaho sa pagdaan ng panahon.

Inilabas kamakailan ng Budget and Legislative Analyst (BLA) ng Lupon ng mga Superbisor ang ulat ng pagganap ng pag-oodit sa mga programa ng puwersa ng paggawa, kabilang ang First Source Hiring at Local Hire. Kabilang sa mga dokumentong iyon ang mga rekomendasyon para sa mga pagpapabuti sa parehong espasyo.

Rekomendasyon: Ang OEWD ay dapat magtulungan upang tumugon sa mga rekomendasyon sa ulat kamakailan ng BLA, at bilang bahagi ng pagsusumikap na iyon, dapat nitong isama ang mga rekomendasyon ng ERTF upang mapabuti ang First Source Hiring upang matiyak na ang nga disbentahang San Franciscan ay may access sa mga oportunidad sa trabaho sa San Francisco. Ang mga pagpapabuti ay dapat:

- Matiyak ba ang mga oportunidad sa trabaho ay makukuha ng mga disbentahang San Franciscan.
- Iugnay ang mga nagtapos sa mga programa ng pagsasanay sa mga nauukol sa trabaho sa larangan o industriyang iyon.
- Mas ganap na maisakatuparan ang mga potensyal na kahihinatnan mula sa First Source Hiring

> **Bilang isang may-ari ng maliit na negosyo, sinusubukan kong matiyak na ligtas ang pakiramdam ng aking mga empleyado. Ito ay isang bulnerable at maselang sitwasyon. Kahit na ikaw ay isang mahalagang negosyo, kailangan pa ring maramdaman ng mga tauhan na sila ay ligtas."**
> ***Miyembro ng Puwersa ng Pagkilos***



2.4 Palawakin ang may subsidyong programa ng trabaho at pagtanggap sa trabaho – JobsNOW! at partikular sa sining

Isyu: Ang kawalan ng trabaho sa San Francisco ay tumaas ng halos 500% simula Pebrero 2020. Ang pinansyal kahirapan ay nakatakdang tumaas dahil sa pagwawalas ng mga benepisyong Karagdagang Kompensasyon sa Panahon ng Pandemya para sa seguro sa kawalan ng trabaho noong Hulyo 31, ang ilang industriya ay mabagal ang pagbalik sa trabaho, maraming negosyo ang nananatiling sarado o malaki ang ibinawas sa mga operasyon, at maraming manggagawa ang hindi pa ring nakakakonekta sa mga bagong oportunidad sa trabaho. Maraming indibidwal na pinakaapektado ng pandemya – minorya, matatanda, may kapansanan, at manggagawang mababa ang kita – ay ang parehong manggagawang may napakataas na antas ng pagkawala ng trabaho bago ang pandemyang COVID-19.

Upang matugunan ang Great Recession, ang Human Services Agency (HSA) ay naglunsad ng JobsNOW! na may subsidyong programa ng trabaho noong 2009 bilang isang bahagi ng programang Temporary Assistance for Needy Families (TANF) sa tulong ng American & Reinvestment Act stimulus. Ang programa ay nakatuon upang tulungan ang mga lokal na negosyo, bawasan ang kawalan ng trabaho, at maglagay ng higit pang mga dolyar sa ekonomiya. Ipinagpapatuloy ang programang ito kasama ang TANF, pang-estado, at lokal na pagpopondo. Ang programa ay pangunahing pinaglilingkuran ang mga indibidwal na nasa CalWorks (TANF), mga benepisyo ng General Assistance, CalFresh (isang programa ng Supplemental Nutrition Assistance Program), mga residente sa pampublikong pabahay, foster na kabataan, at mga taong sangkot sa hustisya.

Rekomendasyon: Dapat palawakin ng HSA ang JobsNOW! na may subsidyong programa ng trabaho upang magkaroon ng higit pang mga pangmatagalang benepisyo para sa parehong mga manggagawa at employer, lumikha at magtaguyod para sa mga insentibo ng employer, at suportahan ang higit pang mga trabaho.

Ang pagpapalawak ng JobsNOW! ay dapat:

- Magkaloob ng higit pang mga may subsidyong oportunidad sa trabaho
- Magkaloob ng mga oportunidad sa trabaho na may daan tungo sa karerang pagkatapos ng may subsidyong trabaho
- Hikayatin ang pag-apply sa trabaho, enrollment, at mga oportunidad sa trabaho online
- Mas kaunting hadlang para makasali ang maliliit na negosyo at naghahanap ng trabaho
- Palawakin ang pakikipag-ugnayan sa mga taong walang trabaho para magkaroon ng mas malaking kaalaman sa mga oportunidad sa trabaho
- Pokus sa pakikipag-ugnayan sa mga komunidad na pinakabulnerable, partikular na ang mga naghahanap ng trabaho na mayroong mahigit sa isang desabantaheng pagkakakilanlan
- Lumikha/Magtaguyod para sa lokal/pang-estadong mga kredito ng buwis sa employer ng puwersa ng paggawa

Bukod sa pagsusumikap para sa JobsNOW! na ito, ang OEWD, Arts Commission, at ang Office of the sCity Administrator (Grants for the Arts) ay dapat isaalang-alang ang mga pangangailangan ng mga manggagawa ng sektor ng ACHE at magtulung-tulungan upang bumuo ng naiakmang programa ng trabaho na nagpapatatag sa isang malikhaing ekonomiya, na katulad ng mungkahi ng Creative Corps na isinumite sa Puwersa ng Pagkilos para sa Pagbangon ng California.

3. Pagtatag ng Ligtas na Muling Pagbubukas

3.1 Magkaloob ng malinaw, maikling komunikasyon sa maraming wika sa iba't ibang sektor ng negosyo sa muling pagbubukas at pagbangon mula sa COVID-19

Isyu: Ang mga negosyo, partikular na ang maliliit na negosyo at nonprofit sa kapitbahayan, ay nangangailangan ng malinaw na gabay at suporta mula sa pamahalaan ng Lungsod sa mapanghamong panahong ito. Ang malalaking negosyo at network ay maaaring magkaroon ng kapasidad sa mismong negosyo upang iakma ang mga plano ng negosyo, mag-apply para sa pinansyal na tulong, ngunit kahit sila ay nangangailangan ng maikling gabay mula sa pamahalaan ng Lungsod sa mabilis na nagbabagong panregulatoryong konteksto sa kasalukuyan.

Rekomendasyon: Isang maraming aspetong komprehensibong kampanya ang dapat na buuin upang magkaloob ng malinaw, maikling komunikasyon sa maraming wika at sa iba't ibang sektor ng negosyo at nonprofit sa mga sumusunod na paksa:

- Ang kalusugan at kaligtasan (paano pananatilihing ligtas ang mga empleyado at customer, na iniatas ng mga pisikal na pagbabago para sa kaligtasan ng kalusugan, atbp.)
- Mga programa ng Lungsod (gaya ng paggamit ng espasyo sa labasan)
- Pinansyal na suporta ng Estado (mga gawad, pagpapautang, pagpapaliban ng buwis sa negosyo, atbp.)
- Mga koneksyon sa suportang hindi mula sa Lungsod (mga oportunidad ng samahan, mga oportunidad na pangkawanggawa)
- Mga koneksyon sa pang-Estado at Pederal na na programa sa tulong pinansyal
- Teknikal na suporta upang gabayan ang maliliit na negosyo sa pamamagitan ng mga proseso ng pagbangon
- Mga update sa pananaw sa ekonomiya at pandemya, nang sa gayon ay makagawa ng mga projection ang mga negosyo

Ang COVID Command Center (CCC, Sentrong Taga-utos sa Panahon ng COVID) ay dapat pag-ugnayin ang mga pagsusumikap mula sa OEWD at mga kagawarang nakikibahagi sa pagbibigay ng permit sa negosyo, regulasyon, mga inspeksyon at paggawa ng gawad at mga kasama sa komunidad na may kakahayan sa wika at kultura.

3.2 Alisin ang mga hadlang sa pagkuha ng PPE, pagsusuri, at pagsubaybay sa mga mababa ang kita at mga komunidad hindi puti ang lahi

Isyu: Ang ekonomiya ng San Francisco ay hindi maaaring bumangon mula sa krisis ng COVID-19 maliban kung ang mga residente nito ay maaaring manatiling ligtas mula sa impeksyon. Ang sapat na Personal Protective Equipment (PPE) at mga supply sa paglilinis ay kritikal sa pagpapanatiling ligtas sa mahahalaga at mga pangunahing manggagawa. Ang mga supply na ito ay kumakatawan sa patuloy na gastos para sa mga negosyo, nonprofit, at indibidwal, na maaaring pasanin kapag ang mga kita ay bumaba. Bukod dito, ang mga isyu sa supply chain ay nangangahulugan na ang maliliit na negosyo at indibidwal ay maaaring mahirapang makakuha ng PPE sa makatwirang halaga.

Gayundin, ang access sa testing at tracing ay kritikal sa pagpigil ng pagkalat ng COVID-19 at ligtas na muling pagbubukas ng lungsod. Ang testing na nangangailangan ng tagubilin ng doktor, appointment, o paglalakbay sa ibang kapitbahayan ay binabawasan ang pagkamaa-access para sa mahihinang populasyon at lumilikha ng karagdagang panganib. Ang walk-up (hindi nagpa-appointment) na testing ay partikular na kailangang-kailangan sa mga kapitbahayan ng Itim/Aprikanong Amerikano at Latino/a/x, kabilang ang Bayview, Filmore, at Mission. Ang mga taong nawalan ng kanilang mga trabaho ay maaari ring nawalan ng kanilang segurong pangkalusugan, na ginagawang mas mahalaga ang libreng testing. Ang maa-access na testing ay partikular na kritikal para sa mahahalaga at mga pangunahing manggagawa, na mas malamang na magkasakit at ikalat ito sa kanilang mga kasambahay o katrabaho. Ang contact tracing (pagsubaybay sa nakalapit sa taong may COVID) ay dapat nasa wika at tumutugon sa kultura upang maging mabisa.

Rekomendasyon: Upang masiguro ang kaligtasan, madaling maa-access na testing para sa mga taong dapat umalis ng kanilang bahay upang magtrabaho, at matatag na contact tracing na kahanay ng mga priyoridad sa pagkakapantay-pantay ng Lungsod at inilabas na iniaatas sa pagkakapantay-pantay kamakailan ng California para sa bai-baitang na sistema sa panganib nito, ang COVID Command Center, sa pakikipagtulungan ng Pampublikong Kalusugan, ay dapat:

- Bumuo ng pangkalahatang istratehiya upang mabawasan ang pagkahantad at panganib, kabilang ang at partikular na para sa komunidad na hindi puti, upang iwasan ang hiwa-hiwalat na pagresponde.
- Patuloy na magkaloob ng PPE na libre o nasa mababang halaga sa mga indibidwal na mababa ang kita, mga organisasyon na nakabase sa komunidad, nonprofit, at maliliit na negosyo.
- Patuloy na palawakin ang kakayahan sa testing, magkaloob ng pagkakapantay-pantay nang ayon sa heograpiya, bawasan ang mga oras ng paghihintay para sa mga appointment at resulta, at alisin ang anumang hadlang (dapat maging libre ang testing, makukuha kung pumunta nang hindi nagpa-appointment, at para sa mga taong walang sintomas) sa pamamagitan ng magkasamang pagsusumikap ng DPH, OEWD, ang Human Rights Commission (HRC), Joint Information Center (JIC) Community Branch, at Neighborhood Emergency Response Team (NERT). Ang pagsusumikap na ito ay dapat bumuo mula sa lugar ng testing ng Puwersa ng Pagkilos ng Mission Latino upang magkaloob ng testing sa mga pinagkakatiwalaang organisasyong pangkomunidad. Pinakamainam na, ang pagsusuri ay dapat makuha nang malapit sa mga lugar na pinagtatrabahuhan. Habang nagkakaroon na ng mga bakuna at/o paggagamot, siguraduhin na ang mga lugar ng paghahatid para sa mga ito ay maa-access at tumutugon sa kultura.
- Ihanda at paunang sanayin ang mga mapagkukunan para sa contact tracing nang sa gayon ang madaling maisasagawa ng Lungsod ang gawaing ito kung kailangan kung dumami ang mga positibong kaso ng COVID-19.
- Pag-ugnayin sa rehiyon ang contact tracing upang mapigilan ang pagkalat ng COVID-19. Ang mga residente sa buong Bay Area ay bumibiyate patungo at mula sa trabahong mula sa ibang mga county.
- Palawakin ang programa ng pagkakaloob ng sakay pauwi sa mahalagang manggagawa upang isama ang transportasyon sa lugar ng testing.

3.3 Tiyaking ligtas ang mga kapaligiran para sa trabaho para sa lahat ng manggagawa, lalo na ang mga manggagawang mababa ang kita

Isyu: Ang mga Centers for Disease Control and Prevention (CDC) ay inilalarawan na ang mga "tao ay mas nanganganib lamang na magkaroon ng malubhang sakit" sa mga klinikal na sukat. Ang pamamaraang ito ay nagdudulot ng panganib sa kakulangan ng pamumuhunan sa mga populasyong nahaharap sa estruktural na kawalan ng pagkakapantay-pantay sa mga resultang pangkalusugan na nangangailangan ng mas malaking mapagkukunan upang manatiling malusog.

Tinutukoy rin ng DPH ang mga sumusunod na populasyon bilang mas nanganganib na magkaroon ng mas malubhang sakit at kamatayan mula sa COVID-19 dahil sa estruktural na kawalan ng pagkakapantay-pantay:

- Komunidad ng Itim/Aprikanong Amerikano
- Komunidad ng Latino/a/x
- Komunidad ng mga Katutubong Amerikano/Katutubo
- Komunidad ng Taga-isla Pasipiko
- Mga imigrante at mga taong walang dokumento
- Mga taong may mga kapansanan
- Mga taong nakakaranas ng kawalan ng tirahan

Tinukoy ng DPH ang mga sumusunod na populasyon bilang mas nanganganib dahil nararanasan nila ang mga kondisyong nagpapadali sa pagkalat ng impeksyon ng COVID-19:

- Mga taong naninirahan sa mga sitwasyong mataas ang densidad
- Mga taong ang kabuhayan/kondisyon sa trabaho ay may malaking mapangib
    - Mahahalagang manggagawang may matagal na pagkontak sa publiko (halimbawa, mga manggagawang nagsisilbi ng pagkain)
    - Mga taong walang paid sick leave (may bayad na pagliban sa trabaho kapag may sakit) at/o insurance sa kalusugan
    - Mga sex worker
    - Mga taong mababa ang kita na dapat madalas na lumabas sa publiko para sa mga mapagkukunan

Ang BIPOC at mga manggagawang mababa ang kita na may limitado o walang opsyong ligtas na mag-shelter-in-place ay lumilikha ng mga panganib para sa ibang mga miyembro ng kanilang sambahayan, kanilang lugar na pinagtatrabahuhan at kanilang mga komunidad. Dapat unahin ng San Francisco ang proteksyon at kaligtasan ng mga taong may estruktural na hadlang sa mga resultang pangkalusugan. Kung wala ang ligtas na kapaligiran sa trabaho para sa mga mas nanganganib na populasyong nakalista sa itaas, patuloy na kakalat ang COVID-19 at pipigilang makabangon ang San Francisco.

Rekomendasyon: Upang bawasan ang antas ng impeksyon ng COVID-19 sa mga taong dapat magtrabaho sa labas ng tirahan at kanilang mga komunidad, ang Lungsod ay dapat:

- Makipagtulungan sa mga organisasyong pangkomunidad upang maghatid ng PPE at bigyan ng edukasyon ang mga may-ari ng negosyo, lider ng nonprofit at mga manggagawa tungkol sa PPE, mga protokol sa kaligtasan, pagsunod, sariling pag-uulat, mga modelong patakaran sa sick leave, at kung ano ang gagawin kung ikaw o ang iyong katrabaho ay nahantad, nakakaramdam ng mga sintomas, o nasuriang positibo.
- Tiyakin na ang mga operasyon ng pagresponde sa COVID-19 ay mayroong mga matatag na plano ng kaligtasan sa lugar.

- Patuloy na pondohan ang Programa ng Karapatang Bumangon, na naggagarantiya ng dalawang linggo ng mga bayad na sahod sa sinumang nasuriang positibo at walang alternatibong access sa kita o mga benepisyo sa panahon ng kanilang paggaling.
- Ibalik ang Programa ng Pagbibigay ng Pabahay sa Komunidad ng Higit na Nanganganib at magkaloob ng tumutugon sa kultura na pabahay para sa pagbubukod ng sarili sa mga nahantad na manggagawang mababa ang kita at sa mga komunidad hindi puti ang lahi.

3.4 Suportahan ang kalinisan, kalusugan, at kaligtasan sa mga pampublikong espasyo

Isyu: Ang mga hindi malinis na kalye ay naapektuhan ang ating mga residente, bumibisita, at mga negosyo, na lumilikha ng tunay at nahihinuhang pag-aalala sa kaligtasan, kalusugan, at kaginhawaan. Sa kainan at mga opsyon sa pagsa-shopping sa labasan na pinakaligtas na paraan ng aktibidad ng negosyo sa panahong ito, ang malilinis na kalye at pampublikong espasyo ay higit na mahalaga. Para makabangon ang mga negosyo at institusyon ng San Francisco, dapat maramdaman ng mga residente at bumibisita na sila ay ligtas na bumalik sa ating mga kapitbahayan, mga pangkomersyong sentro, at mga pampublikong espasyo.

Rekomendasyon: Upang mapabuti ang kalinisan ng mga esoasyo, kapitbahayan, residente at negosyo, ang mga Public Works (PW), OEWD, Recreation and Parks Department (RPD), Department of Public Health (DPH), mga Community Benefits District (mga CBD), mga organisasyong nakabase sa komunidad (mga CBO) na nagkakaloob ng mga serbisyo ng paglilinis, at mga organisasyon ng mangangalakal sa lahat ng kapitbahayan ay dapat magtulung-tulungan upang:

- Lumikha ng isang pamamaraang sistematiko at nakahanay sa pampublikong kalusugan at kaligtasan sa mga kondisyon ng kalye na pinagsasama ang mga pampubliko at pribadong serbisyo upang gumawa bilang isang pangkat ang lahat ng panig.
- Bumuo ng isang kampanya sa pakikipagtulungan sa mga organisasyon ng turismo, negosyo, at sining upang bigyang-diin ang malinis at ligtas na mga kalye ng San Francisco sa kabuuan ng mga kapitbahayan nitong may dibersidad upang maipanumbalik ang pakiramdam na kaligtasan na may layuning dagdagan ang mga bumibisita.

Upang mapabuti ang hindi magandang kalagayan ng mga kalye sa pangmatagalang paraan na tunay na naghahatid ng mas mabuting pampublikong kalusugan at kaligtasan, dapat mamuhunan ang Lungsod sa pagtalakay sa pinag-ugatan ng mga kalagayang iyon: ang dalawang hamon ng mga sakit sa kalusugan ng pag-uugali at kawalan ng tirahan. Para sa mga istratehiyang nauugnay sa kalusugan ng pag-iisip at mga sakit sa paggamit ng droga o alkohol, tingnan ang Rekomendasyon 7.3. Para sa mga istratehiyang nauugnay sa pagkakaloob ng masisilungan para sa mga taong nakakaranas ng kawalan ng tirahan, tingnan ang Rekomendasyon 7.4.

4. Panatilihin ang mga Operasyon at Bawasan ang mga Pasaning Panregulatoryo



4.1 Palawakin, pahusayin, at suportahan ang Shared Spaces Program

Isyu: Sa panahon ng COVID-19 maraming tindahang negosyo at restawran ay pinagbabawalang magpatakbo sa loob ng pasilidad o papasukin ang mga hindi kumportableng customer. Maraming negosyo ang aasa sa mga operasyon sa labasan hanggang sa mapahintulutan ang mga panloobang negosyo ng pamahalaan at ligtas na para kumportable nang pumasok ang pangkalahatang publiko. Sa mataong lungsod na kagaya ng San Francisco, maraming negosyo ang walang access sa pribadong espasyo sa labasan, ay noong Hunyo 2020, ang Lungsod ay lumikha ng Shared Spaces Program. Sa Shared Spaces, ang mga pampublikong espasyo sa labasan gaya ng bangketa, linya ng paradahan, lane na daanan ng sasakyan, at iba pang mga parke at plaza na magagamit ng mga negosyo sa kapitbahayan para sa mga pagpapatakbong ligtas at may pakikipagdistansya sa isa't isa. Walang singil na nauugnay sa permit na Shared Spaces. Ang pagdagdag ng permit na Just Add Music (JAM) sa Shared Spaces Program, ay nagpapahintulot sa mga negosyong tumanggap ng mga permit para sa libangan o pinalakas na tunog sa espasyo sa labasan. Ang mga layunin ng programa ay upang itaguyod ang pampublikong kalusugan, tumulong na makabangon ang mga nahihirapang negosyo, at mag-ambag sa buhay na aktibidad sa kalye sa ating mga pangkomersyong koridor.

Ang unang ilang buwan ng Shared Spaces ay naging isang tagumpay, na may mahigit 1,600 kabuuang aplikasyon para sa permit na inaprubahan na saklaw ang lahat ng pampangasiwaang distrito. Ngunit, hindi pantay-pantay ang pagpapatibay ng programa sa lahat ng kapitbahayan ng San Francisco.

Rekomendasyon: Ang pangkat ng Shared Spaces ay dapat pagbutihin ang programang Shared Spaces upang gawin itong mas may ekidad, epektibo, at mas handang sumuporta sa pangmatagalang pagbangon ng ekonomiya ng San Francisco. Ang mga kagawaran ng Lungsod ay gumawa na ng mga hakbang upang higit na maalis ang mga pasaning pampangasiwaan at panregulatoryo ng programa at pinasimple na ng husto ang proseso ng aplikasyon. Ang pangkat ng Shared Spaced ay dapat patuloy na maghanap ng mga paraan upang tulungan ang mga negosyong bayaran ang mga gastos, at upang suportahan ang mga alagad ng sining at musiketo upang pahintulutan ang higit pang maiaakmang mga paggamit para sa sining at libangan. Dagdag dito, ang Shared Spaces program ay dapat mapalawig ng tatlong taon hanggang Disyembre 31, 2023 upang mabigyan ang mga negosyo ng insentibong gawing nakakaakut ang kanilang mga espasyo, at bigyan sila ng katiyakan na ang programa ay magiging magandang pamumuhunan.

Dapat ding itaguyod ng Lungsod ang paglaki ng programa sa mga kapitbahayan na kinakitaan ng katamtamang pakikibahagi, gaya ng sa Excelsior, Bayview, at Visitacion Valley. Upang itaguyod ang hindi mahahadlangang pag-access sa right-of-way (karapatan sa pagtawid) ng pedestriyan, dapat hikayatin ng Lungsod ang mga pagsasara ng kalye at ang paggamit ng mga espasyong paradahan sa halip na mga bangketa para sa Shared Spaces. Ang proseso ng pagsasara ng kalye ay maaaring mapabuti sa nakalaang proseso ng ebalwasyon, muling pagbibigay ng ebalwasyon ng mga iniaatas sa paglalagay ng tauhan sa Shared Spaces, at mga akomodasyon para sa mga negosyo sa mga lokasyon na ginagawang mahirap at imposible ang pagpapatakbo sa kalapit na labasan. Ang Shared Spaces ay kumakatawan din sa oportunidad na gawing bahagi ang mga alagad ng sining sa komunikasyon, pampublikong sining, disenyo at konstruksyon ng mga espasyong kainan sa labasan, at/o mga pansamantalang proyekto sa pagbibigay-buhay.

4.2 Muling ipaayos ang pampublikong espasyo sa labasan

Isyu: Ipinakita ng COVID-19 ang kahinaan ng San Francisco pagdating sa seguridad ng pagkain at pangangailangan para sa mga lokal na supply chain, partikular na para sa mga komunidad na mababa ang kita. Sa parehong pagkakataon, ang lubos na nakakahawang katangian ng sakit ay lumikha ng mas malaking pangangailangan para sa espasyo sa labasan dahil maaaring napakamahal ng pag-retrofit ng mga espasyo sa looban para sa daloy ng hangin na mabuti sa kalusugan at pag-okupa. Mahalagang lubusang magamit at mapakinabangan ang paggamit ng pampublikong espasyo sa labasan upang bigyan ang higit pang mga negosyo at residente ng mga opsyon upang galugarin at bumangon mula sa krisis na ito. Ang mga espasyo sa labasan na ito ay maaaring maging mga lugar para sa iba't ibang paggamit kabilangang sining at kultura, rekreasyon, negosyo. Sa pagbuo ng mga bagong paggamit para sa pampublikong bukas na espasyo, ang mga komunidad na may kaunting access sa bukas na espasyo o kulas sa bukas na espasyo ay kailangang isaalang-alang.

Rekomendasyon: Ang mga ahensya ng Lungsod, kabilang ang Planning, RPD, ang Arts Commission at iba pang mga kagawaran na may hawak na yaman ay dapat muling suriin ang paggamit ng pampublikong espasyo sa labasan sa San Francisco at pangasiwaan ang anumang kinakailangang pagbabago sa paggamit upang masuportahan nang mas mabuti ang mga mithiin ng Lungsod pagdating sa pagkakapantay-pantay, katatagan, pagpapanatili ng kapaligiran, at pagbangon ng ekonomiya.

4.3 Magpahintulot ng mas maiaakmang paggamit ng mga espasyong pang-retail sa unang palapag

Isyu: Hanggang sa Agosto 25, 2020, 46% lamang ng mga tindahang negosyo sa San Francisco na bukas sa simula ng pandemya ay nanatiling bukas, ayon sa survey mula sa San Francisco Chamber of Commerce. Malinaw na malaking bilang ng mga negosyong retail ang hindi makakabangon sa pandemya, dahil ang mga bahagi o buong pagsasara upang protektahan ang kalusugan ay nagpapabawas sa kanilang pinanggagalingan ng personal na customer at nagpapatuloy ang dati nang umiiral na mga hamon ng kumpetisyon ng e-commerce at pagiging kumplikado ng regulasyon. Ang mga pangkomersyong lugar ng San Francisco ay mangangailangan ng mabilis at malikhaing muling pagbibigay-buhay upang maakit ang mga customer, mapasigla ang mga kapitbahayan, at mapreserba ang katayuan ng San Francisco bilang isang global na destinasyon.

Rekomendasyon: Ang pagpaplano ay dapat bumuo at magmungkahi ng mga pagbabago upang lumikha ng pleksibilidad para mapunan ang mga bakanteng espasyong pang-retail sa unang palapag sa pamamagitan ng pagpapahintulot ng pinakamalawak na posibleng mga aktibong paggamitm gaya ng mga espasyo para sa gumagawa, sining, kultura, at mga programa ng pagpapaunlad ng komunidad at mga paggamit.

4.4 Muling pag-isipan ang mga patakarang nagbibigay ng restriksyon sa mga pleksibleng/pansamantalang paggamit para sa sining, kultura, ospitalidad at libangan

Isyu: Ang San Francisco ay may matagal nang pangangailangan para sa mas malaking pleksibilidad upang suportahan ang mga pansamantalang aktibidad sa loob ng mga tindahan at sa mga pampublikong espasyo. Ang mga hamon na nakapalibot sa mga iniaatas sa pagbibigay ng permit, paglilisensya sa pagtitinda ng alkohol, at mga gastos na utos ng Lungsod na ipinapataw sa mga pansamantalang kaganapan na maaaring pumigil sa mga kasalukuyang may-ari ng negosyo na magdagdag ng mga pop-up event, pagkain at inumin, at mga pansining na pagtatanghal upang matugunan ang mga nagbabagong pangangailangan ng customer, at hadlangan din ang mga negosyanteng interesado sa paggamit sa hindi nagagamit o bakanteng espasyo. Sa konteksto ng pagbangon sa COVID-19, ang mga pansamantalang pagbibigay-buhay ay magiging mahalagang pamamaraan sa pagpapasigla sa pagpasok ng mga customer sa tindahan, pagpaparami ng pinanggagalingan ng kita, pagpigil sa pagpapaalis, at pagpapahintulot sa mga empresaryo, kapitbahayan, at alagad ng sining sa komunidad na maipakita ang kanilang pagiging malikhain. Sa mga kasalukuyang hadlang sa permit at regulasyon nagiging hamon ang mga naturang paggamit, partikular na sa mahahabang panahon ng paghihintay para sa mga awtorisasyon sa Conditional Use.

Rekomendasyon: Ang OEWD, Arts Commission, at ang Office of the City Administrator (Entertainment Commission), ay dapat magsagawa ng komprehensibong pag-aaral ng mga umiiral na hadlang sa pagbibigay ng permit at regulasyon na nakakaapekto sa mga pansamantalang pagbibigay-buhay sa sining at kultura sa pampubliko at pribadong espasyo. Ang pag-aaral na ito ay dapat kabilangan ng mga awtorisasyon sa pansamantalang paggamit, mga regulasyon sa pinalakas na tunog, mga probisyon sa Police Code, pagbibigay ng permit kaugnay ng kalusugan, mga restriksyon sa pagsosona, seguro sa pananagutan, mga patakaran sa paglilisensya sa pagbebenta ng alkohol, at iba pang mga iniaatas na ginagawang mahirap at mahal ang pansamantalang paggamit ng espasyo. Ang pagsusumikap na ito ay dapat magresulta sa mga rekomendasyon para sa lehislatibong aksyon at pampangasiwaang pagbabago.

4.5 Magkaloob ng mga serbisyong nagbibigay ng impormasyon para sa mga pangkomersyong landlord at nangungupahan at siyasatin ang iba pang mga istratehiya upang maiwasan ang mga foreclosure at pagpapaalis, partikular na sa mga sektor ng ACHE

Isyu: Maraming maliliit na negosyo ang kinailangang magsara upang sumunod sa mga utos na shelter-in-place. Ang mga pagsasarang ito ay nagresulta sa wala o mababang kita para sa maliliit na negosyong ito habang marami sa kanilang hindi nagbabagong gastos ay nananatiling pareho. Maging ang forbearance sa mortgage, mga moratoryo sa pagpapaalis ng tirahan, at mga pagpapaliban sa upa ay hindi maaaring pigilan ang mga nangungupahan na putulin ang mga lease o ang mga landlord na paalisin ang mga nangungupahan. Bukod dito, ang mga landlord na nangangasiwa sa kanilang mga sariling ari-arian ay maaaring walang mga mapagkukunan para sa tulong sa pakikipagnegosasyon, o maaari silang mangailangan ng teknikal na suporta. Ang mga sektor ng ACHE ng San Francisco ay lalong naharap sa ilan sa pinakamalalang epekto sa kabuhayan mula sa pandemya. Sa mga utos na ipinagbabawal ang parehong pagpapatakbo ng mga negosyo sa loob ng pasilidad at malalaking konggregasyon ng mga tao sa loob ng pasildad, mga pangunahing aspeto ng mga pagpapatakbo sa mga sektor ng ACHE, ay nagiging mahirap para sa mga kumpanyang ito na makabangon. Naglabas ang Estado ng isang ehekutibong utos na nagpapahintulot sa mga lokal na hurisdiksyon na ipagbawal ang mga pangkomersyong pagpapaalis hanggang Marso 2021 at ang moratoryo sa pangkomersyong pagpapaalis ng San Francisco ay kasalukuyang magtatapos sa Nobyembre 2022, ngunit kailangan pa rin ng atensyon upang matiyak na makakakapit pa rin ang mga negosyo sa oras na magtapos ang mga proteksyong iyon. Samantala, dapat magsumikap ang Lungsod na tulungan ang mga negosyong maliliit at katamtaman ang laki sa tulong na tumutugon sa kanilang mga pangangailangan sa maikling panahon.

Rekomendasyon: Upang mabawasan ang mga permanenteng pagsasara ng maliliit na negosyo, partikular na ang mga negosyong pag-aari ng o naglilingkod sa mga komunidad na hindi puti ang lahi o disbentahang populasyon, ang OEWD sa pakikipagtulungan ng Tanggapan para sa Maliit na Negosyo ay dapat magkaloob

sa mga landlord at nangungupahan ng mga suporta gaya ng mga serbisyo ng pagbibigay ng impormasyon mula sa mga broker at abogado upang makatulong sa pakikipagnegosasyon ng mga solusyon ay iwasan ang mga pagsasara, pagpapaalis, at/ o mga permanenteng pagsasara. Dapat lalong pagtuunan ng pansin ng OEWD ang mga nahihirapang negosyong ACHE, negosyong PDR, at mga nonprofit, at bumuo sa mga kasalukuyang modelo gaya ng Programa sa Pagpapanatili ng Nonprofit, Programa sa Paghahanda ng Utang, at ang Programa ng Legacy Business upang matulungan silang makabangon. Dapat unahin ng mga pagsusumikap na ito ang mga negosyong may nakakaranas ng matagal na epekto ng COVID-19 at ang mga pinamumunuan ng mga miyembro ng komunidad ng BIPOC o naglilingkod sa mga komunidad na iyon, at isama ang malawakang pakikipag-ugnayan sa mga komunidad na iyo.

4.6 Pag-aralan ang mga mandato sa employer

Isyu: Ang San Francisco ay nakaranas ng malaking gastos sa pakikipagnegosyo bago ang COVID-19, kung saan maraming negosyo ang nagpapatakbo nang may maliit na kita. Simula ng pandemya, ang maliliit na negosyo ay nakaranas ng malaking gastos dahil sa pagbawas o pagkawala ng kita sa panahon ng mga utos na shelter-in-place. Ang mga gastos ng employer pagdating sa pangangalagang pangkalusugan at iba pang mga utos ay may malalaking epekto sa maliliit na negosyo at mga nonprofit ay maaaring hindi na maging pinakamahusay na paraan para maisakatuparan ang mga mithiin sa patakaran sa pangangalagang pangkalusugan ng San Francisco.

Rekomendasyon: Ang Board of Supervisors ay dapat siyasatin ang pagreporma sa mga utos sa employer habang pinipreserba ang mga mithiin sa patakan sa lokal na pangangalagang kalusugan upang matiyak ang saklaw at malaman ang mga implikasyon ng gastos sa mga lokal na negosyo.

5. Ipagpursigi ang Katarungan sa Ekonomiya



5.1 Mamuhunan sa mga komunidad ng BIPOC at imigrante

Isyu: Ang mga deka-dekadang estruktural na diskriminasyon sa pabahay at trabaho ay nagdulot ng hene-henerasyong agwat sa yaman sa pagitan ng mga pamilyang BIPOC at imigrante at kanilang mga kasabayang puti. Ang mga kawalan ng pagkakapantay-pantay na ito ay naging sanhi ng mas mababababang antas ng pagmamay-ari, paglaki ng mga epekto ng gentrification/ pagpapaalis, at nabawasang mga oportunidad sa trabaho. Bago ang COVID-19, ang komunidad ng Itim/Aprikanong Amerikano ang pinakanaapektuhan ng Great Recession at krisis ng foreclosure na kinahinatnan nito. Bukod dito, ang mga komunidad ng BIPOC at mga imigrante ay higit na malamang na magtrabaho sa mga industriyang nagsara dahil sa COVID-19 o sa mga trabahong hindi maaaring gawin sa tahanan.

Isa pang pangunahing salik na partikular na nakakaapekto sa yaman ng mga komunidad ng Itim/Aprikanong Amerikano at imigrante ay ang pagpupulis. Ang mga Itim/Aprikanong Amerikano ay sumasailalim sa napakaraming pag-aresto, paggamit ng puwersa, at pagkakakulong, at ang mga imigranteng komunidad ay naharap sa mga pag-atake mula sa Administrasyong Trump. Habang mayroong maraming lokal na programang sumusuporta sa mga populasyong Itim/Aprikanong Amerikano at imigrante, walang pangkalahatang pagsusumikap upang bawasan ang agwat ng yaman

Rekomendasyon: Dapat pag-ugnayin at pamunuan ng HRC ang isang programa ng pamumuhunan ng komunidad na pangreparasyon na bubuo mula sa mga kasalukuyang plano upang idirekta ang mga pondo mula sa badyet sa Police Department upang tugunan ang mga kawalan ng pagkakapantay-pantay sa mga komunidad na Itim/Aprikanong Amerikano sa San Francisco. Ang pag-unawang mayroong kasalukuyang itinalagang prosesong pangkomunidad na pinamumunuan ng HRC upang pangasiwaan ang $120 milyon inilaan mula sa Kagawaran ng Pulisya sa kasalukuyang badyet, inirerekomenda ng Puwersa ng Pagkilos ang mga pamumuhunan na nakatuon sa mga komunidad na Itim/Aprikanong Amerikano at imigrante sa mga sumusunod na aspeto:

- Pangangalaga sa bata at edukasyon sa maagang pagkabata
- Pinalawak sa suporta sa pabahay upang manatili sa San Francisco, kabilang ang mga kabataang nasa transisyonal na edad
- Mga serbisyo para sa kalusugan ng pag-iisip at kalusugan ng pag-uugali
- Pagpapaunlad ng puwersa ng paggawa
- May subsidyong trabaho at iba pang suporta sa kita, kabilang ang gawaing pansining at pangkultura.
- Suporta sa maliit na negosyo, pangkomersyong koridor, co-op, at pagnenegosyo
- Pagtugon sa pagkakahating digital
- Pagpapalawak ng mga pinansyal na serbisyo

Bukod sa mga pagsusumikap na ito, dapat patuloy na unahin ng San Francisco ang mga programa at inisyatibang tumutugon sa pagkawala ng pagkakapantay-pantay sa yaman sa mga komunidad hindi puti ang lahi at komunidad ng imigrante upang itaguyod ang pagbangon na may pagkakapantay-pantay.

5.2 Tiyakin na ang mga nag-aaral na batang napapabilang sa mga pamilyang may mababang kita ay may access sa programang pang-edukasyon

Isyu: TUpang maiakma sa COVID-19, ang San Francisco Unified School District (SFUSD) ay lumipat sa distance learning noong Marso at sinimulan ang taon ng pasukan sa panahon ng taglagas ng 2020 nang naka-distance din. Ang mga kasalukuyang agwat ng pagtamasa ayon sa lahi at sosyo-ekonomiks ay inaasahang lalawak dahil sa kawalan ng pagkakapantay-pantay sa pag-access sa mga computer, koneksyon sa internet sa tahanan, at pagkawala ng direktang pagtuturo mula sa mga guro, at/o kawalan ng kakayahang pinansyal na suplementuhan ang mga plano ng pag-aaral ng SFUSD. Ang mga magulang na mababa ang kita ang pinakamalamang na mag-uulat na ang kanilang mga anak ay kaunti ang ginagawa o walang ginagawang remote na pag-aaral sa San Francisco. Ang pagbuo ng mga "pandemic pod" sa ilang pamilya ay banta sa pagpapalala ng kawalan ng pagkakapantay-pantay na ito. Bilang pagtugon, bubuo ang DCYF ng mga Community Learning Hub sa buong Lungsod upang paglingkuran ang hanggang 6,000 estudyante ng SFUSD na may malaking panganib ng hindi pamamahagi sa pamamagitan ng distance learning.

Rekomendasyon: Sa suporta mula sa mga kasamang gaya ng RPD, Pampublikong Aklatan, SFUSD, at mga CBO, ang DCYF ay dapat magsumikap na pakinabangan ang mga Community Hub upang magkaloob ng hindi lamang ng lubos na pag-aaral at teknikal na suporta para sa hanggang 6,000 higit na nanganganib na kalahok ng Learning Hub, ngunit ng mga serbisyo at suporta rin upang tumulong na madugtong ang mga kawalan ng pagkakapantay-pantay sa pag-aaral. Dapat humanap ng mga mapagkukunan ang Lungsod upang matiyak na maaaring mapahupa ng mga Hub ang pagkawala ng pag-aaral sa mga estudyanteng napapabilang sa mga pamilyang mababa ang kita, estudyanteng hindi puti ang lahi, at mga estudyanteng may ibang mga hamon para sa distance learning sa ninanais na antas ng serbisyo.

5.3 Repormahin ang mga multa at singil na ipinapataw ng San Francisco upang mabawasan ang mga pinansyal na pasanin na nagdudulot ng kawalan ng pagkakapantay-pantay sa mga taong mabababa ang kita at mga komunidad na hindi puti ang lahi

Isyu: Ang pagpapataw ng mga multa at singil ay lubos na nakaapekto sa mga taong may mababang kita at mga taong mula sa mga komunidad na hindi puti ang lahi. Ang mga multa at singil ay kadalasang lumalaki, na nagiging mga kabayarang hindi nababayaran na nauuwi sa mas mababang credit score o nasuspinding lisensya sa pagmamaneho.

Habang ang Treasurer and Tax Collector (TTX) ay maraming nagawa sa nakalipas na ilang taon upang mabawasan at alisin ang mga singil na ito para sa pinakamahihina, mayroon pa ring mga multa at singil na tinukoy ang mga grupo ng komunidad at mga naapektuhang indibidwal bilang nangangailangan ng mga reporma.

Rekomendasyon: Ang mga departamento ng Lungsod na nagpapataw ng mga multa at singil ay dapat ipagpursigi ang mga reporma upang gawin pantay-pantay ang mga ito:

- Mga Reporma sa Proseso
    - Magsagawa ng pagrerepaso sa ekidad ng lahat ng multa ayon sa lahi at kabuhayan kada dalawang taon sa pamamagitan ng proseso ng pagbabadyet ng Punong-bayan.
    - Paluwagin ang pampangasiwaang pasanin para sa mga departamento na maghandog ng mga diskwento sa multa at singil para sa mga San Franciscan na mababa ang kita sa pamamagitan ng paggamit ng database ng pagberipika ng kita ng HSA.
    - Palawakin ang elehibilidad para sa umiiral na mga diskwento sa multa at singil.
    - Magsagawa ng pakikipag-ugnayan upang matiyak na alam ng mga tao ang tungkol sa mga diskwento sa multa at singil na magagamit nila.

- Repormahin ang mga sistema ng kawalan ng pagkakapantay-pantay para sa mga taong may mababang kita at mga komunidad na hindi puti ang lahi
    - Muling isipin ang ating sistema ng pagbabayad-pinsala sa biktima at ibalik ang nakaligtas sa krimen at mga nasasakdal na nakakaranas ng kahirapan.
    - Patawarin ang utang na suporta sa bata na siyang pagkakautang ng mga magulang na mababa ang kita sa pamahalaan.
- Mga multa at singil sa transportasyon
    - Tiyakin na ang kakayahang magbayad ay hindi hadlang sa pagsakay sa transit.
    - Tiyakin na ang mga nakatira sa sasakyan ay may access sa mga serbisyo at oportunidad para sa pabahay.
- Iba pang mga Reporma
    - Bawasan o alisin ang mabigat na singil sa permit para sa mga nagtitinda sa bangketa at mga micro-entrepreneur.
    - Huwag gawing krimen at repormahin ang pagti-ticket sa kalidad ng buhay na pinaparusahan ang mga tao dahil sa kanilang kahirapan.

5.4 Magkaloob ng mga computer na may mataas na kalidad sa bulnerableng populasyon

Isyu: Ang pag-access sa mga computer ay higit pang mas mahalaga dahil maraming personal na serbisyo ay ginawang online. Kailangan ng mga San Franciscan ang compuer upang i-access ang mga aplikasyon para sa mga benepisyo, oportunidad sa trabaho, medikal na appointment, oportunidad para sa distance learning para sa mga bata, at upang maiwalan ang pagbubukod ng sarili para sa matatanda. Sa parehong pagkakataon, hindi magagamit ang mga computer lab na karaniwang ginagamit ng publiko.

Ang pagkakahating digital ay lubos na nakakaapekto sa mga may mababang kitang residente, matatanda, mga taong may mga kapansanan, at may limitadong kahusayan sa Ingles. Habang ang lungsod ay kasalukuyang nagsusumikap na magpamahagi ng mga computer, lubos na nahihigitan ng kasalukuyang pangangailangan ang supply.

Rekomendasyon: Ang Department of Technology (SFDT) at MOHCD (Office of Digital Equity) ay dapat bumuo ng programa upang mapangasiwaan ang donasyon ng mga computer na may mataas na kalidad at kaugnay na teknolohiya na hindi na kailangan ng mga lokal na kumpanya na ipamahagi sa mga indibidwal na nangangailangan. Ang programa ay bubuo ng plataporma, mga pamantayan, at proseso ng pamamahagi para sa ibinigay na computer.

5.5 Pagdugtungin ang pagkakahating digital sa pamamagitan ng abot-kayang konektibidad at serbisyo ng internet

Isyu: Katulad ng pangangailangan ng mga San Franciscan na magkaroon ng access sa mga computer, kailangan din nila ng konektibidad sa internet upang malampasan at makabangon mula sa krisis ng COVID-19. Mayroong maraming hadlang na mas lalong lumilikha ng digital na pagkakahati, kabilang ang pagiging abot-kaya, karunungang digital, at pag-access sa programa. Maraming sambahayang kasalukuyang walang broadband access ang ipagpupursigi ang pag-access kung mapagkakalooban sa presyong ituturing na makatwiran at posible. Gaya ng nakasaad sa itaas, hindi magagamit ang mga computer lab na karaniwang ginagamit ng publiko, at ang mga walang konektibidad ay higit na mga residenteng mababa ang kita, matatanda, mga taong may mga kapansanan, at may limitadong kahusayan sa Ingles.

Rekomendasyon: Dapat pahabain ng SFDT ang mga umiiral na pagsusumikap upang mag-install ng fiber sa mga sambahayang may napakababa, mababa, at katamtamang kita sa mga lokasyon ng pampublikong pabahay at abot-kayang pabahay. Dapat maging kabilang dito ang mga nakalaang taunang pagpopondo upang suportahan ang pinakamalaking posibleng antas ng pagpapalawak taun-taon. Kaugnay nito, dapat

isaalang-alang ng SFPW at SFDT ang mga paraan upang mapababa ang gastos ng pag-install ng fiber, kabilang ang pagpapasimple ng proseso ng pagbibigay ng permit, upang maghatid ng abot-kayang konektibidad sa mga sambahayang may mababang kita saanman sila naninirahan sa San Francisco.

Dapat palawakin ng Department of Homelessness and Supportive Housing (HSH) ang mga umiiral na pagsusumikap upang maghatid ng serbisyo ng mabilis na internet sa mga SRO.

Dapat itaguyod ng San Francisco sa harap ng Komisyon ng mga Pampublikong Utilidad ng California (CPUC) para sa pagpapalawak ng abot-kayang serbisyo ng internet, kabilang ang pagpapahaba ng mga programa ng kaluwagan sa mga mobile carrier para sa mga mababa ang kita at ibang mahihinang residenteng hindi kayang bayaran ang kanilang buwanang singil sa serbisyo sa panahon ng emerhensya ng COVID-19. Dapat ding siyasatin ng SFDT ang mga pakikipagtulungan sa mga tagapagkaloob ng serbisyong internet (mga ISP) upang bumuo ng mga abot-kayang opsyon sa internet para sa higit pang mga komunidad na mababa ang kita at mahihina.

5.6 Bumuo ng kapasidad sa teknolohiya ng mga bagong gumagamit, maliliit na negosyo, at mga nonprofit

Isyu: Marami sa pinakamahihina sa San Francisco ay kinukulang sa mga pangunahing kasanayang digital at nangangailangan ng karagdagang suporta upang makibahagi sa digital na lipunan. Sa kahalintulad na paraan, maraming maliliit na negosyo at nonprofit ang nangangailangan ng tulong sa paggalugad sa hindi pamilyar na teknolohiya habang hinahangad nilang ilipat ang mga modelo ng kanilang negosyo upang malampasan ang nabawasang aktibidad sa ilalim ng mga regulasyon para sa ligtas na muling pagbubukas. Kung wala ang kakayahang magkaloob ng personal na suporta, ang mga alternatibong pamamaraan ay kailangan upang suportahan ang mga residente sa paghahanap ng mga serbisyo online at upang suportahan ang mga negosyo at nonprofit sa pagsasaayos ng kanilang mga operasyon.

Rekomendasyon: Ang MOHCD (Office of Digital Equity) ay dapat makipagtulungan sa mga nonprofit para sa karunungang digital upang magkaloob ng tulong sa teknolohiyang nakabase sa telepono para sa mga bagong gumagamit ng teknolohiya, maliliit na negosyo, at mga nonprofit sa buong lungsod.

6. Mamuhunan sa Pabahay

6.1 Palawakin at patatagin ang pagpopondo sa abot-kayang pabahay

Isyu: Sa kabila ng malalakiing pamumuhunan sa pagpapatayo ng bagong abot-kayang pabahay, pagpreserba ng kasalukuyang pabahay, at tulong at mga serbisyo para sa mga nangungupahang pumapasan ng gastusin, mahihinang nangungupahan, at mga nakakaranas ng kawalan ng tirahan, ang San Francisco ayon sa kasaysayan ay hindi nagkaroong ng sapat na pagpopondo upang matugunan ang mga pangangailangan sa abot-kayang pabahay ng mga residente. Ang mga pagkawala ng kita ng Lungsod ay maaaring magpalala sa kalagayang ito. Ang ilang pagpopondo sa abot-kayang pabahay ay nagmula sa mga mapagkukunang may limit sa panahon na hindi maaaring mai-renew sa hinaharap.

Habang nababawasan ang mga tradisyonal na mapagkukunan ng pagpopondo, kakailanganin ng Lungsod na siyasatin ang mga bagong mapagkukunan ng pagpopondo na matatag, walang limit sa panahon, at magagamit upang matugunan ang mga pangangailangan sa pabahay sa kasalukuyan at sa hinaharap.

Rekomendasyon: Dapat palawakin ng MOHCD at HSH ang agenda sa pagpopondo ng abot-kayang pabahay na nakapokus sa pagtataguyod sa pagtaas ng pederal na tulong sa pagbangon para sa pabahay, gaya ng binagong pederal na Neighborhood Stabilization Program. Kasunod nito, ang mga gumagawa ng patakaran ay dapat magsumikap upang matukoy ang mga karagdagang paraan upang mapalawak ang pagpopondo para sa abot-kayang pabahay sa pamamagitan ng mga buwis, singil, o iba pang mga bagong mapagkukunan.

6.2 Preserbahin at patatagin ang abot-kayang pangmaramihang pamilyang pabahay na pinapaupa at suportahan ang mga may-ari ng maliit na propyedad

Isyu: Dahil nagambala ng COVID-19 ang ekonomiya, maraming nangungupahan ang hindi nakapagbayad ng upa dahil sa pagkawala ng trabaho, at ang ilan ay piniling lumipat sa ibang lugar. Kasabay nito, ang ilang may-ari ng ari-arian ay nakaranas ng pagbagsak sa kita. Ang mga pansamantalang hakbang ay naging pananggalang para sa mga nangungupahan at mga may-ari ng tirahan sa pamamagitan ng mga moratoryo sa pagpapaalis ng tirahan at mga programa sa pagsasaayos ng kita; ngunit, maraming nangungupahan ang nahaharap sa posibleng pagpapaalis ng tirahan dahil sa hindi pagbabayad ng upa. Kung matatapos ang debt forbearance (pagpapaliban sa pagbabayad ng utang), ang mga may-ari ng mga paupahang ari-arian na pangmaramihang pamilya ay maaaring maharap sa foreclosure o nadagdagang pinansyal na presyur na magbenta sa mga namumuhunan.

Rekomendasyon: Dapat magpatuloy ang San Francisco upang ipagpursigi at palawakin ang pamumuhunan sa pagpreserba, pagkuha, at pagpapatatag ng mga utang para sa pinapaupang pabahay na pangmaramihang pamilya upang matulungang maiwasan ang mga pagpapaalis sa tirahan, pagkakatiwalag, at may ispekulasyong pagbebenta ng ari-arian sa mahihinang komunidad:

- Palawakin ang hindi nagtutubong pagkuha ng mga ari-ariang kontrolado ng upa na pangmaramihang pamilya, kabilang ang mga propyedad na single room occupancy (SRO), na okupado ng mga umuupang mababa ang kita ay preserbahin ang mga ito bilang permanenteng abot-kayang pabahay.
- Magkaloob ng mga mapapatawad na utang sa mga may-ari ng maliit na ari-arian para sa mga ari-ariang kontrolado ang upa bilang kapalit ng pagpapatawad sa upa, na nakapokus sa mga may-ari ng mga ari-ariang may 5 o mas kaunti pang yunit na nahaharap sa pagkawala ng kita sa upa at nahaharap sa pagsasara o iba pang mga pinansyal na hamon.

6.3 Suportahan ang konstruksyon ng maliliit na gusaling pangmaramihang pamilya

Isyu: Ang pagiging hindi abot-kaya ng pabahay ay isa sa pinakamalalaking hamon sa San Francisco. Ang patuloy na pagpupursigi ng mga mithiin sa pabahay ng Lungsod na nangangailangan ng konstruksyon ng 5,000 bagong yunit ng pabahay kada taon na may hindi bababa sa isang-katlong abot-kaya (isang target na naging mahirap abutin bago ang COVID-19) ay tutulong sa higit pang mahihinang residenteng manatili sa San Francisco. Karamihan sa pabahay ngayon ay itinatayo sa malalaking proyekto ng mahigit 50 yunit, sa malalaking lugar, ng malalaking kumpanya (kadalasan nasyonal at multinasyonal), at karaniwang pinopondohan ng malalaking bangko at mga namumuhunan sa institusyon. Ang krisis sa ekonomiyang hatid ng COVID-19 ay maaaring mangahulugan na ang malalaking proyektong ito ay maaantala dahil sa kakulangan ng pamumuhunan.

Rekomendasyon: Ang Planning Department (Planning) ay dapat makipagtulungan sa mga may interes na bumawi sa mga inaasahang pagbawas sa malaking pamumuhunan sa konstruksyong pangmaramihang pamilya. Dapat magtakda ang Lungsod ng mga pagbabago sa patakaran na naghihikayat ng pagpapaunlad at konstruksyon ng nawawalang panggitnang pabahay gamit ang alternatibong pagmumulan ng pagpipinansya. Maaaring maging kabilang sa mga ito ang mga pagbabago sa pagsosona at ang proseso ng pagpapaunlad upang magpahintulot ng higit pang konstruksyon ng pangmaramihang pamilya sa mga lugar na may mababang densidad.

6.4 Pasimplehin ang proseso ng pagiging karapat-dapat sa pabahay upang bigyan ng insentibo ang mga abot-kayang proyekto

Isyu: Ang pagpapatatag ng mga gastos sa pabahay nang pangmatagalan ay mangangailangan ng pagdaragdag ng supply sa pabahay sa pamamagitan ng hindi pabagu-bagong produksyon pabahay sa presyong pangmerkado at abot-kayang pabahay. Ang pagsulong ng konstruksyon ng pabahay upang dagdagan ang pagiging abot-kaya ng pabahay ay isa sa pangunahing priyoridad ng San Francisco, gaya ng ipinapakita sa mga Ehekutibong Direktiba kamakailan para sa mga kagawarang magtulungan tungo sa mas mabilis na mga pag-apruba para sa mga proyekto ng pagpapaunlad ng pabahay (2017) at upang mapabilis ang paglikha ng mga Accessory Dwelling Unit at alisin ang backlog ng mga nakabinbing aplikasyon (2018), pati na rin ang $600 milyon 2019 bono ng pangkalahatang obligasyon ng Abot-kayang Pabahay. Ang mga kasalukuyang pagsusumikap, kabilang ang SB 35 at ang batas sa Bonus sa Densidad ng Estado ay nakatulong na pasimplehin ang tinatayang 2,000 yunit sa 100% abot-kayang proyekto.

Mas higit na kakailanganin ang mga pagpapabuti sa proseso upang makabangon ang konstruksyon sa pabahay. Sa San Francisco, halos lahat ng benepisyo ay diskresyonaryo, ibig sabihin, maaari itong matanggihan o sumailalim sa mga kondisyon ng Planning Commission kahit na kapag ang mga ito ay sumunod sa pagsosona at hindi mangailangan ng espesyal na pagpapaliban o akomodasyon. Bilang resulta, ang pagkakaroon ng benepisyo ay isang mahabang prosesong may hindi tiyak na kahihinatnan para sa mga developer. Ang panahon at panganib na nakapaloob sa benepisyo ay pumupuwersa sa mga developer ng pabahay na manghingi ng mas mataas na kapalit sa pamumuhunan, kung saan ang ilang proyekto ay nagiging hindi posible ang pagpipinansya at nababawasan ang bilang ng mga proyektong itinatayo, lalo na sa mga panahong mapanghamon sa kabuhayan gaya ng sa kasalukuyan.

Rekomendasyon: Dapat baguhin ng Planning ang proseso ng benepisyo upang bigyang insentibo ang mga proyektong mas malamang na maging abot-kaya, partikular na ang mga maghahatid ng malalaking bilang ng mga bagong yunit:

- Magpatibay ng pampangasiwaang pag-aaral para sa mga kuwalipikadong proyektong sumusunod sa kodigo ng pagsosona, pagtanggap sa mga diskresyonaryong pag-apruba para sa mga proyektong 100% abot-kaya o para sa mga proyektong lumalampas sa mapapahintulutang iniaatas sa pabahay ng 15%. Maaari ring iangkop ito sa mga proyekto ng HOME-SF (bonus na programa sa lokal na densidad ng San Francisco).

- Magpatibay ng mga pagbabago sa benepisyo upang suportahan ang maliliit na proyektong pangmaramihang pamilya ng 4-10 yunit, na madalas na itinatayo ng maliliit na lokal na developer at may maliliit na kita.
- Muling magpokus sa mga restriksyon sa demolisyon lalung-lalo na sa pagpapaupa ng pabahay na pangmaramihang pamilya na may mga restriksyon sa regulasyon gaya ng kontrol sa upa.
- Gawing mas madali ang pagbabago sa lugar ng tirahan na pang-isahang pamilya gaya ng pabahay na pangmaramihang pamilya na may 4 o higit pang yunit kapag ang kasalukuyang tirahan ay hindi naglilingkod sa mga umuupang may mababang kita.

7. Tugunan ang mga Pangunahing Pangangailangan ng mga Bulnerable

7.1 Tiyakin ang sapat na pabahay para sa mga nakaligtas sa karahasan sa pamilya at dagdagan ang kaalaman sa mga isyu ng karahasan sa pamilya sa panahon ng COVID-19

Isyu: Ang paghihiwalay ng sarili sa ibang tao, mas higit na panahon sa tahanan, mga nabawasang koneksyon sa mga guro at mga tagapagkaloob ng serbisyo, at pangkalahatang stress at trauma ay nagpalala sa pagkamalamang ng karahasan sa pamilya sa San Francisco sa panahon ng COVID-19. Sa mga kilalang biktima, ang karahasan sa pamilya (pang-aabuso sa bata, karahasan sa tahanan, at pang-aabuso sa matanda) ay higit na nakakaapekto sa mga komunidad ng Itim/Aprikanong Amerikano at Latino/a/x, matatanda, at mga taong may mga kapansanan sa San Francisco. Ang mga iniaatas sa pakikipagdistansya sa iba ay nangangahulugang may kaunting espasyo sa mga shelter kahit na mas malaki ang pangangailangan dito.

Rekomendasyon: Ang HSA ay dapat makipagtulungan sa Department on the Status of Women (DOSW) upang matiyak na may sapat na makukuhang pabahay para sa mga nakaligtas karahasan sa pamilya. Maaaring maging kabilang sa pagsusumikap na ito ang paggamit ng mga silid ng hotel para sa COVID-19 o ibang mga uri ng mga opsyon sa pang-emerhensyang pabahay, gaya ng mga voucher. Dapat isama sa mga pagtatalaga ang ibang mga suporta gaya ng suporta sa kalusugan ng pag-iisip at suportang pambatas.

Dapat ding dagdagan ng Lungsod ang kaalaman sa mga isyu ng karahasan sa pamilya sa panahon ng COVID-19 sa mga provider. Halimbawa, dapat tiyakin ng DCYF na ang mga tagapagkaloob ng nonprofit sa mga Community Learning Hub ay binibigyan ng kaalaman tungkol sa mga palatandaan ng karahasan sa pamilya at makakatulong na maikonekta ang mga bata, kabataan, at kanilang mga pamilyang nakakaranas ng mga issue sa mga mapagkukunan. Para sa mga istratehiyang nauugnay sa pagdagdag ng mga serbisyo sa kalusugan ng pag-iisip, tingnan ang Rekomendasyon 7.3.

7.2 Tiyakin na ang lahat ng San Franciscan ay may sapat na access sa masustansiyang pagkain

Isyu: Ang mga pagkawala ng trabaho ay nagdulot ng pagkawala ng mga mapagkukunan para sa mga indibidwal at pamilyang makabili ng sapat na pagkain sa San Francisco. Ang mga pagsasara ng paaralan ay nangahulugan na ang mga batang karaniwang tumatanggap ng mga pagkain sa paaralan ay sa halip kumakain sa tahanan. Mahigit 29,000 bata sa San Francisco ay tumatanggap ng mga pagkaing libre o nasa binawasang halaga sa paaralan (tinatayang kalahati ng lahat ng estudyante sa pampublikong paaralan). Bukod dito, ang matatanda at mga medikal na mahihina ay maaaring kailanganing ibukod ang sarili, kung saan nagiging hamon ang ligtas na pagkuha ng pagkain. Ang nabawasang pampublikong transit ay lalong naging hamon sa pagkuha ng mga groseria sa matatanda at mga taong may kapansanan. Ang mga serbisyo sa paghahatid ng groseria ay mas magastos at maaaring hindi maging opsyon para sa mga sambahayang mababa ang kita. Pagsama-samahin ang mga lugar ng pagkain sa buong lungsod ang nagsara dahil sa mga utos na pangkalusugan na nag-aatas sa pinakamahihina na mag-shelter-in-place. Sa parehong pagkakataon, ang mga restawran ay nahaharap na nabawasang pangangailangan at mga restriksyon sa serbisyo habang sinusubukang manatiling nakakaraos.

Rekomendasyon: Dapat palawakin ng HSA ang pagpopondo at higit na samantalahin ang pagpapatala sa mga umiiral na programa na tinitiyak na ang mahihinang populasyon, kabilang ang mga bata, matatanda, at medikal na mahihina, ay hindi nakakaranas ng gutom ay kailangang mamili sa pagitan ng mga groserias at iba pang mga pangunahing pangangailangan. Upang mapabuti ang lokal na seguridad ng pagkain, ang Lungsod ay dapat:

- Suportahan ang pagpapalawak ng mga umiiral na programa ng pagpapakain para sa matatanda at mga adultong may mga kapansanan, kabilang ang Essential Trip Card (Kard para sa Mahalagang Biyahe).
- Ang mga programa sa pondo na sumusuporta sa seguridad ng pagkain para sa mga San Franciscan na hindi kuwalipikado sa may pederal na pagpopondong programa ng tulong sa pagkain dahil sa kanilang kita, katayuang pang-imigrasyon, o iba pang mga dahilan.
- Patuloy na magtaguyod sa pederal at pang-estadong antas para sa mga karagdagang benepisyo, pagpapaliban at pinataas na pampangasiwaang pagpopondo.
- Gumamit ng teknolohiya upang matiyak na ang mga kliyente ay matagumpay na maa-access at mapapanatili ang mga benepisyo gamit ang mga pamamaraang remote na online/sa telepono.

- Isaalang-alang ang bagong kampanya ng media ng CalFresh na nakatuon sa mga komunidad na hindi gaanong napaglilingkuran at nadagdagang pakikipag-ugnayan sa matatanda.
- Bumuo ng samahan sa mga kumpanya upang madagdagan ang kapangyarihang bumili ng CalFresh.
- Siyasatin ang mga istratehiya upang suportahan ang mas malaking bisyon ng maayos na pagkonekta sa mga San Franciscan sa lahat ng pampublikong benepisyo kung saan sila ay karapat-dapat, partikular na sa mga programang nagpapahusay sa seguridad sa pagkain.

Ipinatupad ng Estado ng California ang Great Plates Program upang idaan ang mga pondong pantulong para sa mga pagkain ay sumusuporta sa mga lokal na negosyo upang tumulong sa magkakasabay na pagtugon sa mga pangangailangan. Sa ngayon, ang programang iyon ay nakatakdang magtapos sa Oktubre 9. Kung hindi ito ang nilalayon, dapat isaalang-alang ng Lungsod ang mga paraan upang suportahan ang kahalintulad na pagsusumikap, na posible sa pamamagitan ng pag-eendorso ng mga umiiral na pamamaraan sa antas na grassroots.

7.3 Palawakin ang mga serbisyo sa kalusugan ng pag-iisip at sakit sa paggamit ng alkohol at droga

Isyu: Bilang resulta ng parehong pandemya ng COVID-19 at mga itinalagang hakbang upang pabagalin ang pagkalat ng virus, dumami ang nakapagdudulot ng stress sa kalusugan ng pag-iisip at pag-uugali, partikular na para sa kabataan, mga residente ng SRO, at mga taong nakakaranas ng kawalan ng tirahan. Kabilang sa mga nagdudulot ng stress na ito ang paghihiwalay ng sarili sa ibang tao, pinansyal na kahirapan, posibilidad ng karagdagang panahon sa mga sitwasyon ng pag-aabuso sa tahanan, nabawasang kakayahang kumonekta sa mga provider na maaaring nakatulong sa pagbibigay ng interbensyon, at ang pangkalahatang stress at trauma na nauugnay mismo sa pandemya.

Habang bumabangon ang Lungsod upang matugunan ang pag-usbong ng mga hamong ito sa kalusugan ng pag-iisip at pangangatawan at paulit-ulit na mga hamon sa kalusugan ng pag-iisip at pang-aabuso sa droga o alkohol para sa mga taong nakakaranas ng kawalan ng tirahan. Ang COVID-19 ay nauwi sa paglala ng kawalan ng tirahan sa San Francisco dahil sa limitadong kapasidad ng shelter para sa pakikipagdistansya sa iba, kawalan ng kakayahang manatili sa pamilya o mga kaibigan dahil sa pakikipagdistansya sa iba, at sa krisis sa ekonomiya. Sa pag-aatas ng gabay sa pampublikong kalusugan na higit pang negosyo ang maisagawa sa kalye at mga pampublikong espasyo, mayroong nabagong pangangailangan upang matiyak ang ligtas na kapaligiran para sa lahat at magkaloob ng mga kritikal na serbisyo sa mga nangangailangan. Bagaman mayroong maraming ahensya at organisasyong nagkakaloob ng mga serbisyong nakabase sa field sa San Francisco, mayroong kakulangan sa mga espesipikong serbisyo sa kalye.

Rekomendasyon: Upang gumawa ng mga mas makabuluhang koneksyon sa mga serbisyo sa kalusugan ng pag-iisip at sakit na paggamit ng alkohol at droga para sa mga taong nakakaranas ng kawalan ng tirahan, kabataan at kabataang nasa edad ng transisyon, matatanda at mga adultong may mga kapansanan, ang DPH ay dapat makipagtulungan sa mga ahensya upang:

- Para sa mga bata at kabataan, kumonekta at palawakin ang mga kasalukuyang pagsusumikap sa pamamagitan ng pagbuo ng kapasidad ng mga guro at tagapagkaloob at pagtitiyak na makukuha ang mga suporta sa kalusugan ng pag-uugali sa parehong virtual at kung saan isinasagawa ang programa.
- Para sa mga bata, kabataan at kanilang mga pamilya, at matatanda at adultong may mga kapansanan na nakakaranas ng mga suliranin sa kalusugan ng pag-iisip bilang resulta ng COVID-19, ikonekta sila sa mga naaangkop sa kultura at maa-access na mapagkukunan.
- Lumikha ng sistematiko at nakahanay na pamamaraan sa pampublikong kalusugan sa mga kalagayan ng kalye.
- Magkaloob ng karagdagang serbisyo sa kalusugan ng pag-uugali na nakabase sa field para sa mga taong nakakaranas ng kawalan ng tirahan. Ang mga serbisyo sa kalusugan ng pag-iisip at paggamit ng alkohol at droga na nakabase sa kalye ay dapat maghandog ng may kaunting hadlang, maiaakmang anyo ng paggagamot na hindi lamang nagkakaloob ng higit na kinakailangang serbisyo ngunit nagsisilbi bilang daan patungo sa sistema para sa mga taong hindi nakakonekta.

- Magkaloob ng mga karagdagang ligtas na espasyo upang bumuo ng tiwala gaya ng programa ng napangasiwaang alkohol, mapupuntahang pahingahan, mga programang pang-araw, o iba pang mga programang may kaunting hadlang na naghahandog ng oportunidad upang bumuo ng tiwala sa mga kliyente at naghahandog sa kanila ng ligtas na lugar.

Para sa mga istratehiyang nauugnay sa pagpapabuti ng kalinisan ng mga espasyo, kapitbahayan, residente at negosyo, tingnan ang Rekomendasyon 3.4. Para sa mga istratehiyang nauugnay sa pagkakaloob ng masisilungan para sa mga taong nakakaranas ng kawalan ng tirahan, tingnan ang Rekomendasyon 7.4. Para sa mga istratehiyang nauugnay sa karahasan sa pamilya, tingnan ang Rekomendasyon 7.1.

7.4 Kumuha ng mga hotel at iba pang mga gusali upang gawing permanenteng sumusuportang pabahay para sa mga taong nakakaranas ng kawalan ng tirahan

Isyu: Bagaman ang San Francisco ay namumuno sa bansa sa pagkakaloob ng Permanent Supportive Housing (PSH), mayroon laging mas malaking pangangailangan kaysa sa supply ng tulong sa pabahay para sa mga taong nakakaranas ng kawalan ng tirahan. Ang COVID-19 ay lalo lamang nagpalala sa ganitong kalakaran, sa limitadong kapasidad ng mga shelter habang sinusunod nila ang mga patnubay sa pampublikong kalusugan. Habang walang pormal na bilang ang naisagawa simula nang mag-umpisa ang pandemya, ipinahihiwatid sa mga kasalukuyang kalagayan sa kalye ang lumalaking pangangailangan para sa pabahay para sa mga taong nakakaranas ng kawalan ng tirahan sa San Francisco.

Ang mga taong nakakaranas ng kawalan ng tirahan ay katangi-tanging mahihina sa COVID-19 dahil sa kakulangan ng pag-access sa kalinisan bukod sa ibang mga salik. Nakikita ng grupong ito ang labis na representasyon ng mga Itim/Aprikanong Amerikano at mga Indibidwal na LGBTQ at mga taong may mga kapansanan, ilan sa ating pinakamahihinang populasyon na nangangailangan ng karagdagang suporta.

Rekomendasyon: Dapat pataasin ng HSH ang antas ng pagkuha ng mga gusali (gaya ng mga hotel at iba pang mga gusali) para gawing mga yunit ng PSH at pagtuunan ng pansin ang pagkamaa-access ng mga nakuhang yunit. Mapapangasiwaan ito sa pamamagitan ng mga gawad mula sa Homekey Grant Program ng estado at/o pamimigay ng pang-isang beses na mga kapital na pondo para sa pagkuha at pagpapabuti sa mga lugar na nagkakaloob ng serbisyo sa mga walang tirahan gamit ang mga pondo mula sa mga pinagmumulang gaya ng nabuksan kamakailan na Proposisyon C Our City, Our Home na panukala at mga panukala sa bono sa hinaharap.

7.5 Pigilan ang mga eviction sa inuupahan at pagkakatanggal sa tirahan

Isyu: Ang pabahay sa San Francisco ay pangunahing binubuo ng mga nangungupahan, marami sa kanila ang nabibigatan sa upa kahit bago ang mga epekto ng pandemyang COVID-19. Sa kasalukuyang krisis na pang-ekonomiya, ang mas malaking bahagi ng mga residente ay malamang na nagbabayad ng mahigit sa kalahati ng kanilang kita sa upa o pinipili ang hindi sapat na pabahay.

Ang San Francisco, gaya ng sa maraming hurisdiksyon, ay nahaharap sa paparating na pagdami ng mga pagpapaalis at kawalan ng tirahan habang nagtatapos ang mga utos na pang-emerhensya na nakapalibot sa mga benepisyo sa pagkawala ng trabaho at mga moratoryo sa pagpapaalis ng tirahan. Sa kasalukuyan, ang mga pansamantalang probisyong ito ay pinaaantala ang petsa ng anumang mga paglilitis sa hukuman na nauugnay sa mga pagpapaalis ng tirahan sa hinaharap ngunit hindi ganap na pinapawalang bisa ang mga ito. Magkakaroon ng malaking pangangailangan para sa mga serbisyo upang maiwasan ang pagpapaalis sa tirahan para sa mga residente ng San Francisco dahil ang mga probisyong ito ay natatapos o napapawalang-bisa.

Rekomendasyon: Dapat palakihin at palawakin ng MOHCD ang mga nakabase sa komunidad na mga serbisyong pumipigil sa pagpapaalis ng tirahan sa San Francisco upang matugunan ang laki ng pangangailangan sa pamamagitan ng pakikipagtulungan sa ating mga kasama sa komunidad upang:

- Magkaloob ng mataas na kalidad na legal na representasyon sa mga nangungupahang nahaharap sa pagpapaalis ng tirahan na magreresulta sa mga nangungupahang manatili sa kanilang tahanan.
- Magkaloob ng pagpapayo, edukasyon at pakikipag-ugnayan (kabilang ang kampanya sa media) sa nangungupahan tungkol sa kanilang mga karapatan at responsibilidad bago at sa panahon ng abiso ng pagpapaalis ng tirahan.
- Tugunan nang maaga ang hindi pagkakasundo sa pagitan ng nangungupahan at landlord upang hindi mapunta sa hukuman ang mga kasong ito.
- Magkaloob ng tulong sa upa upang malutas ang mga hindi pagkakasundo.

8. Isipin at Magtayo ng mga mas Matatag na Kapitbahayan



8.1 Sama-samang magtulungan sa pagpaplano para sa matatag na kinabukasan at mga kaugnay na pamumuhunan ng San Francisco

Isyu: Binigyang-diin ng COVID-19 ang pangangailangan para sa matatag, malinaw na bisyon para sa kinabukasan ng San Francisco. Ang Lungsod ay regular na naghahatid ng Limang-Taong Pinansyal na Plano upang ilatag ang mga naiplanong istratehiya ng pamumuhunan sa lahat ng pampublikong mapagkukunan. Bukod sa pangunahing dokumento sa pinansyal na pagpaplano, iba't ibang kagawaran at inisyatiba ng Lungsod ang bumuo at malapit nang makumpleto ang mga nakatuong dokumento ng pagpaplano na nagpapahiwatig ng mas matatag na San Francisco. Kabilang sa mga ito ang 10-Taong Plano ng Kapital, ang 20-Taong Plano ng Kapital ng MTA, ConnectSF, mga update sa Pampublikong Kaligtasan at mga elemento ng Pabahay ng Pangkalahatang Plano, ang Hazards and Climate Resilience Plan, ang Plano sa Waterfront, ang Plano ng Aksyon sa Klima, ang Istratehiya sa Pagkakapantay-pantay sa Digital, mga Plano sa Lugar ng kapitbahayan, at iba pa. Ang mga nagpapabagong proyektong gaya ng Embarcadero Seawall Program, ang Muni F-train loop, ang malaking konstruksyon ng abot-kayang pabahay, at ang pambuong-lungsod na mga programa ng mitigasyon ng panganib sa lindol at klima ay tutulong sa San Francisco na mabuo ang katatagan sa mga pinakaagarang panganib sa lungsod. Mangangailangan ito ng pinag-ugnay-ugnay na pamumuhunan upang pagsama-samahin ang mga planong ito at gamitin ang mga ito upang bigyang lakas ang mabilis at pinag-ugnay-ugnay na pamumuhunan.

Rekomendasyon: Dapat i-update ng Mayor's Budget Office ang Limang-Taong Pinansyal na Plano dahil sa krisis ng COVID-19 upang sumalamin sa mga naiplanong pamumuhunan. Dagdag dito, ang City Administrator's Office (Resilience and Capital Planning) ay dapat makipagtulungan sa mga kagawaran ng Lungsod na nagmamay-ari ng yaman, ang Department of the Environment, ang Mayor's Office of Housing and Community Development, at ang Planning Department upang ipahayag ang programa ng pampublikong pamumuhunan na maaaring maghatid ng mga priyoridad na proyekto ng pagpapahusay ng katatagan. Ang Capital Plan ng Lungsod ay maaaring magdaos ng impormasyon sa piskal na pagpaplano para sa kapital ay dapat sumalamin sa kung paano isinama ng San Francisco ang pagpaplano sa katatagan sa inaasahan nitong mga pamumuhunan sa imprastruktura para sa susunod na 10 taon.

8.2 Pagkaisahin ang pagbangon sa kapitbahayan sa pamamagitan ng sining

Isyu: Sa buong Lungsod, ang mga restawran, museo, hotel, night club at retail na tindahan ay sarado. Tahimik ang mga pangkomersyong koridor sa kapitbahayan. Ang mga taong nagtrabaho sa mga establisimyentong ito ay walang trabaho. Ang sektor ng sining ay maaaring gampanan ang makapangyarihang papel sa pagsesentro sa mga komunidad hindi puti ang lahi at mga disbantahe at hindi isinama upang lumikha ng kinabukasang mas may pagkakapantay-pantay sa ating lungsod.

Rekomendasyon: Para sa ating mga pangkomersyong distrito upang muling magbukas at maging mga aktibong destinasyon para sa mga residente at turista, ang OEWD, Arts Commission, Office of the City Administrator (Grants for the Arts), at Mayor's Office of Housing and Community Development (MOHCD) ay dapat makipagtulungan sa komunidad upang bumuo ng labis na pinag-isipan at ingklusibong mga planong pang-ekonomiya at pagbibigay-buhay na kumukuha sa mga yaman ng kapitbahayan. Ang mga negosyo at organisasyon ng ACHE ay maaaring imbitahan upang bumuo ng mga kampanyang partikular sa kapitbahayan (partikular sa kultura, ingklusibo sa wika) at produksyon ng kaganapan (kapag ligtas) upang bigyang buhay ang mga espasyo sa komunidad at pagbubuklod ng komunidad. Ang mga mapagkukunan at tulong ay dapat unahin tungo sa mga kapitbahayan na ayon sa kasaysayan ay desabantahe at mga taong hindi nakinabang sa pag-unlad ng ekonomiya sa nakaraan.

8.3 Tukuyin ang mga bagong pinagmumulan ng kita at suportahan ang mga aplikasyon sa gawad para sa pagpopondo sa sining, kultura, ospitalidad, at libangan

Isyu: Ang mga lugar ng libangan, organisasyong nonprofit, galerya, studio, restawran, at establisimyento ng ospitalidad ay nanganganib sa pangmatagalan o permanenteng pagsasara. Ang mga manggagawa, organisasyon, at negosyo sa mga sektor ng ACHE ay nangangailangan ngayon ng pinansyal na suporta at posibleng hanggang sa susunod na taon upang mapigilan ang permanenteng pagsasara at pagkatiwalag.

Rekomendasyon: Upang protektahan ang mga kasalukuyang yaman ng sining, kultura, ospitalidad at libangan, ang Arts Commission, Office of the City Administrator (Grants for the Arts), OEWD, at MOHCD ay dapat aktibong makibahagi sa kawanggawa at pribadong sektor upang suportahan ang sektor ng ACHE at pakinabangan ang mga proyekto upang pagsama-samahin ang maraming pinagmumulan ng pagpopondo kung saan kailangan ang pagtutugma. Bukod dito, ang mga kagawarang ito at dapat dagdagan ang pag-access sa pagpopondo ng Lungsod sa ACHE sa pamamagitan ng pagbabawas sa mga hadlang sa mga kasalukuyang proseso ng aplikasyon at magkaloob ng teknikal na suporta para sa sektor ng ACHE upang mag-apply para sa mga nauukol na gawad ng estado at pederal.

8.4 Maghirang ng karagdagang mga kinatawan ng sektor ng sining, kultura, ospitalidad, at libangan sa mga grupong nagpapayo, at lupong gumagawa ng patakaran

Isyu: Ang mga alagad ng sining at mga negosyo at organisasyong pansining ay naging isa sa pinakanaapektuhan bilang resulta ng pandemyang COVID-19, at ang sining ay mahalaga sa pang-ekonomiya, panlipunan, pulitikal, at pangkulturang pamumuhay sa San Francisco. Ang mga alagad ng Sining at mga organisasyong pansining ay may katangi-tanging posisyon upang tumulong sa paglikha ng mga kondisyon ng pampublikong pagtitiwala, pagbubuklod at koneksyon sa lipunan, access sa pag-aaral at pakikibahagi sa mga bagong paraan - na kakailanganin para sa pagbangon ng ekonomiya.

Rekomendasyon: Upang muling itayo ang mas may ekidad na San Francisco, ang Punong-bayan, Board of Supervisors, City Administrator, at mga departamento ng Lungsod (partikular na ang SFAC, Planning, OEWD, at MOHCD) ay dapat maghirang ng higit pang mga kinatawan ng ACHE sa mga komisyon, komite ng pagpapayo, at iba pang mga lupon na nagpapasya at gumagawa ng patakaran. Bukod dito, ipasok ang mga dalubhasa sa ACHE sa mga kagawaran ng Lungsod at mga pangkat sa pagbubuo ng patakaran bilang mga miyembro ng mga tauhan o kasangguni.

Talahanayan ng Buod ng mga Inirerekomendang Patakaran

Ibinubuod sa talahanayan ang mga rekomendasyon ng Puwersa ng Pagkilos at pinapangalanan ang mamumunong kagawaran ng Lungsod at itinakdang panahon para sa pagpapatupad sa hinaharap. Marami sa mga rekomendasyong ito ang mangangailangan ng kolaborasyon sa pagitan ng mga ahensya; ang namumunong kagawaran na itinalaga rito ay ipinapakita ang pinakamalamang na maging responsable sa pag-uugnay. Ang mga itinakdang panahon ay nakakategorya sa mataas na antas: bilang pangmaikli at/o pangmahabang panahon hangga't may makukuha at may nakalaang pagpopondo. Ang mga pangmaikling panahong rekomendasyon ay malamang na maipatupad sa loob ng isang taon mula sa kung kailan inilalaan ang mga mapagkukunan ng badyet at magbigay ng tagubilin sa mga tauhan. Ang mga pangmatagalang rekomendasyon ay nangangailangan ng mas higit pang pag-uugnay at/o mga pagbabago sa lehislatibo o iba pang patakaran, na karaniwang aabutin ng mahigit sa isang taon, o nangangailangan ang mga ito ng mas higit pang pera na maaaring maasahan sa maikling panahon.

Tungkol sa pagpapatupad, ang ilang rekomendasyon ay kinapapalooban ng pagpapalawak o pagbabago sa mga kasalukuyang programa habang ang iba ay mangangailangan ng mga bagong pagsusumikap, ang lahat ay sumasailalim sa mga mapagkukunang mayroon. Inaasahan na ang mga kagawarang namumuno sa pagpapatupad ay mangangailangang makibahagi sa mga naapektuhang populasyon upang maunawaan ang mga hadlang, pasanin, at oportunidad upang bumuo sa mga kasalukuyang yaman ng komunidad. Sa kanilang mga grupong gumagawa ng patakaran, isinaad ng mga miyembro ng Puwersa ng Pagkilos at mga tauhan ang kahalagahan ng makabuluhang pakikibahagi ng komunidad.

Ginamit ang pananaw ng pagkakapantay-pantay sa panahon ng pagbuo ng rekomendasyon, na dapat muling bisitahin at ipatupad upang matamo ang kahihinatnang may pagkakapantay-pantay. Bilang pangunahing prinsipyo ng pagkakapantay-pantay, ang mga komunidad at indibidwal ay dapat tumulong na idisenyo at ipaalam ang mga patakaran at programang nakakaapekto sa kanilang buhay.

Buod ng mga Inirerekomendang Patakaran

Mga Inirerekomendang Patakaran	Namumunong Kagawaran	Itinakdang Panahon
1. Lokal na Tulong na Pangkabuhayan		
1.1 Mamuhunan sa pampubliking imprastruktura at suportahan ang mga pangunahing responsibilidad	ADM	Pangmaikli at pangmatagalang panahon
1.2 Muling idisenyo ang proseso ng pagbibigay ng permit	DBI	Pangmatagalang panahon
1.3 Ipagpaliban ang mga kabayaran sa singil sa epekto	Planning	Pangmaikling panahon
1.4 Palakasin ang programa ng Lokal na Negosyo (LBE)	ADM	Pangmaikling panahon
1.5 Itaguyod ang muling paggana at isaalang-alang ang maiaakmang paggamit ng mga gusali	Planning	Pangmatagalang panahon
1.6 Itaguyod ang pederal at pang-estadong pagpopondo	MYR	Pangmaikli at pangmatagalang panahon
1.7 Makipagtulungan sa mga komunidad ng negosyo at pilantropo	MYR	Pangmaikli at pangmatagalang panahon
1.8 Lumikha ng maa-access, abot-kayang pabahay na sistema ng pangangalaga sa bata	OECE	Pangmatagalang panahon
2. Mga Koneksyon sa Trabaho		
2.1 Gawing sentralisado ang mga programa ng pagpapaunlad ng puwersa ng paggawa ng Lungsod	OEWD	Pangmaikling panahon
2.2 Magkaloob ng tumutugon sa wika, maa-access na pagsasanay sa trabaho	OEWD	Pangmaikling panahon
2.3 Patatagin ang pagpapatupad ng patakarang First Source Hiring	ADM	Pangmatagalang panahon
2.4 Palawakin ang may subsidyong programa ng trabaho at pagtanggap sa trabaho	HSA, OEWD	Pangmaikling panahon

3. Pagtataguyod ng Ligtas na Muling Pagbubukas		
3.1 Magkaloob ng mga malinaw, maikli, nasa lenggwaheng komunikasyon	OEWD	Pangmaikling panahon
3.2 Alisin ang mga hadlang sa PPE, pagsusuri, at pagsubaybay	JIC	Pangmaikling panahon
3.3 Tiyaking ligtas ang mga kapaligiran para sa trabaho para sa lahat	DPH	Pangmaikling panahon
3.4 Suportahan ang kalinisan, kalusugan, at kaligtasan sa mga pampublikong espasyo (tingnan din ang mga rekomendasyon 7.3 at 7.4)	Iba-iba	Pangmaikli at pangmatagalang panahon
4. Panatilihin ang mga Operasyon at Bawasan ang mga Pasaning Panregulatoryo		
4.1 Palawakin ang Shared Spaces Program	OEWD	Pangmaikling panahon
4.2 Muling ipaayos ang pampublikong espasyo sa labasan	Iba-iba	Pangmatagalang panahon
4.3 Magpahintulot ng mas maiaakmang paggamit ng mga espasyong pang-retail sa unang palapag	Planning	Pangmatagalang panahon
4.4 Muling pag-isipan ang mga patakarang nagbibigay ng restriksyon sa mga maiaakma/pansamantalang paggamit	OEWD	Pangmaikli at pangmatagalang panahon
4.5 Magkaloob ng mga serbisyong nagbibigay ng impormasyon at iba pang mga suporta upang maiwasan ang mga pagpapaalis at foreclosure	OEWD	Pangmaikling panahon
4.6 Pag-aralan ang mga mandato sa employer	BOS	Pangmatagalang panahon
5. Ipagpursigi ang Katarungan sa Ekonomiya		
5.1 Mamuhunan sa mga komunidad ng BIPOC	HRC	Pangmaikli at pangmatagalang panahon
5.2 Tiyakin ang access sa programang pang-edukasyon	DCYF	Pangmaikling panahon
5.3 Repormahin ang mga multa at singil na ipinapataw ng Lungsod	TTX	Pangmaikling panahon
5.4 Magkaloob ng mga computer na may mataas na kalidad sa mahihinang populasyon	MOHCD	Pangmaikling panahon
5.5 Magkaloob ng abot-kayang konektibidad at serbisyo ng internet	SFDT	Pangmaikli at pangmatagalang panahon
5.6 Bumuo ng kakayahang panteknolohiya	MOHCD	Pangmaikling panahon

6. Mamuhunan sa Pabahay		
6.1 Palawakin at patatagin ang pagpopondo sa abot-kayang pabahay	MOHCD	Pangmatagalang panahon
6.2 Tiyaking sapat ang abot-kayang pangmaramihang pamilyang pabahay na pinapaupa at suportahan ang mga may-ari ng maliit na ari-arian	MOHCD	Pangmaikli at pangmatagalang panahon
6.3 Suportahan ang konstruksyon ng maliliit na gusaling pangmaramihang pamilya	Planning	Pangmaikling panahon
6.4 Pasimplehin ang proseso ng benepisyo sa pabahay	Planning	Pangmatagalang panahon
7. Tugunan ang mga Pangunahing Pangangailangan ng mga Bulnerable		
7.1 Tiyakin ang sapat na pabahay para sa mga nakaligtas sa karahasan sa pamilya at dagdagan ang kaalaman	HSA	Pangmaikling panahon
7.2 Tiyakin na ang lahat ng San Franciscan ay may sapat na access sa pagkain	HSA	Pangmaikli at pangmatagalang panahon
7.3 Palawakin ang mga serbisyo sa kalusugan ng pag-iisip at sakit sa paggamit ng alkohol at droga	DPH	Pangmatagalang panahon
7.4 Kumuha ng mga lugar para sa permanenteng sumusuportang pabahay at siguraduhin ang aksesibilidad	HSH	Pangmaikli at pangmatagalang panahon
7.5 Pigilan ang mga eviction sa inuupahan at pagkakatanggal sa tirahan	MOHCD	Pangmaikling panahon
8. Isipin at Magtayo ng mga mas Matatag na Kapitbahayan		
8.1 Magplano para sa matatag na hinaharap ng San Francisco	Planning, ADM	Pangmaikli at pangmatagalang panahon
8.2 Pagkaisahin ang pagbangon sa kapitbahayan sa pamamagitan ng sining	OEWD	Pangmaikli at pangmatagalang panahon
8.3 Tukuyin ang mga bagong pinagmumulan ng kita para sa sining at suportahan ang mga gawad	SFAC, ADM	Pangmaikli at pangmatagalang panahon
8.4 Maghirang ng higit pang mga kinatawan ng sektor ng ACHE sa mga grupong nagpapayo at lupong gumagawa ng patakaran	Iba-iba	Pangmatagalang panahon

Mga Karagdagan sa Ideya sa Patakaran

Ang 41 istratehiyang nakalista sa itaas sa ulat ay sumasalamin sa mga ideyang napakinggan sa mga grupong gumagawa ng patakaran, na may epekto ng pakikibahagi at pakikinig ng komunidad ng Puwersa ng Pagkilos, saloobin mula sa mga miyembro ng ERTF, at mga pananaw mula sa mga Kapwa-Tagapangulo. Nagkaroon ng mga karagdagang ideyang ipinahayag ng mga miyembro ng Puwersa ng Pagkilos sa labas ng mga proseso ng pagbibigay ng priyoridad ng mga Grupong Gumagawa ng Patakaran, sa mga talakayan ng Grupong Gumagawa ng Patakaran o sa saloobin sa isinulat na ulat. Pagkilala ang ekstraordinaryong mapaghamong daan tungo sa pagbangon sa hinaharap, ang mga ideyang iyon ay naisadokumento sa ibaba para sa pagsisiyasat sa hinaharap. Habang patuloy na nagbabago ang pandemyang COVID-19 sa pagdaan ng panahon, ang ilan sa mga ideyang nakalista rito ay maaaring maging mas mataas na priyoridad. Sa naturang panahon, higit pang pananaliksik at pagsusuri ang maaaring isagawa upang magbigay ng higit pang impormasyon tungkol sa mga ideya ng patakaran.

- Sa pamamagitan ng mga pagsusumikap sa pagbangon ng kasalukuyang transportasyon ng Lungsod, unahin ang kahalagahan ng transportasyon upang ibalik ang mga nasuspinding linya ng Muni nang ligtas at piskal hangga't maaari at suportahan ang transportasyon at mga nagmamaneho ng taxi sa pagbangon.
- Palawakin ang mga kasalukuyang benepisyo ng tatlong taon upang madagdagan ang posibilidad ng mga kasalukuyang naiplanong proyekto.
- Kung pinahihintulutan sa pampublikong kalusugan, gawing kompetitibo ang Moscome Center sa panahon ng pagbangon sa pamamagitan ng paggalugad sa mga pinansyal na insentibo upang bawasan ang mga singil sa upa at mga gastos sa pagkain at inumin para sa mga bagong nai-book na grupo.
- I-renew ang Tourism Improvement District at galugarin ang posibilidad ng pagdagdag sa pagtatasa upang lumikha ng pondong insentibo para sa negosyo sa hinaharap sa Moscone.
- Isaalang-alang ang paghahandog ng paradahan sa binawasang singil/nang libre para sa limitadong panahon upang tumulong na mahikayat ang mga panrehiyong bumibisita sa San Francisco.
- Bumuo ng pagpapaunlad sa pambansang abyasyon at pagsusumikap sa marketing sa SFP at ipagpatuloy at palawakin ang Programa ng Insentibo sa Internasyonal na Sasakyang Panghimpapawid.
- Siyasatin ang fiber network sa buong lungsod upang matiyak na ang mga negosyo at residente ay may modernong konektibidad na kailangan upang makibahagi sa ekonomiya sa hinaharap.
- Mamuhunan sa mga kooperatiba ng manggagawa, incubator, at mga pondong pangnegosyo, habang isinasaalang-alang na hindi lahat ay handang i-access ang pangkomersyong espasyo.
- Lumikha ng pondo sa pagkansela ng utang.
- Isaalang-alang ang mga paraan upang makakuha ng access sa abot-kaya, na makukuha sa lahat na mabilis na pagsusuri sa COVID na maaaring mapangasiwaan ng sarili.
- Suportahan ang pagbuo ng komunidad sa mga programa ng sentro ng komunidad sa mga oras ng pagpunta.
- Palawakin ang pagiging karapat-dapat para sa HealthySF.
- Bumuo at ipatupad ang Plano ng Pagbangon para sa Kagalingan.
- Unahin ang mga puwang sa lottery ng abot-kayang pabahay para sa mga pinakaapektado ng COVID-19.
- Magkaloob ng mas higit pang pagiging abot-kaya sa mga bagong pagpapaunlad ng pabahay.
- Maghandog ng mga ligtas na lugar na tutulugan para sa mga taong nakakaranas ng kawalan ng tirahan
- Bangko sa mga lugar ng pagpapaunlad ng lupa para sa abot-kayang pagpapaunlad ng pabahay sa hinaharap.
- Suportahan ang modular na pabahay at higit pang suriin ang posibilidad ng pagbuo ng modular na pabrika sa San Francisco.
- Unawain nang mas mabuti kung bakit ang ilang mahihina ay tumatanggi sa mga serbisyo sa pamamagitan ng survey.
- Suportahan ang mga patakarang lumilikha o nagpapanatili ng espasyo para sa mga negosyong ACHE sa mga bagong pagpapaunlad na real estate.
- Itugma ang mga arkitekto, interior designer, at landscape designer na may mga negosyong kinakailangang isaayos ang espasyo para sa mga ligtas na operasyon.

Pagtingin sa Hinaharap

Ipinulong ng Puwersa ng Pagkilos ng San Francisco ang mahigit 100 lider at kinatawan ng komunidad mula sa buong lungsod upang gabayan ang mga pagsusumikap na bumangon sa panahon ng krisis sa pangkalusugang hatid ng COVID-19. Hiningi rin ang pananaw ng komunidad mula sa mga survey, focus group, panayam, at pampublikong pagpupulong sa kabuuan ng proseso. Ang Puwersa ng Pagkilos ay nanawagan para suportahan ng San Francisco ang mga kasalukuyang negosyo, manggagawa, at naghahanap ng trabaho; tugunan ang mga pangunahin at pinansyal na pangangailangan ng pinakamahihina; at tiyakin na ang mga residensyal, pangkomersyo, at pampublikong espasyo ng San Francisco ay magamit para sa kinakailangan sa pagbangon.

Ang krisis ng COVID-19 ay nagbibigay ng oportunidad na muling ibangon ang ekonomiya ng San Francisco at tugunan ang maraming sa mga hindi pagkakapantay-pantay na kinakaharap ng San Francisco bago ang COVID-19, partikular na ang tungkol sa pamumuhunan, pagbuo ng yaman, at paghahatid ng serbisyo. Gayung may malalim at pangmatagalang epekto ang krisis ng COVID-19. ang pagbangon ng ekonomiya—at ang pangkalahatang pagbabago—ang magiging trabaho ng pamahalaan ng San Francisco, mga negosyo, nonprofit, komunidad, at residente para sa nakikitang hinaharap. Ang mga rekomendasyong inilathala rito ay magbibigay ng kaalaman sa trabahong iyon at tutulong sa pagtatakda sa San Francisco sa daan tungo sa pagbangon na may pagkakapantay-pantay at sa kabuuan.

Mula sa pag-uumpisa ng Puwersa ng Pagkilos, malinaw na ang pagbangon mula sa krisis na ito ay mangangailangan ng mga bagong paraan ng pag-iisip tungkol sa lokal na ekonomiya, mga sibikong espasyo, paglikha ng trabaho at mga programa sa pagpapaunlad ng negosyo, pagpaplano sa kalunsuran, at samahang pampubliko-pribado. Kahit mula sa pag-uumpisa ng Puwersa ng Pagkilos hanggang sa paglalathala ng ulat na ito, ang paraan ng pagharap ng San Francisco sa pandemya ay nagpabago ng pokus nang ilang beses, na nagpalipat-lipat sa pagitan ng pagtugon sa krisis at paggawa para sa pagbangon, habang nag-aakma sa madalas na nagbabagong panregulatoryong kapaligiran at pagpapanatili ng atensyon sa pinakamahihina. Hanggang sa ang pandemya mismo ay may pangmatagalang solusyon, ang mga dinamiko sa pagpaplano para sa pagbangon ng ekonomiya ay malamang na magpapatuloy.

Patuloy ang gawain para sa pagbangon ng ekonomiya. Mayroong mga hamon na darating kung saan kakailanganin ang mga bago, karagdagang istratehiya, upang gawin itong mas madali at mabilis hangga't maaari upang ibalik at magsimula ang mga bagong negosyo upang buhayin ang mga pangkomersyong koridor ng lungsod pagkatapon ng pandemya, halimbawa. Bagaman hindi pa pinagtutuunan ng pansin ang hinaharap pagkatapos ng COVID-19, ang mga prinsipyo at pagpapahalaga ng San Francisco ay tiyak na magbibigay ng kaalaman sa gawain ng pagkakaroon ng bisyon, pagresponde, at pagbangon sa hinaharap. Ang Lungsod at ang mga kasama nito ay sasangguni mula sa ulat na ito, sa pakikibahagi sa komunidad, at sa gawain ng mga kaakibat na tumutugon sa kawalan ng tirahan, pangangalaga sa bata, mahahalagang serbisyo ng pamahalaan, at mobilidad. Ang mga pagsusumikap na ito ay babagayan ang patuloy na pagpaplano para sa katatagan na kamakailan ay nakumpleto o darating—ang mga target sa pagbawas ng greenhouse gas ng Plano ng Aksyon sa Klima at ang mga istratehiya sa mitigasyon sa lahat ng panganib ng Plano ng Katatagan sa mga Panganib at Klima, ang programa ng konstruksyon na inilatag sa 10-Taong Plano ng Kapital at ang 20-Taong Plano ng Kapital ng MTA, at ang mga pagpapabuti sa paghahatid ng serbisyo ng Plano sa Pagkakapantay-pantay ng Lahi—upang gumawa ng daan tungo sa mapapanatili, matatag, at may pagkakapantay-pantay na hinaharap para sa mga manggagawa, negosyo, at residente ng San Francisco.

Glosaryo

ADM	Office of the City Administrator (Tanggapan ng Tagapangasiwa ng Lungsod)
ACHE	Arts, Culture, Hospitality, and Entertainment (Sining, Kultura, Ospitalidad, at Libangan)
BIPOC	Black, Indigenous, and People of Color (Itim, Katutubo, at mga Taong Hindi Puti ang Lahi)
CBD	Community Benefit District (Distrito ng Kapakinabangang Pangkomunidad)
CBO	Community Based Organization (Organisasyong Nakabase sa Komunidad)
CDC	Centers for Disease Control and Prevention (Mga Sentro para sa Pagkontrol at Pag-iwas sa Sakit)
CPUC	California Public Utilities Commission (Komisyon sa mga Pampublikong Utilidad ng California)
COVID-19	Novel Coronavirus Pandemic (Pandemya ng Bagong Coronavirus)
DBI	Department of Building Inspection (Kagawaran ng Inspeksyon sa Gusali)
DCYF	Kagawaran para sa mga Bata, Kabataan at Kanilang mga Pamilya
DPH	Department of Public Health (Kagawaran ng Pampublikong Kalusugan)
HRC	Human Rights Commission (Komisyon ng mga Karapatang Pantao)
HSA	Human Services Agency (Ahensya para sa mga Serbisyong Pantao)
HSH	Department of Homelessness and Supportive Housing (Kagawaran para sa Kawalan ng Tirahan at Sumusuportang Pabahay)
ISPs	Internet Service Providers (Tagapagkaloob ng Serbisyo ng Internet)
JIC	Joint Information Center (Pinagsamang Sentro ng Impormasyon)
LBE	Local Business Enterprise (Lokal na Negosyo)
LQBTQI	Lesbian, Gay, Bisexual, Transgender, Queer, Questioning, at Intersex
MOHCD	Mayor's Office of Housing and Community Development (Tanggapan para sa Pabahay at Pagpapaunlad ng Komunidad)
NERT	Neighborhood Emergency Response Team (Pangkat ng Pagrespondeng Pang-emerhensya sa Kapitbahayan)
OECE	Office of Early Care and Education (Tanggapan para sa Maagang Pangangalaga at Edukasyon)
OEWD	Office of Economic and Workforce Development (Tanggapan ng Pagpapaunlad ng Kabuhayan at Puwersa ng Paggawa)
Planning	Planning Department (Kagawaran ng Pagpaplano)
PSH	Permanent Supportive Housing (Permanenteng Sumusuportang Pabahay)
PPE	Personal Protective Equipment (Personal na Pumuprotektang Kasuotan)
PW	San Francisco Public Works (Mga Pampublikong Gawain ng San Francisco)
RPD	Recreation and Parks Department (Kagawaran ng Libangan at mga Parke)
SFDT	Department of Technology (Kagawaran ng Teknolohiya)
SFPUC	San Francisco Public Utilities Commission (Komisyon ng mga Pampublikong Utilidad ng San Francisco)
SFUSD	San Francisco Unified School District (Pinag-isang Distrito ng Paaralan ng San Francisco)
SRO	Single Room Occupancy (Pag-okupa sa Pang-isahang Silid)
TTX	Treasurer and Tax Collector (Ingat-yaman at Kolektor ng Buwis)

SEAL OF THE CITY AND COUNTY OF SAN FRANCISCO
DORO EN PAZ
Y EN GUERRA